UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES

Bachelor of Arts in Broadcast Communication

ANNA PATRICIA BALANAY PUNZALAN

# *Biyahe o Balita:*
# *Isang Panimulang Pag-aaral sa Epekto ng Pampublikong Pagbibiyahe sa Pagkonsumo ng Balita ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.*

Thesis Adviser:

Assistant Professor Josefina M.C. Santos, M.A.

College of Mass Communication

University of the Philippines

Date of Submission

May 2019

Thesis Classification:

F

*This thesis is available to the public.*

UNIVERSITY PERMISSION PAGE

I hereby grant the University of the Philippines a non-inclusive, worldwide, royalty-free license to reproduce, publish and publicly distribute copies of this thesis or dissertation in whatever form subject to the provisions of applicable laws, the provisions of the UP IPR policy and any contractual obligation, as well as more specific permission marking the Title Page.

Specifically, I grant the following rights to the University:

a) To upload a copy of the work in the thesis database of the college/school/institute/department and in any other databases available on the public internet;

b) To publish the work in the college/school/institute/department journal, both in print and electronic or digital format and online; and

c) To give open access to the above-mentioned work, thus allowing “fair use” of the work in accordance with the provision of the Intellectual Property Code of the Philippines (Republic Act No. 8293), especially for teaching, scholarly, and research purposes.

ANNA PATRICIA BALANAY PUNZALAN
College of Mass Communication
University of the Philippines

BIYAHE O BALITA:
ISANG PANIMULANG PAG-AARAL SA EPEKTO NG PAMPUBLIKONG PAGBIBIYAHE NG MGA EMPLEYADONG KOMYUTER NG PACIFIC SUN SOLUTIONS INC.

ni

ANNA PATRICIA BALANAY PUNZALAN

ay tinanggap ng
Departamento ng Komunikasyong Brodkast
at ng Unibersidad ng Pilipinas, Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla
nina

Katulong na Propesor Josefina M.C. Santos, M.A.

Propesor Arminda V. Santiago, Ph.D.
Dekano, Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla

BIOGRAPIKAL NA DATOS

PERSONAL NA DATOS

| | |
|---|---|
| Pangalan | Anna Patricia B. Punzalan |
| Permanenteng Tirahan | Ph. 2, Pkg. 2, Blk. 34, Lot 9, Bagong Silang, Caloocan City |
| Kasalukuyang Tirahan | Ph. 2, Pkg. 2, Blk. 34, Lot 9, Bagong Silang, Caloocan City |
| Mobile Number | +63 926 343 0213 |
| Email Address | abpunzalan2@up.edu.ph |
| Petsa at Lugar ng Kapanganakan | 04 Hulyo 1998, Quezon City |

EDUKASYON

| | |
|---|---|
| Sekondaryang Lebel | May Karangalan, University of the Philippines Integrated School |
| Primaryang Lebel | University of the Philippines Integrated School |

| | |
|---|---|
| ORGANISASYON | Executive Secretary, UP Broadcasters' Guild<br>(A.Y. 2017-2018) |
| KARANASAN | Intern, Integrated News and Current Affairs, ABS-CBN<br>(Agosto - Oktubre 2018) |
| | Online at Special Services Intern, DZUP 1602<br>(Agosto – Disyembre 2018) |
| MGA KARANGALAN | University Scholar<br>(A.Y. 2015-2016; 1st Semester A.Y. 2018-2019)<br>College Scholar<br>(A.Y. 2016-2017; A.Y. 2017-2018) |
| | Junior Inductee, Pi Gamma Mu International Honor Society in Social Sciences |

**PASASALAMAT**

Hindi naging madali ang aking biyahe upang marating ang destinasyon na ito. Ngunit, narito ako ngayon dahil na rin sa mga taong tumulong at gumabay sa aking paglalakbay. Hindi ko naramdaman na tinahak ko ang biyaheng ito nang mag-isa dahil sa kanila.

Sa aking thesis adviser, Ma'am Jo, lubos ang aking pasasalamat sa inyong ibinigay na suporta at gabay upang matapos ko ang thesis na ito. Naaalala ko pa noong unang beses kong ibinahagi ang aking paksa sa inyo at nakitaan niyo agad ito ng potensyal. Iyon ang nag-udyok sa akin na ipagpatuloy ang pag-aaral na ito. Maraming salamat sa paniniwala mula sa umpisa.

Sa aking mga naging guro sa UP Integrated School, lalo na sa lahat ng aking mga naging guro sa Filipino, hindi ko malalaman ang kahalagahan ng ating sariling wika kung hindi dahil sa inyo. Maraming salamat sa paggabay at paghubog sa akin bilang isang Iskolar ng Bayan.

Sa aking mga naging guro sa kolehiyo, Ma'am Melba Estonilo, Ma'am Meanne Los Baños, Sir Raz dela Torre, Ma'am Betsy Enriquez, at Sir Jun Austria. Isang karangalan para sa akin na maging estudyante ninyo. Naging makabuluhan ang aking pag-aaral sa kolehiyo dahil sa lahat ng kaalaman na naibahagi ninyo sa akin, sa amin. Sa aking paglalakbay sa labas ng unibersidad, makakaasa kayong babaunin ko ang lahat ng aking natutunan at sisikaping maging makabuluhan ang lahat ng aking gagawin para sa bayan.

Para sa aking natatanging organisasyon, ang UP Broadcasters' Guild, hindi ko alam kung ano ang mga tamang salita upang maipahayag ang pasasalamat ko sa inyo. Kayo ang naging pamilya sa nakalipas na apat na taon—ang nakakita ng aking paglago bilang isang indibidwal, ang nagbigay ng pagkakataon upang hasain ang aking mga potensyal, at ang yumakap sa aking buong pagkatao. Lubos na pagmamahal at pagpapasalamat sa inyo.

Para kina Earl at Arienne. Sa mga panahong pumapayag kayong makipagkita sa akin para kumain (at paghihintay na rin na matapos akong kumain). Sa mga panahong hindi kayo libre para kumain kasama ko (napipilitan tuloy akong mag-thesis). Maraming salamat dahil kayo ang nakasama sa mga panahong kailangan kong huminga at magpahinga.

Para kay Trisha, ikaw ang lubos na nakarinig ng aking mga kwento tungkol sa aking mga problema at tagumpay. Maraming, maraming salamat sa pagiging isang mabuting kaibigan. Sana'y alam mo na naniniwala rin ako sa'yo, gaya ng paniniwala mo sa akin.

Para kina Hazel at Dave, ilan sa pinakamagagaling na taong nakilala ko, labis ang paghanga ko sa inyong kakayahan. Iniisip ko palang kung ano ang kaya niyong gawin upang baguhin ang mundo, namamangha na ako. Maraming salamat sa ating pagkakaibigan, hindi ko kakayanin ang kolehiyo nang mag-isa kung wala kayo sa aking tabi.

Sa aking mga magulang, wala ako rito ngayon kung hindi dahil sa inyo. Maraming, maraming salamat po sa lahat ng pagsasakripisyo ninyo para sa aming magkakapatid.

Sa Pacific Sun Solutions Inc. at sa lahat ng aking nakapanayam, maraming salamat sa pagbabahagi ng inyong oras upang matulungan akong matapos ang thesis na ito. Saludo po ako sa inyong pagtatrabaho at pakikipagbuno sa trapiko araw-araw. Muli, maraming salamat.

Sa Panginoon, salamat dahil Ikaw ang naging sandalan sa oras ng pangamba. Salamat sa pakikinig sa aking mga kwento sa mga oras na walang masabihan.

Panghuli, maraming salamat sa aking sarili—sa hindi pagsuko at patuloy na pagbangon araw-araw. Ilang beses mang sinabi ang katagang “Ayoko na” heto ka ngayon at magtatapos na.

**DEDIKASYON**

*Para sa pag-unlad*
*ng pananaliksik*
*sa wikang Filipino*
*tungkol sa Pilipino*

**ABSTRAK**

Punzalan, A.P. (2019). *Biyahe o Balita: Isang Panimulang Pag-aaral sa Epekto ng Pampublikong Pagbibiyahe sa Pagkonsumo ng Balita ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* Hindi pa Nailathalang Undergradweyt na Tesis. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman,Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon.

Bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng karamihan sa ating manggagawa ang pagbibiyahe sakay ng pampublikong transportasyon. Sinuri ng pag-aaral na ito ang relasyon ng pampublikong pagbibiyahe at paraan ng pagkonsumo ng balita ng mga piling empleyadong komyuter. Nais suriin ng mananaliksik kung anu-ano ang ugnayan sa kanilang pagkonsumo ng balita—mula sa kanilang resepsyon hanggang sa aksyon na ginagawa nila rito. Partikular na pinili ang Pacific Sun Solutions Inc., isang kumpanya sa Ortigas, upang pagdausan ng pag-aaral.

Nangalap ng datos ang mananaliksik sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sarbey at pakikipanayam. Dahil ito ay eksploratibong pag-aaral ukol sa relasyon ng commuting at pagkonsumo ng balita, ginamit ng mananaliksik ang *Grounded Theory* sa pagbuo at pag-aanalisa ng mga datos. Gamit naman ang *Theory of Consumption* sa pagbibigay-kahulugan sa paraan ng pagkonsumo ng balita ng mga empleyadong komyuter, natuklasan na nakakaapekto ang *lifestyle* ng mga empleyadong komyuter sa kanilang pagkonsumo ng balita gayundin ang iba pang salik gaya ng sarili at kapaligiran, pamilya, at paniniwala. Ito ang mga makapagsasabi kung ikokonsumo ba ng isang empleyadong komyuter ang balita o hindi. Bukod pa rito, natukoy rin ang mga salik na naaapektuhan matapos kumonsumo ng balita. Ito ay ang emosyon, gawi, at paniniwala.

---

*Keywords: pampublikong pagbibiyahe, pagkonsumo ng balita, Grounded Theory, Theory of Consumption*

**ABSTRACT**

Punzalan, A.P. (2019). *Biyahe o Balita: Isang Panimulang Pag-aaral sa Epekto ng Pampublikong Pagbibiyahe sa Pagkonsumo ng Balita ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* Hindi pa Nailathalang Undergradweyt na Tesis. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman,Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon.

Commuting has become an integral part of the everyday life of a lot of workers in the city. This study examines how commuting affects the news consumption of selected workers of Pacific Sun Solutions Inc., a company in Ortigas. The researcher sought to study their news consumption from the time they receive the new to possible actions they made on the news they received.

The researcher gathered data by conducting surveys and interviews. Since this is an exploratory study on the effects of commuting to the news consumption of workers, the researcher used Grounded Theory to freely build and analyze the data. Using the Theory of Consumption in rationalizing the ways employees consume the news as a commuter, the researcher found out that the lifestyle of the commuters as well as the other factors such as the self and environment, family, and beliefs determine how a particular news stories are consumed. Aside from that, the study was able to determine the elements that are affected after the consumption of news. These are the emotions, actions, and beliefs of the consumer.

---

*Keywords: commuting, news consumption, Grounded Theory, Theory of Consumption*

# TALAAN NG NILALAMAN


| | Pahina |
|---|---|
| Title Page | i |
| Approval Sheet | ii |
| Biograpikal na Datos | iv |
| Pasasalamat | v |
| Dedikasyon | viii |
| Abstrak | ix |
| Talaan ng Nilalaman | xi |
| Listahan ng mga Talahanayan | xiv |
| Listahan ng mga Pigura | xvi |
| Listahan ng mga Matrix | xvii |
| I. INTRODUKSYON | 1 |
| A. Importansya ng Balita | 1 |
| B. Pagkonsumo ng Balita sa Iba't ibang Uri ng Media | 3 |
| C. Ang mga Commuter | 4 |
| D. Paglalahad ng Suliranin | 6 |
| E. Kahalagahan ng Pag-aaral | 7 |
| F. Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral | 9 |
| G. Paglalagom sa Kabanata | 10 |

2. REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA 11

A. Ang Pagkonsumo ng Iba't ibang Uri ng Media 11

B. Ang Pagkonsumo ng Balita 14

C. Ang Pakikilahok sa Balita 19

D. Ang Manggagawa Bilang Audience 23

E. Pantulong na mga Teorya 25

F. Paglalagom 27

3. BALANGKAS NG PAG-AARAL 28

A. Teoretikal na Balangkas 28

B. Pangkalahatang Balangkas 32

C. Depinisyon ng mga Termino 33

D. Paglalagom 33

4. METODOLOHIYA 35

A. Yunit ng Analisis at Sampling 35

B. Pangangalap ng mga Datos: Sarbey 36

C. Pangangalap ng mga Datos: Interbyu 37

D. Pagsuri ng mga Datos 38

E. Mga Implikasyon sa Metodolohiya 39

F. Paglalagom 40

5. DISKUSYON NG MGA RESULTA NG SARBEY 41

A. Ang mga Empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. 41

B. Ang mga Empleyado Bilang Komyuter 44

C. Ang mga Komyuter Bilang News Consumer 53

D. Pagkilos sa Tahanan ng mga Empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. 56

E. Paglalagom 58

6. DISKUSYON NG MGA RESULTA NG INTERBYU 61

A. Resulta ng Interbyu sa Unang Pangkat 62

B. Resulta ng Interbyu sa Ikalawang Pangkat 73

C. Resulta ng Interbyu sa Ikatlong Pangkat 86

D. Paglalagom 95

7. PAGLALAGOM AT KONKLUSYON 107

8. IMPLIKASYON AT REKOMENDASYON 109

A. Mga Isyung Teoretikal 109

B. Mga Implikasyon sa Metodolohiya 109

C. Ang Pagpapabuti ng Pagbabalita sa Publiko 110

9. SANGGUNIAN 113

10. APPENDIKS 122

## LISTAHAN NG MGA TALAHANAYAN


| | | |
|---|---|---|
| 1. | Bilang ng Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc. | 36 |
| 2. | Kasarian ng mga Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc. | 37 |
| 3. | Kita ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 37 |
| 4. | Edad ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 38 |
| 5. | Civil Status ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 38 |
| 6. | Relihiyon ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 39 |
| 7. | Transportasyon na Ginagamit ng mga Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc. | 40 |
| 8. | Tagal ng Biyahe Papunta sa Trabaho ng mga Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc. | 41 |
| 9. | Tagal ng Biyahe Pauwi ng Tahanan ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 42 |
| 10. | Oras ng Alis sa Bahay ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 43 |
| 11. | Oras ng Alis ng mga Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc. | 44 |
| 12. | Oras ng Dating sa Bahay ng mga Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc. | 44 |
| 13. | Mga Ginagawa sa Daan ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 46 |
| 14. | Uri ng Media na Kinokonsumo ng mga Empleyado ng Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 47 |

| | | |
|---|---|---|
| 15. | Lugar kung saan Nagkokonsumo ng Balita ang mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 48 |
| 16. | Panahon ng Pagkonsumo ng Balita ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 48 |
| 17. | Frequency ng Pagkonsumo ng Balita ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 49 |
| 18. | Haba ng Pagkonsumo ng Balita ng Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 49 |
| 19. | Uri ng Tahanan ng mga Empleyadong ng Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 50 |
| 20. | Kasama sa Bahay ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 50 |
| 21. | Pampalipas-oras sa Tahanan ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. | 51 |

## LISTAHAN NG MGA PIGURA


| | | |
|---|---|---|
| 1. | Media Consumption Behaviors (2012 vs 2015) | 11 |
| 2. | Levels of News Engagement | 19 |
| 3. | Tagal ng Biyahe ng mga Empleyado Papunta | 42 |
| 4. | Tagal ng Biyahe ng mga Empleyado Pauwi | 42 |
| 5. | Modelo ng Daloy ng Balita ng mga Piling Empleyado sa Pacific Sun Solutions Inc. | 88 |

## LISTAHAN NG APPENDIX


1. Modelo ng Daloy ng Balita ng mga Piling Empleyado sa Pacific Sun Solutions Inc. 111
2. Halimbawa ng Survey Questionnaire 112

# KABANATA I. INTRODUKSYON

## A. Importansya ng Balita

Hindi natin maipagkakaila na bahagi na ng ating buhay ang pagsubaybay sa balita. Ito naman kasi ang pangunahing pinanggagalingan ng ating kaalaman ukol sa iba't ibang pangyayari sa ating bansa maging sa buong mundo. Bukod pa rito, napakarami na ring paraan upang makasagap ng bagong balita araw-araw. Maaaring tayo ay magbasa ng dyaryo habang kumakain ng almusal, o kaya nama'y manuod ng telebisyon habang nagpapahinga matapos ang mahabang araw sa trabaho. Pwede rin naman nating pakinggan ang balita sa radyo habang nasa daan o kaya'y mahapyawan ang mga ito habang tayo ay nakatutok sa social media. Ayon kay Fiske (1987):

> *"[News is] factual information that its viewers need in order to be able to participate in the society."*

> "[Ang balita] ay isang impormasyong nakabatay sa katotohanan na kailangan ng mga manonood nito upang makibahagi sa lipunan."

Sa pahayag na ito ni Fiske (1987), masasabi natin na ang balita ay hindi lamang nagbibigay-kaalaman. Ito rin ay nagsisilbing instrumento upang ang tao ay makialam at makibahagi sa nangyayari sa ating lipunan. Dahil dito, ang mga tao ay may kakayahang magpalitan rin ng kaniya-kaniyang kaalaman tungkol sa mga nangyayari sa kanilang paligid. Bilang resulta, sila ay nakakabuo ng 'mediated public connection.' Ayon kina Broersma, Peters, & Swart (2017):

> *"The news is one form of [such] social glue and traditionally has played a major role in binding people together. Even before the invention of journalism, people exchanged information about what was going on to foster togetherness. Thus, the concept of mediated public connection is about the generic and relatively neutral orientation the news offers towards a public space that can but does not automatically result in*

*forms of engagement and participation" (Dahlgren, 2009 as cited in Broersma, Peters, and Swart, 2017).*

Ang balita ay isang paran upang mapag-ugnay ang mga tao sa isa't isa. Bago pa man nagkaroon ng peryodismo, ang mga tao ay nagpapalitan na ng impormasyon tungkol sa mga kasalukuyang pangyayari sa paligid bilang paraan ng pakikisama. Nabuo ang konsepto ng 'mediated public connection' na tumutukoy sa neutral na oryentasyon na ibinibigay ng balita sa publiko. Dahil dito, nagkakaroon ng partisipasyon at pakikilahok ang mga tao. Gayunpaman, hindi nangangahulugan na ito ay kusang mangyayari (Dahlgren, 2009 bilang nabanggit sa Broersma, Peters, and Swart, 2017).

Dahil sa nabubuong 'mediated public connection' mula sa balita, nagkakaroon ng pampublikong karanasan ang mga tao. Ito ang nagbibigay sa mga tao ng pagkakataon na maging kalahok sa mga nangyayari sa kanilang paligid sa araw-araw. Ayon kina Broersma, Peters, & Swart (2017):

*"News allows people to experience publicness: the accessible, the visible, and ideally, the universal and collective (Coleman and Ross, 2010 as cited by Broersma, Peters, & Swart, 2017). Such a public space can be political, or civic, but also of a social, or cultural nature. We thus define public connection here as the shared frames of reference that enable individuals to engage and participate in cultural, social, civic and political networks in everyday life."*

Binibigyan tayo ng oportunidad ng balita ng pampublikong karanasan o ang maaaring matamo at makita, unibersal at kolektibong karanasan ng mga tao (Coleman and Ross, 2010 bilang nabanggit sa Broersma, Peters, & Swart, 2017). Maaaring makita ang mga pampublikong espasyo mula sa politikal, panlipunan, o kultural na pagtingin. Kung gayon, ang 'public connection' ay maaaring isalarawan bilang pinag-sama-samang pagtingin na nagbibigay oportunidad sa isang indibidwal na makilahok sa kultural, sosyal at panlipunang kapaligiran sa pang-araw-araw.

Dahil naman sa pag-usbong social media, hindi na lamang nagkakaroon ng bahaginan ng balita ang mga tao, nabibigyan na rin sila ng oportunidad na mag-prodyus ng sarili nilang balita. Ayon sa iba't ibang pag-aaral, nakakaapekto ang

social media partikular na ang Facebook at Twitter sa pagpo-prodyus, pagpapakalat, at pagtatalakay ng balita sa tatlong paraan: una, ang pagkakaroon ng ‘information cycle’ sa pagitan ng mga peryodista at konsumer (Chadwick, 2011 bilang nabanggit sa Nielsen & Schroder, 2014), ikalawa, ang pag-usbong ng ‘participatory culture’ (Jenkins, 2006 bilang nabanggit sa Nielsen & Schroder, 2014), at ikatlo, ang pagkawala ng hati sa pagitan ng prodyuser at user na nagreresulta sa ‘produsage’ (Bruns, 2008). Dahil dito, masasabi nating importante rin ang nabibigay na kapangyarihan ng iba’t ibang media platforms sa mga nagkokonsumo nito.

**B. Pagkonsumo ng Balita sa Iba’t Ibang Uri ng Media**

Sa panahon ngayon, iba’t iba na ang pamamaraan sa pagkonsumo ng balita. Napakarami nang pagpipilian ng mga konsumer lalo na nang umusbong ang internet. Ayon sa pag-aaral nina Hider, Qayyum, Ying-Sang, at Williamson (2012), iba’t iba rin ang mga nakaka-impluwensya sa mga konsumer sa pagpili ng kanilang paraan ng pagkonsumo ng balita. Una, ang tiwala nila sa pagkukuhanan ng balita. Tinitiyak nila ang kredibilidad ng kanilang pinagkukuhanan ng impormasyon. Ikalawa, sinusuri nila ang lalim ng pagbabalita depende sa kanilang pangangailangan. At ikatlo, nakakaapekto rin sa kanilang pagpili ang kanilang kontrol sa iba’t ibang *media platform* gayundin ang kanilang abilidad na m ito depende sa kanilang *lifestyle* o pamumuhay.

Dahil naman sa pag-usbong ng internet, sinasabing bumaba na ang pagkonsumo sa tradisyunal na media—radyo, telebisyon, at pahayagan. Gayunpaman, hindi naman nangangahulugan na bumaba na rin ang interes ng mga tao sa

pagkonsumo ng balita. (Costera Meijer, 2007; Marchi, 2012 bilang nabanggit sa Broersma, et al., 2019) Bagkus, dahil sa pag-usbong ng internet, mas lumawak at mas dumami pa ang mga paraan upang magkonsumo ng balita araw-araw (Broersma et al., 2016). Ngayon, dahil sa internet, wala nang tiyak na lugar, oras, at panahon kung kailan maaaring magkonsumo nito.

## C. Ang mga Commuter

### *1. Ang Daloy ng Trapiko sa Metro Manila*

Araw-araw, maraming mga Pilipino ang sumasakay sa mga pampublikong sasakyan upang makarating sa kani-kanilang paaralan, opisina, o sa kung anumang destinasyon na kanilang nais puntahan. Ayon sa Metro Manila Development Authority (MMDA), 7,500 mga sasakyan ang dumadaan ng Epifanio Delos Santos Avenue o EDSA—ang pinakaabalang daanan sa Metro Manila; lagpas na sa kapasidad nito na 6,000 mga sasakyan. (Yee, 2017) Nagiging pasakit ang pagsakay sa mga pampublikong sasakyan dahil sa kondisyon ng trapiko sa ating bansa.  Isang halimbawa na ang kondisyon ng trapiko sa Metro Manila na kung saan naiipit ng higit sa isang oras sa trapiko ang mga commuter. (Rappler.com, 2017)

> *"Metro-Manila is the center of all commercial, industrial, social, educational, cultural, political and administrative activities of the country" (Nierras, 1979)*.

> "Ang Metro Manila ang sentro ng komersyal, industriyal, sosyal, edukasyon, kultural, pulitikal, at mga administratibong gawain sa ating bansa" (Nierras, 1979).

Dahil dito, mabilis ang paglobo ng urbanisasyon sa lugar na siyang pangunahing dahilan ng paglala ng trapiko dito. Ayon sa pag-aaral ng Asian

Development Bank (2012), pagsapit ng taong 2030, 77% na ng ating populasyon ang nakatira dito.

Ayon naman sa isang pag-aaral nina Chin, V. et. al. (2017), ikatlo ang Metro Manila sa may pinakamalalang trapiko sa Timog Silangang Asya. Sinasabi rin ng pag-aaral na mahigit isang oras ang average na itinatagal ng mga Pilipino sa daan araw-araw. Tuwing *rush hour* naman ay dumodoble pa ito.

Kumpara sa ibang siyudad sa ating bansa, *road-based* ang Metro Manila. Dahil dito, ang pangunahing moda ng transportasyon ay jeepney, bus, taxi, tricycle at pedicab. Dumadami na rin ang gumagamit ng mga motorsiklo na nakakadagdag rin sa trapiko. Ayon naman kay Boquet (2013), ang pangunahing kalsada sa Metro Manila ay ang Epifanio Delos Santos Avenue o EDSA na dinadaan ng 350,000 katao araw-araw.

Sa tindi ng pasakit ng trapiko sa Metro Manila, tiyak na naaapektuhan ang mga empleyadong bumibiyahe araw-araw. Ayon kina Frey at Stutzer (2004), ang pampublikong pagbibiyahe ang gawain araw-araw na may pinaka-negatibong epekto sa tao. Ang polusyon, ingay, at init na nararanasan ng isang commuter ay maaaring magdulot ng s*tress* at makaapekto sa kaniyang pisikal at sikolohikal na kalagayan. Idagdag mo pa ang malaking bahagi ng oras na nasasayang ng isang komyuter dahil sa trapiko. Dahil dito, apektado ang iba pa niyang gawain tulad ng trabaho at personal na aktibidad. Ngayon, interesado ang mananaliksik na malaman kung paano pa nga ba naipapasok sa oras ng isang komyuter ang paggawa ng isang partikular na gawain araw-araw—ang pagkonsumo ng balita.

*2. Case Study: Mga Commuter mula sa Pacific Sun Solutions* Inc.

Ang Pacific Sun Solutions Inc. ay isang *retail company* na matatagpuan sa Ortigas. Ito ay nagmula sa Pacific Office Machines Incorporated na itinayo noong 1963. Noong Pebrero 2014, ang dalawang kumpanyang ito ay pinagsama na. Sa ngayon, ang Pacific Office ang nagsisilbing *marketing arm* ng Pacific Sun. Ayon sa kanilang website, ang kumpanya ay mayroong humigit-kumulang 100 empleyado. Dahil ang opisina ng kumpanyang ito ay nasa Ortigas, ang mga empleyado nito ay nakakaranas na bumiyahe at dumaan sa EDSA na pinagdarausan ng matinding trapiko.

## D. Paglalahad ng Suliranin

Ang tanong na nais sagutin ng pag-aaral na ito ay "Paano naaapektuhan ng pampublikong pagbibiyahe ang pagkonsumo ng balita ng mga empleyadong komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc.?"

Nais maisakatuparan ng mananaliksik ang mga sumusunod na layunin:

1. Tukuyin ang *commuting habits* ng mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc..
2. Tukuyin ang mga paraan kung paano nakatatanggap ng balita ang mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc..
3. Isalarawan kung paano napapaloob ang pagkonsumo ng balita sa lifestyle ng mga piling empleyado sa Pacific Sun Solutions Inc..
4. Alamin kung paano ginagamit ng mga empleyado ng Pacific Sun Solutions ang mga balita na kanilang kinokonsumo.

5. Analisahin ang lalim ng pagkonsumo ng balita ng mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc..
6. Alamin ang mga salik na nakakaapekto sa pagkonsumo ng balita bilang mga empleyadong komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc..

## E. Kahalagahan ng Pag-aaral

Bilang isang komyuter, naranasan ng mananaliksik ang araw-araw na pakikipagbuno sa trapiko makauwi lang ng bahay. Ang pampublikong pagbibiyahe ay kumakain ng kaniyang mahabang oras sa bawat araw. Dahil dito, maraming gawain ang naisasantabi o kaya nama'y hindi na talaga nagagawa pa dahil sa kakulangan sa oras. Isa na rito ang pagkonsumo ng balita—isang gawain na mahalaga sa bawat isa sa atin ngunit hindi natin namamalayang hindi na natin nagagawa pa dahil sa iba pang gawain na mas nakikita nating mahalaga. Mula sa obserbasyon ng mananaliksik, karamihan sa mga komyuter ay mga manggagawa, kaya naman nakapukaw ito ng interes na sila ang gawing paksa sa pag-aaral. Nakikita ng mananaliksik na ang problemang dala ng bigat ng daloy ng trapiko at ang problema ng kakulangan sa oras na nagdudulot ng kakulangan ng oras sa pagkonsumo ng balita ay hindi lamang niya nararanasan kundi pati na rin ng mga manggagawa na kaniyang nakakasakay. Dahil dito, nakapukaw ng interes ng mananaliksik na alamin kung paano nga ba naapektuhan ng pampublikong pagbibiyahe ang bawat araw ng mga manggagawa sa bansa partikular na ang pagkonsumo ng balita.

Kung titingnan ang mga pag-aaral tungkol sa pagkonsumo ng balita, karamihan ay nasa porma ng *quantitative research*. Ibig sabihin, ang mga pag-aaral

na ito ay nakatuon lamang sa partikular na bilang ng mga konsumer ng iba't ibang uri ng media. Dahil dito, isang malaking oportunidad ang ibibigay ng pag-aaral na ito upang makapag-ambag hindi lamang sa *quantitative research,* gayundin sa *qualitative research* kung saan ay mas nakatuon sa pagkakaroon ng mas malalim na kaalaman sa danas ng mga komyuter mula sa isasagawang interbyu sa mga piling manggagawa. Makakatulong ang pag-aaral na ito upang tukuyin kung may lugar pa ba ang balita sa pang-araw-araw na buhay ng mga empleyadong pagdarausan ng pag-aaral. Mahalagang malaman ito dahil maaari itong makapagbigay ng impormasyon tungkol sa pambansang kamalayan ng mga Pilipino. Pagdating naman sa pagkonsumo ng balita, mahalagang makita rin kung paaano ginagamit ng mga komyuter ang iba't ibang *media platforms* sa pagkonsumo ng balita. Ang epekto ng pag-usbong ng social media ay mahalaga ring makita sa pag-aaral na ito lalo na't nandiyan na ang konsepto ng *fake news*.

Mahalagang aspeto rin ng gagawing pag-aaral ang pampublikong pagbibiyahe. Kulang ang mga pag-aaral tungkol sa karanasan ng mga Pilipinong komyuter araw-araw. Kulang rin ang mga pag-aaral na nakatuon sa *commuting habits* nila. Dahil sa kakulangan ng pag-aaral tungkol dito, mataas ang interes ng mananaliksik na pag-aralan ito. Bilang ito rin ay isang panimula at eksploratibong pag-aaral tungkol sa epekto ng pampublikong pagbiyahe sa pagkonsumo ng balita ng mga manggagawang komyuter, ang pag-aaral na ito ay nakapagbibigay din ng opurtunidad upang makapagbahagi ng suhestiyon tungkol sa pagpapabuti ng paraan ng pagsasabalita sa iba't ibang *media platforms*. Dahil sa nakalap na impormasyon

mula sa mga manggagawang komyuter, maaari itong magsilbing gabay upang magkaroon ng pagbabago gaya ng oras at paraan ng pagpapalabas ng balita.

### F. Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral

Ang eksploratibong pag-aaral na ito tungkol sa epekto ng pampublikong pagbibiyahe sa pagkonsumo ng balita ng mga manggagawa ay nakapokus sa mga empleyado ng isang partikular na kumpanya—ang Pacific Sun Solutions Inc..

Nagpasagot ng sarbey sa kabuuang bilang ng empleyado (99) nito na naglalaman ng katanungan tungkol sa kanilang *commuting habits,* pagkonsumo ng balita, pagkilos sa bahay, at personal na impormasyon.

Matapos ang pagpapasagot ng sarbey, nagsagawa din ng mga interbyu ang mananaliksik kasama ang mga piling empleyado ng kumpanya. Sa pagsasagawa ng interbyu, inalam ng mananaliksik ang mga pang-araw-araw na karanasan ng mga empleyado, ang mga uri ng balita na kanilang kinokonsumo, at ano ang kanilang ginagawa at nararamdaman matapos ikonsumo ang mga balitang ito. Bilang ang pag-aaral na ito ay pinaghalong *quantitative* at *qualitative research,* hindi lamang inalam ng mananaliksik ang bilang ng mga manggagawang komyuter na nagkokonsumo ng balita sa iba't ibang *media platforms,* inalam din ng mananaliksik ang buong karanasan ng mga manggagawang komyuter na nakapanayam mula sa pagsagap ng balita hanggang sa aksyon na kanilang ginagawa matapos masagap ito.

Bilang isang panimulang pag-aaral, mas nakatuon ang mananaliksik sa pagpapalalim ng impormasyon na makukuha sa maliit na bilang ng mga kalahok sa pag-aaral kaysa sa pagbuo ng *generalization* mula sa malaking grupo ng tao.

Malaking oportunidad naman ang ibinibigay nito sa mga pag-aaral sa hinaharap na gawing mas malawak pa ang pag-aaral tungkol dito.

**G. Paglalagom ng Kabanata**

Sa kabanatang ito, tinalakay ng mananaliksik ang kahalagahan ng balita at ang kasalukuyang estado ng pampublikong pagbibiyahe sa Metro Manila. Dahil sa karanasan ng mananaliksik bilang isang komyuter, napukaw ang kaniyang interes na pag-aralan ang relasyon ng pampublikong pagbibiyahe sa pagkonsumo ng balita.

Matapos ang paglalahad ng suliranin, nabigyang-diin sa kabanatang ito ang kahalagahan ng ginawang pag-aaral. Nakikita ng mananaliksik ang kakulangan sa pag-aaral sa paksang ito kaya naman magandang oportunidad ito upang mapalawak pa ang kaalaman tungkol sa pagkonsumo ng balita sa kwalitatibong pamamaraan. Maaaring makapukaw ng pansin ang pag-aaral na ito upang mas mas mapalawak pa ang mga pag-aaral na nakatuon sa pagkonsumo ng balita ng mga partikular na grupo ng mga Pilipino.

## KABANATA II. REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA

### A. Ang Pagkonsumo ng Iba't ibang Uri ng Media

Iba't ibang pang-aaral at sarbey na ang naisagawa ukol sa pagkonsumo ng iba't ibang uri ng media. Isa na rito ang sarbey ng Global Web Index noong 2015 patungkol sa pagkonsumo ng tradisyunal (hal. dyaryo, radyo, at telebsiyon) at *digital media* (o internet) na nilahukan ng 34 na bansa kabilang na ang Pilipinas. Ayon sa sarbey, patuloy pa rin ang paggamit ng tradisyunal na media sa kabila ng pamamayagpag ng internet.


> *"Traditional forms of media are not being abandoned. Overall, linear TV still remains ahead of online TV in all 34 markets and represents the single biggest daily media activity. Similarly, traditional radio remains ahead in 30 of the 34 countries. The situation is rather different for press, however, in this category, online is ahead of physical print editions in 31 of 34 markets" (Global Web Index, 2015).*

> "Ang mga tradisyunal na porma ng media ay hindi pa naaabandona. Sa pangkalahatan, ang telebisyon pa rin ang nangunguna, lampas sa online TV sa lahat ng 34 na bansa [na kalahok sa pag-aaral] at nag-rerepresenta ng pinakamalawak na gawaing pang-media. Gayundin, ang radyo ay nangunguna naman sa 30 bansa mula sa 34. Sa kabilang banda, iba ang kaso sa pahayagan dahil nauungusan na ito ng online sa 31 bansa mula sa 34" (Globe Web Index, 2015).

Gayunpaman, patuloy ang unti-unting pagtaas ng pagkonsumo ng internet kung ikukumpara sa iba pang uri ng media. (Pigura 1) Samantala, nagiging *norm* naman ang paggamit ng iba't ibang uri ng media nang sabay-sabay. Ito ay tinatawag na *second-screening* na ginagawa ng 4 sa bawat 5 kalahok ng sarbey (Global Web Index, 2015). Ang pagkonsumo ng content gamit ng higit sa isang uri ng media ay maaaring tawaging *transmedia* (Jansson & Lindell, 2015) o *polymedia.* (Madianou & Miller, 2013) Ayon kina Madianou at Miller (2013), ang paggamit ng iba't ibang uri

ng media platform ay mas nakadepende sa moral, emosyonal, at sitwasyunal na sirkumstansya kaysa sa mismong tungkulin ng media platform.

Pigura 1: Media Consumption Behaviors (2012 vs 2015)




*Sanggunian:* Global Web Index (2015). Digital vs traditional media consumption. England: Jason Mander. Retrieved from: https://www.mom rsf.org/uploads/tx_lfrog mom/documents/40-167_import.pdf

Kung titingnan naman ang mga datos na nakuha ukol sa pagkonsumo ng media sa Pilipinas, ito ang isa sa apat na bansa na mataas ang pagkonsumo online. Kasama nito ang Brazil, Argentina, at Mexico sa pagkonsumo ng social networking sites nang higit sa tatlong oras araw-araw (Global Web Index, 2015).

Ayon naman sa sarbey ng PANA (2016), ang mga Pilipinong edad 10 hanggang 19 ang may pinakamalaking porsyento (80%) na gumagamit ng internet na sinusundan ng edad 20 hanggang 29 na may 70% users ng social media. 39% pababa naman ng mga may edad 30 pataas ang gumagamit ng internet.

Bagamat ipinapahiwatig ng mga sarbey ng PANA (2016) at Global Web Index (2015) na mas marami na ang gumagamit ng internet sa Pilipinas, kabaligtaran

naman ang pinapakitang sarbey ng Kantar Media (2017). Ayon sa kanila, nananatili pa rin ang telebisyon bilang pangunahing media na kinokonsumo ng mga Pilipino bagamat patuloy ang pamamayagpag ng internet dito.

Sinasang-ayunan naman ito ng pag-aaral nina Suva at Manalo IV (n.d.). Ang telebisyon pa rin ang pangunahing pinagkukuhanan ng impormasyon ng mga Pilipino. Ikalawa naman ang radyo sa pinaka-popular na uri ng media na ginagamit dahil maging sa mga rural na komunidad ay *accessible* ito.

Pagdating naman sa pagbabasa ng dyaryo, tunay ngang mababa na ang bilang ng mga mambabasa nito. Sa Mega Manila, 12% na lamang ang nagbabasa ng broadsheet samantalang 25% ang nagbabasa ng tabloid. Mas malaki rin ang mambabasa ng tabloid sa National Urban areas. (Suva & Manalo IV, n.d). Ang pagbabasa ng tabloid ay ipinaliwanag naman ng pag-aaral ni Johansson (2007). Ayon sa kaniya, ang pagbabasa ng tabloid ay hindi lamang pagbibigay-aliw sa mambabasa:

> *"…tabloids can serve as a 'resource for political knowledge' and 'establish a framework for interpreting political events and processes'" (Johansson, 2007).*

> "…ang mga tabloid ay maaaring magsilbi bilang dulugan ng kaalaman sa pulitika at bumuo ng balangkas sa pagbibigay-kahulugan ng mga pangyayari at prosesong politikal" (Johansson, 2007).

Isa sa mga nakikitang dahilan ng patuloy na pananatili ng tradisyunal na media ay ang pagiging abot-kamay nito lalo na sa mga nasa rural na bahagi ng ating bansa at maging ng mga mahihirap. Gayunpaman, hindi naman natin maikakaila na patuloy na rin ang pamamayagpag ng digital media o internet.

Sa susunod na kabanata, bibigyang-diin ang pagkonsumo sa isang partikular na nilalaman ng media: ang balita.

**B. Ang Pagkonsumo ng Balita**

Sa matagal na panahon, ang pagbabalita sa tradisyunal na media gaya ng telebisyon ay kinokonsidera bilang isang paraan upang itaguyod ang interes ng publiko.Naging prestihiyoso ang pagbabalita ng mga estasyon sa telebisyon kahit na walang kinikita (Croteau & Hoynes, 2001 bilang nabanggit sa Agulto, 2009). Ngunit, dito sa ating bansa, nagbago ang pananaw na ito nang baguhin ang set-up ng pagbabalita at naging mahalaga na ang pagkakaroon ng mataas na ratings upang kumita ang programa (www.telebisyon.net bilang nabanggit sa Agulto, 2009). Dahil dito, mas pinapaboran na ang pagbabalita ng mga balitang tabloid dahil mas pinapanuod ng publiko ang mga programang pang-*entertainment* kaysa ang mga balita. Naging madalas rin ang pagbabalita ng mga krimen, sakuna, at trahedya dahil mas napupukaw nito ang interes ng mga manunuod. Sa pangkalahatan, nagbago ang oryentasyon ng pagbabalita sa telebisyon dahil sa pangangailangan na pataasin ang ratings at kumita ng pera (Agulto, 2009). Sa paglipas ng panahon, nagkaroon pa ng maraming pagbabago sa pagkonsumo ng balita. Isa sa may malaking epekto rito ang pag-usbong ng internet.

> *"News consumption is now 'unfettered by wires and cables', freed from previously quite well-restricted, space–time constraints (Hemment, 2005), and news is accessed in the 'interstices' of the scheduled and routinized activities throughout the course of the day" (Dimmick, Feaster, & Hoplamazian, 2010 as cited in Jansson & Lindell, 2015).*

> "Ang pagkonsumo ng balita ngayon ay hindi na mapipigilan ng mga kawad at kable, malaya na ito mula sa mga hadlang ng espasyo at oras (Hemment, 2005), at ang balita ay maaari nang ikonsumo sa pagitan ng ating mga gawain sa pang-araw-araw" (Dimmick, Feaster, & Hoplamazian, 2010 bilang nabanggit sa Jansson & Lindell, 2015).

Sa paglipas ng panahon, mayroon na tayong iba't ibang pamamaraan upang makapagkonsumo ng balita. Simula nang dumating ang internet, marami ang nagsasabi ng paglipat ng pagkonsumo ng balita mula tradisyunal patungong digital (Molyneux, 2017). Ngunit, ang sinasabing paglipat ng mga konsumer mula tradisyunal patungong digital ay pinabulaanan ng ilang mananaliksik. Ayon kay Yuan (2011),

> *"News consumption is not a simple choice between traditional and new media: audiences actively combine different news sources into complex patterns of media use."*

> "Ang pagkonsumo ng balita ay hindi madaling pagpili sa pagitan lamang ng tradisyonal at makabagong media: ang audience ay aktibong nagkokonsumo ng balita gamit ang iba't ibang kombinasyon ng mga pagkukunan nito sa iba't ibang pamaaran o pattern."

Sinang-ayunan naman ito ni Peters (2012) at sinabing hindi *homogeneous* ang mga konsumer, bagkus, sila ay iba't ibang indibidwal na may kakayahang pumili ng media platform upang magkonsumo ng balita. Ipinaliwanag naman ni Ahlers (2006) ang iba't ibang paraan ng pagkonsumo ng balita ng mga konsumer:

> *"There is not a one-size-fits-all pattern of news consumption. Instead, there is a broad range of news consumption behaviors. Some users will go online only for their news, others will never abandon the traditional news media, some will be light users of all media, and still others will embrace all media and be multichannel news consumers. For only a small group, the online news media will act as a substitute for the traditional news media. For majority, it will act as a complement."*

> "Walang iisang pamamaraan ang pagkonsumo ng balita. Sa halip, mayroong malawak na pamamaraan ng pagkonsumo nito. Ang iba ay gumagamit ng online media upang magkonsumo lamang ng balita, samantalang ang iba naman ay hindi maiaalis ang paggamit ng tradisyonal na media sa kanilang sistema. Ang iba ay gumagamit ng lahat ng uri ng media paminsan-minsan, at may iba namang yayakapin ang paggamit ng lahat ng uri ng media at magiging multi-channel ang pagkonsumo ng balita. Sa maliit na pangkat, ang pagkonsumo ng balita online ay maaaring pang-halili sa tradisyonal na media. Sa pangkalahatan, ang pagkonsumo ng balita online ay nagsisilbing kompliment ng tradisyunal na media."

Kung susumahin, ang mga konsumer ay hindi lamang aktibo, sila ay may iba't ibang paraan ng pagkonsumo ng balita base sa iba't ibang dahilan. Kaugnay nito, iba't ibang *media repertoires* ang nabubuo mula sa kanilang kaniya-kaniyang pangangailangan, kagustuhan, at kalagayan (Yuan, 2011). Sa pag-aaral naman ni Molyneux (2017), ito rin ang mga pamantayan ng konsumer sa pagpili ng media platform: immediacy o ang bilis ng paglalabas ng balita hanggang sa pagkonsumo nito, information density o ang lalim ng halaga ng impormasyon na nakukuha mula sa media platform, normalization o ang paggamit ng media platform sa matagal na panahon, at interactivity o ang pakikilahok ng konsumer matapos magkonsumo ng balita.

Ibang perspektibo naman ang pinapakita ni Bourdieu (1984) tungkol sa usapin ng pagkonsumo ng balita. Para sa kaniya, ang pagkakaiba ng *social class* ang nagdidikta ng paraan ng pagkonsumo natin ng balita.

> *"News consumption, conceptualized as part of broader patterns of cultural consumption and lifestyles, has the social function of 'legitimating social* differences*'" (Bourdieu, 1984).*

> "Ang pagkonsumo ng balita bilang bahagi ng kultura at pamumuhay ay maaaring mag-dikta ng mga pagkakaiba sa katayuan sa lipunan" (Bourdieu, 1984).

Halimbawa na lamang nito ay ang pag-aaral ni Karlsson (2012) na sinasabing ang mga konsumer na mas bata at nakatapos ng pag-aaral ang mas may tendensiyang gumamit ng digital media. Ayon naman kay Rosenlund (2015), ang mga nakapagtapos ng pag-aaral at nagmula sa *non-working class* ay mas may tendensiyang magkonsumo ng de-kalidad na balita.

Bukod sa internet, naging mahalagang bagay rin ang pag-usbong ng mobile phones o smartphones sa mga pagbabago sa pagkonsumo natin ng balita. Naging bahagi na nga ito ng ating pang-araw araw na pamumuhay at isinasawalang-bahala na lamang ang existence nito (Ling, 2012 bilang nabanggit sa Westlund, 2015). Dahil sa mga inobasyon na ginagawa sa ating mobile phones, napakarami nang gamit nito para sa atin—maaari na natin itong gamitin upang maka-konekta sa internet, pagmulan ng ating *entertainment*, at siyempre, pagmulan ng ating mga balita (Westlund, 2015).

Tinukoy naman ng pag-aaral nina Courtois, et. al. (2015) ang mga termino upang uriin ang mga konsumer ng mobile phones. Ito ay ang mga *omnivore* o ang mga gumagamit ng iba't ibang uri ng media, *traditionals* o ang mga tapat sa paggamit ng tradisyunal na uri ng media, at ang *serendips* o ang mga mas gumagamit ng digital media sa pagkonsumo ng balita.  Isa namang epekto ng pag-usbong ng mobile phones ay ang pamumuhunan ng mga media companies sa iba't ibang paraan upang makipag-ugnayan sa audience sa mobile platform (Cham-Olmsted, Rim, & Zerba, 2012).

Sa pag-araal naman ni Westlund (2015), tinukoy niya ang iba't ibang paraan ng pagkonsumo ng balita gamit ang mobile phone sa pamamagitan ng pananaliksik sa iba't ibang pag-aaral ukol rito. Isa sa kaniyang sinuri ay ang lugar na pinagdadausan ng pagkonsumo ng balita. Mula sa kaniyang nakitang mga pag-aaral, ginagamit ang mobile phone sa pagkonsumo ng balita tuwing nasa biyahe at nasa trabaho ang mga konsumer.

> *"More recent studies show that mobile news is also consumed extensively elsewhere, including at work and at home (Schrøder, 2014), being characterized as taking place at different locations and times and with substantially less "context stability" compared to other news media. That is, mobile news consumption varies much in relation to location, time, and other tasks in everyday life (Wolf & Schnauber, 2014 as stated in Westlund, 2015).*

> "Sa mga kasalukuyang pag-aaral, ipinapakita na ang balita sa mobile ay kinokonsumo kung saan-saan, kabilang na sa trabaho at tahanan. (Schrøder, 2014) Ito ay kinokonsumo sa iba't ibang lokasyon at oras kaya naman ito ay may kakulangan sa "context stability" kung ikukumpara sa ibang media. Ang pagkonsumo ng balita sa mobile ay nag-iiba depende sa lokasyon, oras, at iba pang gawain sa pang-araw-araw na buhay" (Wolf & Schnauber, 2014 bilang nabanggit sa Westlund, 2015).

Sa pangkalahatan, iba't iba ang paraan upang tukuyin kung paano nga ba nagkokonsumo ng balita ang mga tao. Walang matukoy na iisang *trend* sa pagbabago ng pagkonsumo ng balita ng mga tao sa paglipas ng panahon. Dahil sila ay mga aktibong konsumer, may kakayahan silang magkonsumo ng balita sa paraang nais nila o sa paraang nagbibigay-pagkakataon sa kanila na gawin iyon. Ang pag-usbong ng internet at mobile phones ay nakatulong upang bigyan sila ng mas marami pang pagpipilian sa paraan na kanilang nanaisin sa pagkonsumo ng balita. Mula sa mga pag-aaral na natalakay, maoobserba ang kakulangan sa pag-aaral na nakatuon sa mga

Pilipinong konsumer partikular na sa mga manggagawang komyuter. Kaya naman sa pag-aaral na isinagawa ng mananaliksik, nais punan ng mananaliksik ang kakulangang ito. Gayunpaman, nakatulong pa rin sa mananaliksik ang mga nabanggit na pag-aaral dahil nakapagbigay ang mga ito ng kaalaman tungkol sa gawi ng mga tao base sa mga pagbabago sa teknolohiya at mula sa iba't ibang panggagalingan. Bilang nabanggit nga ang mga pagbabago sa pagkonsumo ng balita hatid ng pag-usbong ng mobile phones at internet, mahalagang mapag-aralan kung paano nga ba ito nakakaapekto sa pagkonsumo ng mga manggagawang komyuter at kung ano ang silbi nito habang sila ay nasa biyahe. Sa susunod na kabanata, tutukuyin naman ang ilang mga pag-aaral na nakatuon sa pakikilahok sa balita ng mga konsumer nito.

**C. Ang Pakikilahok sa Balita**

Iba't iba ang depinisyon ng pakikilahok sa balita o news engagement. Para kay Lee (2015) na sinasang-ayunan nina Mersery et.a l (2010):


> *"…we define news engagement as the involvement in news content for either personal or social purposes, which can be indicated by the effort made in obtaining and utilizing the news content among the audience" (Lee, 2015).*

> "…binibigyang-kahulugan natin ang pakikibahagi sa balita bilang pakikilahok sa nilalaman nito mapa-personal man o sosyal na pangangailangan. Ito ay maaaring makita sa pagkuha at paggamit ng laman ng balita sa mga audience" (Lee, 2015).

Sa pag-aaral nina Abuljadail et. al (2018), nakabuo siya ng pyramid ng mga lebel ng pakikilahok sa balita. Sa unang lebel, maaaring tingan ang haba ng oras ng pagkonsumo ng balita mula sa iba't ibang media platform. Ang ikalawang lebel naman ay ang pagkonsumo ng balita sa iba't ibang *media platform* base sa teorya *ng*

*media dependency*. Ayon kasi sa teoryang ito, kung ang konsumer ay umaasa sa isang partikular na content, gagamitin niya ang lahat ng paraan upang makonsumo ito (Ball-Rokeach, 1998). Ang ikatlong lebel naman ay ang pakikipagpalitan ng balita sa iba pang konsumer. Sa tradisyonal na media, ito ay maaaring sa paraan ng pakikipagkuwentuhan sa ibang tao samantalang sa digital media naman, maaaring ito ang pag-papasa o pagbabahagi ng mga balita online. Ang huli at ang ika-apat na lebel ay ang pakikibahagi sa pagbuo ng balita. Maaaring ito ay maganap sa paraan ng paggawa ng sariling balita para sa news media o kaya naman ang paglilimbag ng sariling balita sa sariling website o blog. Ang mga "citizen journalist" ang halimbawa ng mga konsumer na umaabot sa lebel na ito. (Pigura 2) Mula dito, nais alamin ng mananaliksik ang katotohanan nito sa kaniyang pag-aaral sa isang grupo ng mamamayan sa Pilipinas—ang mga empleyadong komyuter.

Pigura 2. *Levels of News Engagement*




*Sanggunian:* Abuljadail, M., Gabay, I., Ha, L., Hu, X., Jiang, W., Wang, F., Yang, C. Yang, L. (2018). Decline in news content engagement or news medium engagement? A longitudinal analysis of news engagement since the rise of social and mobile media 2009–2012. DOI: org/10.1177/1464884916 667654

Para naman kay Peters (2012), mahalagang tignan ang “space” o lugar kung saan nagkokonsumo ng balita ang mga tao upang malaman kung paano sila mahihimok sa pakikilahok sa balita. Ayon sa kanya, kulang ang mga pag-aaral ukol rito, kaya naman kulang rin ang kaalaman tungkol sa paraan ng pag-danas ng mga konsumer sa pagkonsumo ng balita.

> *“…if we ‘‘think spatially’’ about our own habits and perceptions of media use, including news consumption, we quickly realise that such practices help structure and give meaning to the social spaces of everyday life” (cf. Ek, 2006; Lefebvre, 1991 as cited in Peters, 2012).*

> “…kung tayo ay mag-iisip nang isinasaalang-alang ang lugar tungkol sa ating mga ginagawa at paniniwala sa paggamit ng media, kasama na ang pagkonsumo ng balita, madali nating maiintindihan na ang ganitong mga praktis ay nakakatulong sa pagbuo ng struktura at pagbibigay-kahulugan sa sosyal na lugar sa ating pang-araw-araw na buhay” (cf. Ek, 2006; Lefebvre, 1991 bilang nabanggit sa Peters, 2012).

Para sa kaniya, upang maintindihan kung paano magagamit ang balita sa pakikilahok ng mga tao sa lipunan, dapat munang alamin kung saan, paano nagkokonsumo, at sa paanong paraan kinokonsumo ito. Base sa resulta ng kaniyang pag-aaral, mahalagang aspeto ang *space* o lugar upang malaman kung paano ginagamit ng audience ang balita araw-araw at kung paano tutugon ang peryodismo sa mga pagbabago sa pagkonsumo ng balita sa paglipas ng panahon (Peters, 2012).

Iba’t ibang pag-aaral naman ang nakatuon sa pakikilahok sa balita base sa pagsusuri sa mga *media platform* na ginagamit ng audience sa pagkonsumo nito. Base sa pag-aaral ni Molyneux (2017), mas tumataas ang pakikilahok sa lipunan ng mga konsumer na nagkokonsumo ng balita sa iba’t ibang media platform. Nagkakaroon ng *complement* ang iba’t ibang media platform base sa kanilang kalakasan at kahinaan.

Halimbawa, ang kakulangan sa interaksyon ng telebisyon ay naibibigay ng paggamit ng smartphone. Sa kabilang banda, naibibigay naman ng mga pahayagan ang maraming impormasyon na maaaring hindi ma-supply ng smartphone. Sa pangkalahatan, ang pahayagan ang pinaka-matagumpay sa pagbibigay ng impormasyon dahil sa lalim at detalyeng naibibigay nito.

Para naman kay Lee (2015), ang paggamit naman ng internet ay mayroong mahalagang gampanin sa pagbibigay ng oportunidad o pagkakataon sa mga konsumer na makilahok at makipag-ugnayan sa isa't isa.

> *"Internet users who receive civic and informational gratification from news consumption exploit digital tools to engage in communicative activities when they use online news" (Lee, 2015).*

> "Ang mga gumagamit ng internet na nakakatanggap ng makabayan at makabuluhang kasiyahan mula sa pagkonsumo ng balita ay inaabuso ang mga pamamaraang digital sa pakikilahok sa mga gawaing pang komunikasyon kapag sila ay nagkokonsumo ng balita online" (Lee, 2015).

Sinasang-ayunan nito ang pag-aaral ni Molyneux (2017) na ang pakikilahok sa lipunan ay mas nadadagdagan kung ang konsumer ay gumagamit ng higit sa isang *media platform.*

Sa kabilang banda, may isang pag-aaral naman na nakatuon sa mga *news resisters* o ang mga konsumer na mas pinipiling huwag magkonsumo ng balita. Sa una, maaaring negatibo ang isipin tungkol sa epekto ng pag-iwas sa pagkonsumo ng balita. Ngunit sinasabi sa pag-aaral na dahil sa kanilang pag-iwas dito, nagbibigay ito sa kanila ng mas mabuting disposisyon sa buhay  na nagiging dahilan naman upang

magkaroon sila ng kakayahan na makibahagi sa mga pulitikal na gawain (Woodstock, 2014).

Sa susunod na kabanata, titingnan naman ang ilang pag-aaral tungkol sa mga manggagawa at ang kanilang pagkonsumo ng media.

**D. Ang Manggagawa Bilang Audience**

Ayon sa sosyolohiya, ang *alienation* ng isang tao na kalimitang nararanasan ng mga manggagawa ay dahilan upang gamitin niya ang media bilang *escape* (Mcleod, et al., 1965). Binigyang-kahulugan naman ni Seeman (1959) ang *alienation.* Ayon sa kanya, ang konsepto ng *alienation* ay may limang komponent:

> *"powerlessness over the environment, meaninglessness of life's alternatives, normlessness of individual conduct, isolation from cultural and social institutions, and self-estrangement from one's own role" (Seeman, 1959 as cited in Pietilä, 1970).*

> "ang kawalan ng kapangyarihan sa kapaligiran, kawalan ng saysay sa buhay, pagkagulo ng isip ng indibidwal, paglayo sa kultural at sosyal na mga institusyon, at kawalan ng kasiyahang-loob sa sariling gampanin sa lipunan" (Seeman, 1959 bilang nabanggit sa Pietilä, 1970).

Ayon kina Mcleod, et.al, 1965, ang mga indibidwal na alienated ay mas gumagamit ng electronic media tulad ng telebisyon at radyo na *fantasy-oriented* samantalang ang mga indibidwal na hindi alienated ay mas nagkokonsumo ng mga pahayagan na *information-oriented*.

Ngunit, base sa pag-aaral ni Pietilä (1970), walang relasyon ang pagiging *alienated* sa uri ng nilalaman na kinokonsumo sa media. Ang mga *alienated* na indibidwal ay nagkokonsumo pa rin ng *information-oriented* na media. Dahil dito, tinitingnan ni Pietila ang *alienation* bilang isang proseso—ang indibidwal ay nag-

aadapt sa kaniyang kondisyon at nag-dedesisyon kung magkokonsumo nga ba siya ng impormasyon sa media o hindi. Kung siya ay nagkokonsumo pa rin ng impomasyon, siya ay nasa *compensatory stage*. Kung hindi naman, siya ay nasa *withdrawal stage*.

Sa kabilang banda, ang pag-aaral naman nina Lapuz at Villanueva (2010) ay nagsasabing *informational at emotional support* naman ang naibibigay ng media sa mga manggagawa. Base sa kanilang pag-aaral na nilahukan ng mga manggagawa mula sa sektor pang-kalusugan, *business processing outsourcing (BPO),* seguridad, transportasyo, at *retail service*, ang radyo, IPod o MP3 player, at cellphone and pangunahing media na kanilang ginagamit. Ngunit, nakadepende at limitado ang paggamit nito mula sa batas na sinusunod ng kumpanyang kanilang pinagtatarabahuhan.

Ayon naman sa pag-aaral nina Cruz at Tombado (2010), napapakinabangan ng mga manggagawa ang social media pampa-tanggal ng stress na nararanasan nila sa kanilang trabaho. Nakakatulong rin ito sa kanilang trabaho dahil maaari nilang gamitin ito sa komunikasyon nila sa kapwa nila katrabaho.

Sinasang-ayunan naman ng pag-aaral nina Chua, Dypiangco, Galvez, & Guiao (2018) tungkol sa mga manggagawang commuter ng Point-to-Point (P2P) bus sina Mcleod et. al (1965).  Ayon sa kanila, ang mga pasahero ng P2P bus ay nagkokonsumo ng media habang nasa biyahe upang magbigay-aliw sa kanilang mga sarili. Dahil sa ginhawang hatid ng P2P, panatag nilang nailalabas ang kani-kanilang mga gadget at nagtatanggal ng stress sa paggamit nito.

Sa pangkalahatan, ang pagkonsumo ng media ng mga manggagawa ay may iba't ibang motibasyon. Maaaring ito ay upang magbigay sa kanila ng aliw, impormasyon, at maging ng emosyonal na suporta sa kabila ng stress na ibinibigay ng kanilang trabaho.

## E. Pantulong na mga Teorya

Sa bahaging ito ng papel, tatalakayin ang dalawang teorya na mamakatulong sa pagbibigay-kahulugan at pag-suporta sa mga natalakay na mga pag-aaral sa mga unang bahagi ng kabanatang ito.

Ang Structuration Theory ay isang konsepto sa sosyolohiya na dinebelop ni Anthony Giddens noong 1985. Ito ay tumutukoy sa relasyon ng *agency* at *social structures*. Ang agency ay tumutukoy sa indibidwal at ang kaniyang pagdedesisyon sa gagawing aksyon samantalang ang social structure naman ang tumutukoy sa mga institusyon na naapektuhan ng agency (Giddens, 1985).

Ayon naman kay Stones, ang konsepto ng "duality of structure" ang pinaka-pusod ng teoryang ito. Tinitingnan ang istruktura sa dalawang paraan: una, bilang isang midyum na nagpapahintulot sa tao na gumawa ng aksyon, at ikalawa bilang hantungan—dahil sa kabilang banda, istruktura rin ang nabubuo mula sa mga aksyon na ginagawa ng tao (Stones, 2005).

Sa kabilang banda, ang Theory of Alienation ay dinebelop ni Karl Marx noong 1844. Para kay Marx, mayroong apat na pinagmumulan ang alienation: (1) mula sa trabaho, (2) mula sa produkto ng kaniyang trabaho, (3) mula sa sarili, at (4) mula sa iba.

Sa kabilang banda, tinitingnan naman ni Seeman (1959) ang alienation sa sosyal at sikolohikal na perspektibo. Para kay Seeman, mayroong limang paaran upang maramdaman ng isang indibidwal ang alienation. Una, ang kawalan ng kapangyarihan sa lipunan (powerlessness). Ikalawa, ang kawalan ng kabuluhan ng buhay (meaninglessness). Ikatlo ang kawalan ng pamantayan ng kilos ng indibidwal (normlessness). Ika-aapat ang paglayo sa lipunan (isolation). At ikalima ang pagiging alienated sa sariling ginagampanan sa lipunan (self-enstrangement).

Para naman kay Twining (1980), maaaring tingnan ang alienation bilang isang *social process.* Sa ganitong perspektibo, maaaring pag-aralan ang alienation bilang isang proseso na kung saan mayroong interaksyon sa pagitan ng indibidwal at ng struktural na kondisyon ng lipunan.

> *"Essentially this perspective suggests that the individual interacts with, and thereby responds to, his environment in terms of how he sees himself in his definition of the situation, including such issues as the nature of the work, the interaction among worker, union, and management, the nature of the community and so forth" (Twining, 1980).*

> "Ang perspektibong ito ay nagpapahiwatig na ang ang indibidwal ay mayroong interaksyon sa kaniyang paligid kaya naman tumutugon siya rito sa kung paano niya nakikita ang sarili sa sitwasyon—kassama na rito ang isyu ng kalikasan ng trabaho, interaksyon sa mga katrabaho, uniyon, sa nangangasiwa, kalikasan ng komunidad at iba pa" (Twining, 1980).

Sa pag-aaral ng alienation sa ganitong paraan, mahalagang tingnan ang pagkabuo ng katauhan ng isang indibidwal kaya naman mahalagang masuri ang historikal na konteksto at struktural na kondisyon na pinanggagalingan niya.

Mula sa mga teoryang ito, nakikita natin ang gampanin ng struktura ng lipunan pati na rin ang kalagayan ng isang indibidwal bilang mga mahahalagang

instrumento upang maipaliwanag ang mga pamamaraan ng pagkonsumo ng balita ng isang indibidwal at maging ng isang lipunan.

### F. Paglalagom

Sa kabanatang ito, naipakita ng mga ipinresentang pag-aaral ang 1) pagkonsumo ng media, 2) pagkonsumo sa balita, 3) pakikilahok sa balita ng mga konsumer, at 4) pagkonsumo ng media ng mga manggagawa. Ang pag-usbong ng internet at paggamit ng mobile phones ay nagkaroon ng malaking impluwensya sa pagbabago sa paraan ng pagkonsumo ng media ngunit ang pagbabagong ito ay hindi nangangahulugan na pinalitan na nila ang tradisyunal na media. Ang pagbabagong ito sa pagkonsumo ng media ay nagbigay lamang ng mas maraming paraan at pagpipilian ang mga konsumer sa pagkonsumo ng laman at pakikilahok dito. Sa pagdami ng media platform na ginagamit ng isang konsumer sa pagkonsumo ng content o balita, mas lumalaki rin ang tsansa na magkaroon siya ng pakikilahok sa lipunan. Para naman sa pagkonsumo ng media ng mga manggagawa, maaaring may epekto ang “alienation” na kanilang nararanasan sa pagpili ng uri ng media na kanilang ikokonsumo dahil iba’t iba naman ang kanilang motibasyon sa pagkonsumo ng partikular na uri ng media. Maaaring may iba pang salik na tingnan sa pag-aaral nito. Sa kasalukuyan, kulang pa ang mga pag-aaral na tinitingnan naman ang pagkonsumo ng balita ng manggagawang Pilipino. Ito ang nais alamin ng papel na ito.

## KABANATA III. BALANGKAS NG PAG-AARAL

### A. Teoretikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagtukoy sa epekto ng pampublikong pagbibiyahe bilang bahagi ng pamumuhay ng mga manggagawa sa pagkonsumo nila ng balita. Ginamit ng mananaliksik ang Theory of Consumption ni Pierre Bourdieu at Grounded Theory nina Anselm Strauss at Barney Corbin. Ginamit ang Theory of Consumption ni Pierre Bourdieu upang maipaliwanag ang *routine* at *lifestyle* ng mga empleyadong komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. na nakakaapekto sa pagkonsumo nila ng balita mula sa resulta ng isinagawang sarbey. Sa kabilang banda, ginamit naman ang Grounded Theory upang malayang makagawa ng modelo na nagpapakita ng daloy ng pagkonsumo ng balita mula sa pagsagap nito hanggang sa reaksyon na ginawa rito. Nakabase naman ang modelong ito sa datos na nakalap mula sa mga piling empleyado na ininterbyu.

#### *1. Theory of Consumption*

Mula sa libro ni Pierre Bourdieu na pinamagatang *Distinction (1979)*, tinalakay niya ang relasyon ng *class* o uri sa *consumption practices* o mga gawi sa pagkonsumo. Ayon sa kaniya, nagkakaroon ng distinksyon sa lipunan ang isang grupo ng tao dahil sa kanilang pagkakapareho ng mga kinokonsumo. Nabubuo ang distinksyon sa lipunan base sa partikular na *taste* ng isang grupo ng tao. Ayon kay Bourdieu (1979):

> *"Taste classifies, and it classifies the classifier. Social subjects, classified by their classifications, distinguish themselves by the distinctions they make, between the beautiful and the ugly, the distinguished and the vulgar, in which their position in the objective classifications is expressed or betrayed."*

> "Ang panlasa ng tao ay may kakayahang magpangkat, at pinapangkat rin nito ang mga pamantayan sa pagpapangkat. Ang mga taong pinangkat mula sa kanilang klasipikasyon ay nakikita ang kanilang mga sarili base sa pagkakaiba ng kanilang ginagawa sa iba, sa pagitan ng maganda at di kaaya-aya, ang kapansin-pansin at bulgar, kung saan ang kanilang posisyon sa obhektibong klasipikasyon ay naipapahayag o naisasawalang-bahala."

Isa rin sa naging ambag ng konseptong ito ang pagpapaliwanag ng paraan ng pagkonsumo sa iba't ibang paraan kagaya na lamang ng pananamit, pagpili ng kakainin, pananalita, at iba pa. Gayunpaman, para kina Longhurst & Savage (1996), nakikita nila ang teoryang ito na mas may diin sa pagkakaiba-iba o pagkakaroon ng baryasyon sa paraan ng pagkonsumo ng mga indibidwal kaysa sa pagpapaliwanag sa kaisahan o komonalidad ng mga tao sa pagkonsumo.

Nagkaroon ng impluwensya ang konseptong ito sa iba pang mga pag-aaral na may kinalaman sa pagkonsumo. Noong 1980's, nabuo ni Featherston ang konsepto ng *consumer culture* kung saan nakabuo siya ng tatlong tema na nakapaloob dito. Una, ang ideya na ang mga konsumer ay aktibong nakikilahok sa mga gawaing may kinalaman sa pagkonsumo. Ikalawa, dahil sa unang nabanggit sila ay nabibilang sa isang uri at mayroong sariling pagkatao o *habitus*. Panghuli, ang terminong *lifestyle* ay maaaring makatulong sa pagpaliwanag ng dinamismo ng kanilang kultura sa pagkonsumo o *consumer culture* (Featherston bilang nabanggit sa Longhurst & Savage, 1996). Para naman kay Lash (1993 bilang nabanggit sa Longhurst & Savage,

1996), may iba pang pamantayan bukod sa pagiging bahagi ng isang *social class* upang magkaroon ng pagkakaiba sa pagkonsumo. Nandyan ang pagkakaiba sa pagitang ng working classes, edad, at kasarian na maaaring magresulata sa *specialized consumption*.

Kung iuugnay naman ang konseptong ito sa pag-aaral ng epekto ng pampublikong pagbibiyahe sa pagkonsumo ng balita ng mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc., makikita na sila ay aktibong mga konsumer ng balita sa pamamagitan ng pakikilahok at pagkakaroon ng tugon sa mga nasasagap na balita. Masasabi ring may katangi-tanging pamamaraan ang mga empleyadong komyuter ng pagkonsumo ng balita base sa kanilang pinanggagalingang uri, *lifestyle* o pang-araw-araw na pamumuhay, at habitus na maaaring maiugnay sa kanilang pagkatao bilang empleyado at komyuter. Dahil sa pinagsama-samang katangiang ito, nakakabuo sila ng distinksyon mula sa iba pang uri ng mga komyuter. Ang distinksyon na ito ay maipapaliwanag ng resulta ng sarbey na isinagawa sa lahat ng empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc..

*2. Grounded Theory*

Ang *Grounded Theory* ay dinebelop ng mga sosyolohistang sina Anselm Strauss at Barney Corbin. Ginamit nila ito sa kauna-unahang pagkakataon sa kanilang pag-aaral ukol sa mga patay at inilimbag ito sa kanilang libro na *The Discovery of Grounded Theory* noong 1967. Ayon kay Charmaz (2006),

> *"...grounded theory methods consist of systematic, yet flexible guidelines for collecting and analyzing qualitative data to construct theories grounded in the data themselves."*

> "…ang grounded theory ay naglalaman ng sistematiko ngunit malayang palatuntunan sa pag-kolekta at pag-analisa ng mga datos sa paggawa ng teorya mula sa mga makukuhang datos sa pag-aaral."

Dahil magmumula ang teorya mula sa datos na makakalap mula sa pag-aaral, kadalasang ginagamit ang teoryang ito sa mga pag-aaral ng penomenang hindi pa naaaral nang lubusan.

Higit pa rito, tinukoy rin ni Charmaz (2009) ang mga katangi-tanging pagkakakilanlan ang teoryang ito.

> *"[It] (1) provides explicit tools for studying processes, (2) promotes an openness to all possible theoretical understandings, (3) fosters developing tentative nterpretations about the data through coding and categorizing, and (4) builds systematic checks and refinements of the researcher's major theoretical categories."*

> "[Ito ay] (1) nagbibigay ng mga instrumento sa pag-aaral ng mga proseso, (2) bukas sa lahat ng posibleng teoretikal na pag-unawa, (3) nag-dedebelop ng mga tentatibong interpretasyon sa datos mula sa pag-kakategorisa at coding, at (4) bumubuo ng sistematikongpag-suri sa mga pangunahing teoretikal na kategorya ng mananaliksik.

Gamit ang Grounded Theory, nagiging malaya ang mananaliksik na suriin ang kaniyang mga datos. Kaya naman para kina Corbin & Strauss (1998), mahalaga sa paggamit ng teoryang ito ang pagiging malikhain.

> *"Creativity manifests itself in the ability of researchers to aptly name categories, ask stimulating questions, make comparisons, and extract an innovative, integrated, realistic scheme from masses of unorganized raw data."*

> "Ang pagiging malikhain ng mananaliksik ay makikita sa kaniyang kakayahan sa pag-kakategorya, pagtatanong, paggawa ng mga pagkukumpara, at paggawa ng makabuluhang skema mula sa mga hindi organisadong datos."

Para sa aking pag-aaral, naging mahalaga ang paggamit ng teoryang ito sa malayang pag-aanalisa ng mga datos na nakalap mula sa sarbey at interbyu na isinagawa sa mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. Dahil sa teoryang ito, nakabuo ang mananaliksik ng modelo na nagpapakita ng daloy ng balita sa mga empleyado na makikita sa Pigura 5 sa pahina 97. Magkakaroon ng mas malalim na pagpapaliwanag dito sa diskusyon ng mga resulta sa mga susunod na kabanata.

**B. Pangkalahatang Balangkas**

Ang nakuhang resulta mula sa datos sa sarbey ay ipinaliwanag gamit ang Theory of Consumption ni Pierre Bourdieu. Dahil malaking bilang ang kalahok sa sarbey, ito ay sapat upang makapagpaliwanag ng lifestyle ng isang grupo ng mga indibidwal o ang mga empleyadong komyuter ng Pacific Sun Solutions. Mula sa sarbey, mahalaga na nagkaroon ng kaalaman ang mananaliksik tungkol sa commuting habits ng mga empleyado. Dahil sa datos na nakalap mula sa bahaging ito ng sarbey, nagkaroon ng kaalaman ang mananaliksik tungkol sa pagkakapareho at pagkakaiba-iba ng mga empleyado pagdating sa kanilang mga gawi habang nasa biyahe. Nakapaloob rin dito ang pang-araw-araw na *routine* na ginagawa ng mga empleyado mula pagpasok sa trabaho hanggang sa pag-uwi sa kanilang tahanan. Nagkaroon din ng kaalaman tungkol sa paraan ng pagkonsumo ng balita ng mga empleyado partikular na sa panahon kung kailan sila nagkokonsumo, ilang beses sila nagkokonsumo, at ang mga media platforms na kanilang madalas na kinokonsumo.

Matapos isagawa ang sarbey, nakapanayam ng mananaliksik ang anim na empleyado ng Pacific Sun Solutions upang mas magkaroon ng kaalaman tungkol sa

proseso ng kanilang pagkonsumo ng balita. Kung sa sarbey ay nalaman ng mananaliksik ang paraan ng pagsagap nila ng balita, sa bahaging ito ng pag-aaral, nagkaroon ng kaalaman ang mananaliksik tungkol sa mga partikular na balita na kinokonsumo ng mga piling empleyado at ang kanilang mga pananaw, emosyon na nararamdaman, at pagbabago sa kanilang gawi matapos masagap ang balita. Ginamit ang Grounded Theory upang makabuo ng modelo na nagpapakita ng daloy ng pagkonsumo ng balita ng mga piling empleyado ng Pacific Sun Solutions. Makikita ito sa Appendix A.

## C. Depinisyon ng mga Termino

- Komyuter: Ang mga tinutukoy na komyuter sa pag-aaral na ito ay ang mga empleyadong ng Pacific Sun Solutions na bumibiyahe gamit ang pampublikong sasakyan araw-araw papasok sa at pauwi mula sa trabaho.
- Pampublikong pagbibiyahe: Ang pagsakay ng mga komyuter sa mga pampublikong sasakyan para makarating ng opisina at makauwi sa tahanan.
- Pagkonsumo ng balita: Ang proseso mula pagsagap ng balita hanggang sa aksyon na ginawa matapos malaman ang balita.

## D. Paglalagom

Sa kabanatang ito, tinalakay ang mga teoryang ginamit upang mas mapalalim ang pagpapaliwanag sa mga datos na nakalap mula sa sarbey at interbyu na makakasagot sa pangunahing problema ng pag-aaral na ito. Ginamit ang Theory of Consumption ni Pierre Bourdieu upang maipaliwanag ang kaisahan maging ang kaibahan ng pagkonsumo ng balita ng mga empleyado ng Pacific Sun Solution base

sa kanilang pang-araw-araw na *routine* at nakasanayang *lifestyle.* Sa kabilang banda, nakatulong naman ang Grounded Theory sa pagbuo ng modelo na makapagpapaliwanag ng daloy ng pagkonsumo ng balita ng mga piling empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. na nakapanayam para sa pag-aaral. Sa modelong ito, makikita ang mga bagay na nakakaapekto sa pagkonsumo ng partikular na balita ng mga empleyado hanggang sa mga bagay na naaapektuhan matapos nilang ikonsumo ang mga balitang ito

## KABANATA IV. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *quantitative* at *qualitative* na pamamaraan sa pananaliksik partikular na ang paggamit ng sarbey at interbyu. Gamit ang dalawang metodo na ito, nilayong pag-aralan ng mananaliksik ang epekto ng araw-araw na pagbiyahe sa pagkonsumo ng balita ng mga empleyado. Sinagutan ng mga empleyado mula sa Pacific Sun Solutions Inc. ang inihandang *one-shot* na uri ng sarbey at mula sa mga sumagot, pumili ang mananaliksik ng anim (6) na makakapanayam para sa interbyu. Una munang isinagawa ang pagpapasagot ng sarbey sa mga empleyado upang magkaroon ng kaalaman ang mananaliksik ng kanilang ginagawa sa pang-araw-araw. Matapos isagawa ang sarbey, nagkaroon naman ng mga interbyu upang mas makilala pa ang mga empleyado at malaman ang antas ng kanilang kakayahan sa pagkonsumo ng balita.

### A. Yunit ng Analisis at Sampling

Upang mas mapalalim ang pag-aaral, pumili ng isang kumpanya ang mananaliksik na pagdarausan ng pag-aaral. Sa ganitong paraan, natutukan ng mananaliksik ang maliit na bilang ng empleyado ng kumpanya. Napili ang Pacific Sun Solutions Inc. sa tatlong kadahilanan: una, dahil ito ay *accessible* sa mananaliksik bilang dito nagtatrabaho ang kaniyang ama; ikalawa, dahil ang kumpanya ay may 100 empleyado--sapat lamang para sa eksploratibong pag-aaral na ginawa, at ikatlo, dahil ang kumpanya ay nasa Ortigas, tiyak na may mga manggagawa ang kumpanya na bumibiyahe sa magkakaibang haba at paraan.

## B. Pangangalap ng mga Datos: Sarbey

Ayon kina Check at Schutt (2012) ang sarbey ay koleksyon ng mga impormasyon sa isang grupo ng indibidwal base sa kanilang mga kasagutan. Maaari itong gamitin sa *quantitative* at *qualitative* na mga pag-aaral. Kadalasan naman itong ginagamit upang makatulong sa pag-aaral ng gawi ng isang indibidwal o sa mga sikolohikal at sosyal na mga pag-aaral (Singleton & Straits, 2009).

Isang one-shot sarbey ang inilunsad noong ikatlong linggo ng Enero 2019 sa oras ng trabaho sa Pacific Sun Solutions Inc. Tinarget ng mananaliksik na sakupin ang buong populasyon ng Pacific Sun Solutions Inc. subalit binigyan lamang ng pagkakataon ang mananaliksik na magpamigay ng sarbey at pinasagot ito sa oras kung kailan libre ang mga empleyado. Binalikan ng mananaliksik ang mga sarbey na hindi pa naisumite sa mismong araw na pinamigay ito matapos ang isang linggo. Para sa sarbey, sumagot ang 99 mula sa 104 na empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. Maliit na kumpanya lamang ito kaya naman sinikap na mapasagutan ang lahat. 2 mula sa 99 na sinagutang instrumento ang inbalid. 80 naman mula sa mga sumagot ang nagsabing sila ay komyuter. Sila ang binigyan ng pokus sa sarbey na ito.

### *1. Survey Instrument*

Ang instrumentong ginamit sa sarbey ay naglalaman ng apat na pahina na nahahati sa limang (5) bahagi. Ang unang bahagi ay tumatalakay sa *commuting habits* ng mga empleyado. Dito makikita kung ano-ano ang kanilang sinasakyan, ano-ano ang kanilang ginagawa habang nasa daan, gaano katagal ang biyahe sa pang-araw-araw, at ang oras ng kanilang pag-alis o pagdating sa bahay at opisina. Sa ikalawang

bahagi ng sarbey, inalam naman ang kanilang pagkonsumo ng balita sa pamamagitan ng pagtatanong tungkol sa mga uri ng media na kanilang kinokonsumo, tagal ng pagkonsumo ng balita, lugar kung saan nagkokonsumo, at tuwing kailan. Sa sumunod na bahagi, nagkaroon ng ilang katanungan ukol sa pagkilos sa tahanan. Ang dalawang natitirang bahagi ay may kinalaman na sa kanilang personal na impormasyon at trabaho (Tingnan sa Appendix A ang instrumento).

**C. Pangangalap ng mga Datos: Interbyu**

Mula sa mga sumagot ng sarbey, naghanap ang mananaliksik ng anim (6) na empleyado na interesadong maging bahagi ng pag-aaral. Noong una ay binalak na magkaroon ng *focus group discussion* o FGD ng mananaliksik ngunit dahil sa kakulangan sa mga mamumuno ng talakayan, pinili na lamang na magsagawa ng interbyu. Naging pamantayan ng mananaliksik sa pagpili ng kakapanayamin ang bilang ng oras na ang empleyado ay bumiyahe. Hinati sa tatlong kategorya ang oras ng pagbibiyahe: 1) isa hanggang dalawang oras; 2) dalawa hanggang tatlong oras at 3) tatlong oras at higit pa. Sa bawat kategorya, isang lalaki at isang babae ang nakapanayam.

Para sa unang pares o ang mga bumibiyahe ng isa hanggang dalawang oras, nakapanayam sina Christina Fernandez, 32 taong gulang, nakatira sa Quezon City at isang Warehouse Supervisor at si Norwin Arogante, 22 taong gulang, nakatira sa Malabon, at nagtatrabaho bilang Billing Staff. Sila ay nakapanayam noong ikatlong linggo ng Pebrero.

Para sa ikalawang pares o ang mga bumibiyahe ng higit sa dalawa hanggang tatlong oras, nakapanayam sina Cecil Macapagal, 43 taong gulang, nakatira sa Rizal at isang Billing and Collection Supervisor. Siya ay nakapanayam noong ikatlong linggo ng Pebrero 2019. Samantala, nakapanayam naman si Alex Punzalan noong unang linggo ng Marso 2019. Siya ay 46 na taong gulang, nakatira sa North Caloocan at nagtatrabaho sa departamento ng Billing and Collection.

Para sa ikatlong pares o ang mga bumabiyahe ng higit sa tatlo hanggang apat na oras, nakapanayam sina Rose Marie Bagarino, 27, nakatira sa Bulacan, at nagtatrabaho bilang Auditor. Siya ay nakapanayam noong unang linggo ng Marso. Sa kabilang banda, si Rico Celestino naman, 54 taong gulang, nagtatrabaho sa departamento ng Technical, at nakatira sa Laguna.

Nakapokus ang instrumento ng interbyu sa mga uri ng balita na kanilang kinokonsumo at sa paanong paraan nila kinokonsumo ito. Nagkaroon rin ng maiikling talakayan tungkol sa kanilang mga opinyon sa mga partikular na isyu na nababanggit sa balitang kanilang kinokonsumo at kung paano sila naapektuhan nito sa kanilang mga gawi at damdamin.

**D. Pagsuri ng mga Datos**

Para suriin ang mga datos mula sa sarbey, gumamit ang mananaliksik ng SPSS Statistics-- isang *software* na ginagamit sa mga *statistical analysis.* Ginamit ito upang makita ang kabuuang sagot ng mga empleyado sa bawat katanungan sa sarbey. Matapos nito, inilarawan ang mga resulta kada item. Ang mga resulta ay iniugnay sa

Theory of Consumption ni Pierre Bourdieu. Matapos nito, pinili ng mananaliksik ang anim na nakapanayam base sa tagal ng kanilang pagbibiyahe.

Sa kabilang banda, matapos isagawa ang mga interbyu sa anim na empleyadong na pumayag, inilahad naman ang mga nakuhang impormasyon na ito sa penomenolohikal na pamamaraan. Mula sa kanilang mga naibahagi, nakagawa ang mananaliksik ng modelo na nagpapakita ng daloy ng balita sa empleyadong komyuter. Makikita sa modelong ito ang mga mahahalagang salik na nakakaapekto at naaapektuhan sa pagkonsumo ng balita.

**E. Mga Implikasyon sa Metodolohiya**

Nagkaroon ng pagsubok sa parte ng mananaliksik na isagawa ang mga metodo na kaniyang inihanda. Dahil ang mga pinag-aralan ay mga empleyado, limitado lamang ang oras na kaya nilang ilaan para sa pag-aaral. Kaya naman nagkaroon ng mga *adjustments* sa pagsasagawa ng mga metodo. Para sa sarbey, naghintay ng isang linggo ang mananaliksik para sa mga empleyado na hindi napaglaanan ng oras na sagutan ang sarbey sa mismong araw na pinasagutan ito. Para naman sa interbyu, nahirapan ang pag-iiskedyul sa mga iinterbyuhin dahil sila ay may mga trabaho. Maaari lamang silang interbyuhin sa oras ng kanilang *breaktime.* Dahil dito, limitado lamang ang oras na maaaring gamitin para sa interbyu. Sa pangkalahatan, dahil pumili ng partikular ng kumpanya na pagdadausan ng pag-aaral, maaaring ang mga datos na nakalap ay totoo lamang para sa kanila at maaaring mag-iba pagdating sa iba pang uri ng manggagawang komyuter.

## E. Paglalagom

Sa kabanatang ito, tinalakay ang mga metodo na isinagawa sa pag-aaral. Nahahati ang pag-aaral sa dalawang bahagi: una, ang pagpapasagot ng sarbey sa kabuuang bilang ng mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. Ikalawa, ay ang pagsasagawa ng mga interbyu upang mas makilala ang mga empleyado at mas mapalalim pa ang datos na nakalap mula sa sarbey. Nailahad rin sa bahaging ito ang paaran ng pagsuri sa mga ito matapos makalap ang mga datos

## KABANATA V. DISKUSYON NG MGA RESULTA NG SARBEY

Sa paghihimay ng mga datos mula sa sarbey, nagkaroon ng kaalaman ang mananaliksik tungkol sa mga pang-araw-araw na *routine* ng empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. bilang komyuter na tumukoy sa kanilang *lifestyle*. Mula sa nakuhang datos, napag-alaman ng mananaliksik ang pagkilos ng mga empleyado mula sa pagsisimula ng kanilang araw hanggang sa pagtatapos nito. Napag-alaman rin na mas mahalaga ang pagpapahinga sa mga komyuter kaysa ang pakikialam sa balita. Bagamat nandiyan na ang internet, nangunguna pa rin ang telebisyon sa *media platform* na kinokonsumo ng mga komyuter. Gayunpaman, mahalaga rin ang papel na ginagampanan ng cellphone lalo na sa kanilang pagbibiyahe dahil sa dami ng bagay na maaari nilang gawin rito habang bumibiyahe.

### A. Ang mga Empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc.

Mula sa 99 na sumagot ng sarbey, dalawa ang invalid, 17 ang hindi komyuter at 80 naman ang komyuter. Dahil dito, naka-pokus sa 80 komyuter na sumagot ng sarbey ang datos na inanalisa para sa pag-aaral.

Table 1. *Bilang ng Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc.* (n=99)

| Komyuter | Frequency |
|---|---|
| Oo | 80 |
| Hindi | 17 |
| Invalid | 2 |
| Total | 99 |

Karamihan sa mga empleyado ay lalaki na bumubuo ng lagpas kalahati o 52 empleyado samantalang 28 lamang ang mga babae.

Table 2. *Kasarian ng mga Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Kasarian | Bilang |
|---|---|
| Male | 52 |
| Female | 28 |
| Others | 0 |
| Total | 80 |

Ayon sa kanilang mga isinagot, sila ay nagtatrabaho sa departamento ng (1) Human Resources, (2) Accounting, (3) Billing at Collection, (4) Sales, (5) Technical at (6) Warehouse. Malaking bilang ng mga empleyado o 44 sa mga ito ang kumikita lamang ng sampu hanggang labinlimang libong piso o P10,000 – P 15,000 kada buwan. 7 naman mula sa 80 empleyado ang pumiling hindi sagutan ang item na ito. Samakatuwid, malaking bahagi ng mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. ay nabibilang sa *lower middle class* o may sahod na P 30, 000 pababa.

Table 3. *Kita ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Kita | Bilang |
|---|---|
| P 10,000 – P 15,000 | 44 |
| P 15,001 – P 20,000 | 11 |
| P 20,001 – P 25,000 | 10 |
| P 25, 001 – P 30,000 | 5 |
| P 30,001 pataas | 3 |
| Missing | 7 |
| Total | 80 |

Kung susuriin naman ang gulang ng mga empleyado, karamihan sa kanila ang kabilang sa henerasyon ng mga *millennials* o ang mga may edad na 19 hanggang 30 taong gulang. Sinusundan ito ng mga empleyado na may edad 41-50 taong gulang (15) at mga empleyadong may edad 31-40 taong gulang (14).

Table 4. *Edad ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Edad | Bilang |
|---|---|
| 19-30 | 37 |
| 31-40 | 14 |
| 41-50 | 15 |
| 51 o higit pa | 8 |
| Missing | 6 |
| Total | 80 |

Kung titingnan naman ang kanilang *civil status*, karamihan sa mga empleyado ay *single* (43). Sinusundan naman ito ng mga may asawa na (33).

Table 5. *Civil Status ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Civil Status | Bilang |
|---|---|
| Single | 43 |
| Married | 33 |
| Separated | 4 |
| Total | 80 |

Pagdating naman sa kanilang relihiyon, makikita ang mataas na bilang ng mga Romanong Katoliko na binubuo ng 50 empleyado. Malayong malayo na ang bilang ng iba pang relihiyon tulad ng Iglesia ni Kristo (7), Kristiyano (5), Born Again (4), at iba pa (3). Labing-isa (11) naman ang pumiling hindi sagutan ang item na ito.

Table 6. *Relihiyon ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Relihiyon | Bilang |
|---|---|
| Katolikong Romano | 50 |
| Kristiyano | 5 |
| Born Again | 4 |
| Iglesia ni Kristo | 7 |
| Adventist | 1 |
| Members Church of God International (Ang Dating Daan) | 1 |
| Wala | 1 |
| Missing (Hindi sumagot) | 11 |
| Total | 80 |

Sa bahaging ito, nagkaroon ng kaalaman tungkol sa mga katangian ng mga empleyado. Kung susumahin, karamihan sa kanila ay lalaking nabibilang sa mga *millennials*. Sa isang buwan, karamihan ay kumikita mula P10, 000 hanggang P15, 000 lamang kaya naman karamihan ay nabibilang sa *lower middle class*. Marami din sa kanila ang walang asawa at isang Katoliko. Malaking bahagi ng populasyon ng Pacific Sun Solutions ang komyuter kaya naman malaki ang maitutulong nito sa pag-aaral.

**B. Ang mga Empleyado Bilang Commuter**

Ang Pacific Sun Solutions ay matatagpuan sa kahabaan ng Epifanio Delos Santos Avenue o EDSA partikular na sa Ortigas. Dahil dito, kinakailangang dumaan ng mga empleyado sa EDSA upang makarating sa opisina. Iba-iba ang kanilang opsyon na maaaring sakyan papunta ng trabaho. May mga bus na dumadaan sa kahabaan ng EDSA at tumatagos rin ang linya ng MRT sa kalsadang ito. May kani-

kaniyang opsyon din sila na maaaring sakyan mula sa kanilang panggagalingan gaya ng jeep, tricycle, FX, pedicab, at iba pa.

Tinatalakay sa Table 7 ang mga transportasyon na ginagamit ng mga komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc. Sa bahaging ito, pinili ng mga sumagot ng sarbey ang lahat ng posibleng transportasyon na kanilang sinasakyan papunta sa trabaho. Hindi tiyak ang mga transportasyon na ginagamit nila sa pang-araw-araw dahil nakadepende ito sa bigat ng trapik. Kung mas mabigat ang trapik kumpara sa kadalasang nararanasan ng isang komyuter, maaaring mag-iba ang kaniyang sakyan, gayundin kung ang trapik naman ay mas maluwag kaysa sa normal. Ibig sabihin, nag-iiba ang kanilang *routine* pagdating sa pagbibiyahe depende sa araw at ang bigat ng daloy ng trapiko sa daan. Kung susuriin ang Table 7, ang bus ang pinakamadalas na sinasakyan ng mga empleyado (74). Sumunod naman ang jeep (61), at pumapangatlo naman ang tricycle (35). Malapit-lapit naman sa tricycle ang tren (32).

Table 7. *Transportasyon na Ginagamit ng mga Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Transportasyon | Bilang |
|---|---|
| Bus | 74 |
| FX | 27 |
| Grab | 10 |
| Iba pa | 1 |
| Jeep | 61 |
| Pedicab | 6 |
| Taxi | 8 |
| Tren | 32 |
| Tricycle | 35 |
| Total | 254 |

Ang oras ng kanilang trabaho ay nagsisimula ng alas-otso ng umaga at nagtatapos ng alas-singko ng hapon. Kung titingnan naman ang datos ng tagal ng kanilang biyahe papunta ng trabaho sa Table 8, makikita na halos kalahati sa mga komyuter ang tumatagal ng higit sa isang oras hanggang dalawang oras sa daan (34). Sumunod dito ang mga bumibiyahe ng higit sa dalawang oras hanggang tatlong oras (19). Pumapangatlo lang ang mga sumagot na sila ay tumatagal ng higit sa 30 minuto hanggang 1 oras sa daan (15). Makikita na mas marami talaga ang mga komyuter na mas mahaba sa isang oras ang tinatagal sa daan kaysa sa mga komyuter na mas maikli sa isang oras ang biyahe.

Table 8. *Tagal ng Biyahe Papunta sa Trabaho ng mga Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Tagal ng Biyahe | Bilang |
|---|---|
| Kalahating oras pababa | 7 |
| 31 minuto hanggang 1 oras | 15 |
| 1 oras at 1 minuto hanggang 2 oras | 34 |
| 2 oras at 1 minuto hanggang 3 oras | 19 |
| 3 oras at higit pa | 5 |
| Total | 80 |

Sa kabilang banda, kung titingnan naman ang datos ng tagal ng biyahe pauwi sa tahanan sa Table 9, makikita na mas tumaas pa ang bilang ng mga komyuter na bumabiyahe ng mas mahaba sa isang oras. Ibig sabihin, mas natatagalan sa daan ang mga komyuter na pauwi ng kanilang tahanan kaysa sa kanilang pagpasok sa trabaho. Pinakamarami ang mga komyuter na tumatagal ng 1 oras hanggang 1 oras at 59 minuto sa daan (32) at sumunod naman ang tumatagal sa daan ng 2 oras hanggang 2


oras at 59 minuto (26). Medyo may kalayuan na dito ang pangatlo na tumatagal ng 31 minuto hanggang 59 minuto (13).

Table 9. *Tagal ng Biyahe Pauwi ng Tahanan ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Tagal ng Biyahe | Bilang |
|---|---|
| Kalahating oras pababa | 3 |
| 31 minuto hanggang 59 minuto | 13 |
| 1 oras hanggang 1 oras at 59 minuto | 32 |
| 2 oras hanggang 2 oras at 59 minuto | 26 |
| 3 oras at higit pa | 6 |
| Total | 80 |

Kung ikukumpara ang mga bar graph sa Pigura 4 at 5, makikita ang pagtaas ng bilang ng oras pagdating sa tagal ng kanilang biyahe pauwi ng tahanan. Bagamat pinakamarami pa rin ang mga tumatagal sa biyahe ng higit sa 1 oras hanggang 2 oras, lumapit naman ang bilang ng mga bumibiyahe ng mas matagal o ang mga inaabot ng 2 oras hanggang 2 oras at 59 minuto sa daan. Kung pagsasamahin, tumatagal ang karamihan sa mga komyuter ng higit sa 2 oras hanggang 4 na oras sa daan sa isang araw. Makikita rito na malaking bahagdan talaga ng kanilang oras sa araw-araw ang napupunta lamang sa pagbiyahe sa daan.

Pigura 3 at 4. *Tagal ng Biyahe ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc. Papunta at Pauwi*




Kung susuriin naman ang Table 10, makikita ang kanilang oras ng alis sa kani-kanilang tahanan tuwing umaga. Pinakamarami ang umaalis ng alas-5 ng umaga hanggang 5:59 ng umaga (35), pumapangalawa naman ang umaalis ng alas-6 ng umaga hanggang 6:59 ng umaga (25), at pumapangatlo ang umaalis ng 4:01 ng umaga hanggang 4:59 ng umaga (10).

Table 10. *Oras ng Alis sa Bahay ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Oras | Bilang |
|---|---|
| 4:00 nu o mas maaga | 3 |
| 4:01 n.u. hanggang 4:59 n.u | 10 |
| 5:00 n.u. hanggang 5:59 n.u | 35 |
| 6:00 n.u. hanggang 6:59 n.u. | 25 |
| 7:00 n.u. o mas higit pa | 7 |
| Total | 80 |

Ang oras ng trabaho ng mga empleyado sa Pacific Sun Solutions Inc. ay nagsisimula ng alas-8 ng umaga at nagtatapos ng alas-5 ng hapon mula Lunes hanggang Biyernes. Maaaring mag-*overtime* sa mga araw na ito at maaari din silang

pumasok ng Sabado. Sa Table 11, makikita ang oras ng alis ng mga empleyado sa opisina. Mapapansin na mataas na bilang ng mga empleyado o 60 sa kanila ang umaalis na ng opisina mula 5:01 ng hapon hanggang 5:59 ng hapon. Dahil dito, sila ay inaabutan na ng rush hour sa kalsada. Malayo naman ang agwat ng mga empleyadong nag-oovertime o ang mga nananatili sa opisina mula 6:00 n.g hanggang 6:59 n.g (3) at 7:00 n.g o higit pa (4).

Table 11. *Oras ng Alis ng mga Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Oras | Bilang |
|---|---|
| 5:00 n.h | 13 |
| 5:01 n.h. hanggang 5:59 n.h. | 60 |
| 6:00 n.g. hanggang 6:59 n.g. | 3 |
| 7:00 n.g. o higit pa | 4 |
| Total | 80 |

Makikita naman sa Table 12 ang oras ng dating sa bahay ng mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. Karamihan o 37 sa mga empleyado ang nakakarating na sa kanilang tahanan mula 7:00 ng gabi hanggang 7:59 ng gabi. Sinusundan naman ito ng mga nakakarating na ng tahanan ng alas-8 ng gabi o higit pa na sinagot ng 23 empleyado. Mula sa datos na ito, makikita natin kung gaano ka-*late* ang dating ng mga empleyado sa kanilang tahanan bagamat karamihan sa kanila ay umaalis na ng opisina ilang minuto lamang makalipas ang alas-5 ng hapon. Ipinapakita lamang ng datos na ito na mahabang oras talaga ang ginugugol ng mga empleyadong komyuter sa pagbibiyahe.

Table 12. *Oras ng Dating sa Bahay ng mga Empleyadong Komyuter sa Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Oras | Bilang |
|---|---|
| 6:00 n.g. o mas maaga | 4 |
| 6:01 n.g. hanggang 6:59 n.g. | 16 |
| 7:00 n.g. hanggang 7:59 n.g. | 37 |
| 8:00 n.g. o higit pa | 23 |
| Total | 80 |

Inalam din ng sarbey kung ano-ano ang kalimitang ginagawa ng mga komyuter habang sila ay nasa daan. Sa bahaging ito ng sarbey, maaari nilang piliin lahat ng ginagawa nila habang nasa biyahe. Kung titingnan ang Table 13, halos magkasing-dami ang natutulog (43) at nakikinig ng musika sa cellphone (42). Hindi rin naman kalayuan ang mga gumagamit ng social media sa cellphone (40). Mula rito, mapapansin na kadalasan ay nagpapahinga ang mga empleyado sa daan sa pamamagitan ng pagtulog at paggamit ng kani-kanilang mga cellphone upang libangin ang sarili.

Dahil dito, makikita na mahalaga ang papel na ginagampanan ng cellphone dahil maraming bagay ang maaaring gawin dito upang libangin ng mga komyuter ang kanilang mga sarili. Bukod sa paglilibang, nagagamit rin nila ito pang-konsumo ng balita. Naitala ang 26 na sagot para sa mga kumokonsumo ng balita gamit ang kanilang cellphone sa iba’t ibang paraan: pakikinig ng balita (6), panunuod ng balita (9), at pagbabasa ng balita (11). Mas malaking bilang naman ang nagsabing sila ay gumagamit ng cellphone sa daan sa ibang pamamaraan bukod sa pagkonsumo ng balita (121). Ang mga gawaing ito ay ang mga sumusunod: paglalaro sa cellphone

(26), paggamit ng social media sa cellphone (40), pakikinig ng musika sa cellphone (42), at panunuod ng mga palabas sa cellphone (14).

Bukod sa cellphone, nakikita rin na malaki ang papel na ginagampanan ng telebisyon sa mga sasakyan dahil marami pa rin ang nanunuod nito balita man o hindi ang pinapalabas. 35 ang sumagot na sila ay nanunuod ng palabas sa telebisyon samantalang 29 naman ang nagsabing nanunuod sila ng balita. Mula sa 71 na naitalang sagot na nagkokonsumo ng balita sa daan, malaki ang kontribusyon sa kabuuang bilang nito ang 29 na sumagot na sila ay nanunuod ng balita sa telebisyon. Ibig sabihin, malaki rin ang oportunidad na naibibigay ng mga telebsiyon sa mga pampublikong transportasyon upang magkonsumo ng balita ang mga komyuter. Maliban rito, may sumagot din na nagkokonsumo ng balita sa radyo na sinasakyan (16), nagbabasa ng balita sa cellphone (11), nanunuod ng balita sa cellphone (9), at nakikinig ng balita sa cellphone (6). Bagamat malaki ang naitutulong ng mga telebisyon upang magkonsumo ng balita ang mga komyuter sa pampublikong sasakyan, limitado lamang ang mga ito dahil hindi naman lahat ng pampublikong sasakyan ay mayroong telebisyon.

Ilan pa sa mga gawain na kanilang ginagawa ay ang pagmumuni-muni habang nasa daan, pagrorosaryo, pakikipag-chat sa misis o anak, pagkain, o kaya nama’y pagbabasa ng storya sa cellphone.

Table 13. *Mga Ginagawa sa Daan ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=80)

| Gawain | Bilang |
|---|---|
| Natutulog | 43 |
| Naglalaro sa cellphone | 25 |
| Gumagamit ng social media sa cellphone | 40 |
| Nakikinig ng musika sa cellphone | 42 |
| Nakikinig ng balita sa cellphone | 6 |
| Nakikinig ng musika sa radyo ng sinasakyan | 20 |
| Nakikinig ng balita sa radyo ng sinasakyan | 16 |
| Nanunuod ng mga palabas sa cellphone | 14 |
| Nanunuod ng balita sa cellphone | 9 |
| Nanunuod ng mga palabas sa telebisyon ng sinasakyan | 35 |
| Nanunuod ng balita sa telebisyon ng sinasakyan | 29 |
| Nagbabasa ng balita sa cellphone | 11 |
| Iba pa | 7 |
| Total | 297 |

Sa kabuuan, nakita sa bahaging ito ang kanilang iskedyul na sinusunod araw-araw sa kanilang pagbibiyahe. Bagamat karamihan sa kanila ang umuuwi na agad pagpatak ng alas-singko ng hapon, nalaman sa bahaging ito na mas matagal pa rin ang oras na nailalaan ng mga komyuter sa kanilang pagbibiyahe pauwi sa kanilang mga tahanan kumpara sa tagal na kanilang ginugugol sa kanilang biyahe papasok sa trabaho. Nagkaroon din ng kaalaman tungkol sa kanilang kalimitang ginagawa sa daan. Napag-alaman na karamihan ay mas pinipiling magpahinga o gumamit ng cellphone upang libangin ang kanilang mga sarili. Gayunpaman, nakakatulong naman ang mga *media platforms* na nagiging *accessible* sa mga komyuter habang nasa daan dahil paraan din ito upang makasagap sila ng balita.

## C. Ang mga Komyuter bilang News Consumer

Mula sa 80 komyuter, 2 ang sumagot na hindi nagkokonsumo ng balita. Dahil dito, nakapokus na ang bahaging ito sa datos na nakalap mula sa 78 empleyadong komyuter na nagkokonsumo ng balita.

Nang tanungin kung ano-anong uri ng media ang kanilang ginagamit upang makasagap ng baltita, makikita sa Table 14 na malaking bilang pa rin ang umaasa sa telebisyon. Halos lahat ng sumagot o 73 empleyado ang gumagamit pa rin nito. Pumapangalawa lamang ang paggamit ng social media na ginagamit ng 46 na mga empleyado. Makikita rin sa datos na kakaunti na lamang ang gumagamit ng iba pang tradisyunal na uri ng media gaya ng pahayagan at radyo. Sinasang-ayunan ng datos na ito ang sarbey ng Kantar Media noong 2017 na nananatili pa rin ang telebisyon bilang pangunahing media na kinokonsumo ng mga Pilipino bagamat patuloy ang pamamayagpag ng internet dito.

Table 14. *Uri ng Media na Kinokonsumo ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=78)

| Media | Bilang |
|---|---|
| Radyo | 28 |
| Pahayagan | 8 |
| Telebisyon | 73 |
| Online sites | 46 |
| Total | 155 |

Nang tanungin naman kung saan kadalasang kumokonsumo ng balita ang mga empleyado, karamihan o 57 sa kanila ang sumagot na kumokonsumo ng balita sa kani-kanilang tahanan. Malaki ang agwat nito sa 20 empleyado na nagsabing kadalasang kumokonsumo sa sasakyan.

Table 15. *Lugar Kung Saan Nagkokonsumo ng Balita ang mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=78)

| Lugar | Bilang |
|---|---|
| Tahanan | 57 |
| Opisina | 1 |
| Sasakyan | 20 |
| Total | 78 |

Makikita naman sa Table 16 ang lahat ng panahon kung kailan nagkokonsumo ng balita ang mga komyuter. Sinasang-ayunan ng datos sa Table 15 ang mga datos sa Table 14 kung saan sinasabing pinakamarami ang nagkokonsumo ng balita sa tahanan. Makikita kasi na pinakamarami ang sumagot na sila ay kumokonsumo ng balita sa gabi pagkauwi ng tahanan. Ito ay sinagot ng 57 empleyado. Sinusundan ito ng mga kumokonsumo ng balita bago umalis ng bahay na sinagot ng 39 empleyado. May mga kumokonsumo rin naman ng balita habang nasa daan at kakaunting bilang lang ang kumokonsumo ng balita habang nasa trabaho.

Table 16. *Panahon ng Pagkonsumo ng Balita ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=78)

| Panahon | Bilang |
|---|---|
| Umaga bago umalis ng bahay | 39 |
| Umaga habang nasa biyahe papunta ng opisina | 25 |
| Habang nasa trabaho | 7 |
| Habang nasa biyahe pauwi ng bahay | 25 |
| Sa gabi pagkauwi ng bahay | 57 |
| Total | 153 |

Dahil pinili ng mga komyuter ang lahat ng panahon kung kailan sila kumokonsumo ng balita sa isang araw, nakuha rin ang datos kung ilang beses sila kumokonsumo ng balita sa isang araw. Sa Table 17, makikita na karamihan sa mga

komyuter ay isa (27) hanggang dalawang (35) beses lamang kumokonsumo ng balita sa isang araw. Malayo na rito ang mga kumokonsumo ng tatlo (9), apat (6) at limang (1) beses sa isang araw. Mula sa datos na ito, makikita na limitado talaga ang panahon na ibinibigay o naibibigay ng mga empleyado sa pagkonsumo ng balita.

Table 17. *Frequency ng Pagkonsumo ng Balita ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=78)

| Frequency | Bilang |
|---|---|
| Isa | 27 |
| Dalawa | 35 |
| Tatlo | 9 |
| Apat | 6 |
| Lima | 1 |
| Total | 78 |

Kung titingnan naman ang haba ng pagkonsumo ng balita sa Table 18, kitang-kita sa datos na maikling oras lamang ang inilalaan ng karamihan para dito. Pinakamarami ang kumokonsumo ng balita sa loob ng 31 minuto hanggang 59 minuto (34) na sinusundan naman ng mga kumokonsumo ng 30 minuto o mas mababa pa (24). Dahil nga karamihan sa kanila ay isa hanggang dalawang beses lamang kumokonsumo ng balita sa isang araw, maikling oras din ang lumalabas na haba ng pagkonsumo nila nito.

Table 18. *Haba ng Pagkonsumo ng Balita ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=78)

| Haba ng Oras | Bilang |
|---|---|
| Kalahating oras pababa | 24 |
| 31 minuto hanggang 59 minuto | 34 |
| 1 oras hanggang 1 oras at 59 minuto | 16 |
| 2 oras hanggang 2 oras at 59 minuto | 2 |
| 3 oras at higit pa | 2 |
| Total | 78 |

Sa kabuuan, makikitang nakakapagkonsumo pa rin naman ng balita ang mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. ngunit sa napakaikling panahon lamang. Malaking oras ang kanilang inilalaan sa daan at sa trabaho kaya naman maikling oras lang ang kanilang nailalaan sa tahanan na sinasabi rin nilang lugar kung saan kadalasang magkonsumo ng balita. Dahil dito, lubos na nakababahala na sa isang araw, mas mababa pa sa isang oras ang kanilang inilalaan sa pagkonsumo ng balita. Kapansin-pansin rin na patuloy pa rin ang paggamit nila ng telebisyon at pumapangalawa lamang ang paggamit ng internet.

**D. Pagkilos sa Tahanan ng mga Empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc.**

Pagdating sa tahanan, lagpas sa kalahati o 48 empleyado ang nakatira sa isang residential house. Pumapangalawa lamang ang nagrerenta ng bahay at pumapangatlo ang nakatira sa apartment.

Table 19. *Uri ng Tahanan ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=78)

| Uri ng Bahay | Bilang |
|---|---|
| Residential house | 48 |
| Apartment | 11 |
| Condo | 3 |
| Rent | 16 |
| Total | 78 |

Halos lahat sa kanila o 71 empleyado ang nagsabing kasama nila ang kanilang pamilya sa tahanan.

Table 20. *Kasama sa Bahay ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=78)

| Kasama sa Bahay | Bilang |
|---|---|
| Wala | 4 |
| Pamilya | 71 |
| Friends | 1 |
| Iba pa | 2 |
| Total | 78 |

Nang tanungin naman ang kanilang pampalipas-oras kapag nasa tahanan, makikita sa Table 21 na pinakamarami ang nagsabing sila ay nanunuod ng telebisyon (55). Sinusundan naman ito ng mga nagsabing sila ay nagpapahinga (47). Magkalapit naman ang mga gumagamit ng gadgets (35) at social media (30). Mula sa datos na ito, makikita na mas marami pa rin ang gumagamit ng tradisyunal na media partikular na ang telebisyon kapag nasa tahanan. Kitang-kita naman sa mababang bilang ang paghina ng paggamit ng radyo at ang mababang prayoridad sa pagbabasa.

Table 21. *Pampalipas-oras sa Tahanan ng mga Empleyadong Komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.* (n=78)

| Gawain | Frequency |
|---|---|
| Nagpapahinga | 47 |
| Nanunuod ng telebisyon | 55 |
| Nakikinig ng radyo | 5 |
| Nagbabasa | 15 |
| Gumagamit ng gadgets | 35 |
| Gumagamit ng social media | 30 |
| Iba pa | 2 |

Sa pangkalahatan, masasabing malaking bahagdan ng bawat araw ng mga empleyado sa Pacific Sun Solutions Inc. ang inilalaan sa trabaho at pagbiyahe sa daan. At kung titingnan naman ang kanilang mga ginagawa habang nasa biyahe, mas marami ang pinipiling magpahinga o kaya naman ay aliwin ang sarili sa pamamagitan ng paggamit ng cellphone. Kung sa daan ay mas marami ang gumagamit ng cellphone, makikita naman sa datos na mas marami ang nagkokonsumo ng telebisyon sa tahanan. Makikita naman na malaking prayoridad din ang binibigay sa pagpapahinga ng karamihan kapag nasa tahanan at nasa daan.

## E. Paglalagom

Mula sa resulta ng sarbey, naisakatuparan nito ang unang tatlong layunin ng pag-aaral. Muli, ito ay ang mga sumusunod:

1. Tukuyin ang *commuting habits* ng mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc.
2. Tukuyin ang mga paraan kung paano nakakatanggap ng balita ang mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc.

3. Isalarawan kung paano napapaloob ang pagkonsumo ng balita sa lifestyle ng mga piling empleyado sa Pacific Sun Solutions Inc.

Gamit ang *theory of consumption* ni Bourdieu, makikita sa resulta ng sarbey ang diin sa pagpapakita ng pang-araw-araw na pamumuhay o *lifestyle* ng mga empleyado bilang isang komyuter at kung paano napapaloob dito ang pagkonsumo nila ng balita. Karamihan sa mga empleyado ay mga lalaking *millennial* na nabibilang sa *lower middle class* o kumikita ng P 30,000 pababa. Nakapaloob sa kanilang *commuting habits* ang kanilang mga sinasakyan, oras at tagal ng kanilang pagbibiyahe sa umaga at gabi, gayundin ang kanilang mismong ginagawa habang nasa biyahe. Base sa resulta ng sarbey, walang tiyak na sinasakyan ang mga empleyado araw-araw dahil hindi rin naman tiyak ang lagay ng trapiko na kanilang susuungin sa pagbibiyahe. Habang nasa daan, pinaka-pinahahalagahan ng mga empleyadong komyuter ang magpahinga at libangin ang sarili sa pamamagitan ng paggamit ng cellphone dahil na rin sa pagod na kanilang naranasan sa lumipas na araw. Gayunpaman, may lugar pa rin naman ang balita sa tuwing sila ay bumibiyahe dahil na rin sa mga *media platforms* na mayroon ang kanilang mga nasasakyan. Ngunit, dahil iba-iba ang kanilang sinasakyan pauwi, naka-depende rin kung makakasagap ba sila ng balita sa daan sa kung ano ang kanilang nasakyan at kung mayroon bang *media platform* na makapaghahatid ng balita sa mga ito. Kung wala naman, ang pagkakaroon naman ng cellphone ay nakakatulong din upang makasagap ng balita ang mga komyuter mula sa nilalaman ng kanilang mga *social media accounts*.

Ilan lang ang mga pamamaraang ito upang makasagap ng balita ang mga empleyadong komyuter. Bukod dito, maaari din silang makasagap ng balita sa kanilang mga tahanan tuwing umaga bago pumasok ng trabaho at sa gabi pagkauwi ng tahanan. Hindi naman naging opsyon sa karamihan ang magkonsumo ng balita habang nagtatrabaho sa opisina dahil na rin hindi ito ang prayoridad nila kapag nasa trabaho.

Naibahagi rin ng datos ang mga panahon kung kailan nagkokonsumo ng balita ang mga empleyadong komyuter. Para sa karamihan, mas nagkokonsumo sila ng balita sa tahanan. Marahil ay dahil na rin sa haba ng oras na inilalaan nila sa pagbibiyahe at sa opisina, isa hanggang dalawa lamang ang beses o *frequency* ng pagkonsumo ng balita ang karamihan at tumatagal lamang ito ng hindi lalagpas ng isang oras. Dahil sa mga resultang ito, maaaring itanong kung kusa at prayoridad pa ba nilang isinasama ang pagkonsumo ng balita sa kanilang pang-araw-araw na gawain, o nakadepende na lamang ang gawaing ito sa iba't ibang salik na maaaring magdulot sa kanila na magkonsumo ng balita sa isang araw?

Sa pangkalahatan, kitang-kita na malaki ang epekto ng pagbibiyahe bilang parte ng pang-araw-araw na gawain ng mga empleyado sa kanilang pagkonsumo ng balita sa tatlong paraan: (1) nakakaapekto ang kondisyon ng empleyado habang bumibiyahe sa kaniyang interes na magkonsumo ng balita o gumawa ng iba pang gawain, (2) nakakaapekto ang panahon at haba ng biyahe sa mga pagkakataon na maaaring magkonsumo ng balita ang mga empleyado, at (3) nakakaapekto ang mga

sasakyan na masasakyan ng mga empleyado sa tsansa na sila ay makakasagap ng balita

## KABANATA VI: DISKUSYON NG MGA RESULTA NG INTERBYU

Matapos isagawa ang sarbey sa 99 na empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc., pumili ang mananaliksik ng anim na empleyadong komyuter na nakapanayam tungkol sa kanilang proseso ng pagkonsumo ng balita. Ang anim na empleyado ay nahahati sa tatlong pangkat base sa tagal ng kanilang biyahe sa daan: (1) ang mga komyuter na bumibiyahe ng isa hanggang dalawang oras, (2) ang mga empleyado na bumibiyahe ng dalawa hanggang tatlong oras, at (3) ang mga komyuter na bumibiyahe ng tatlong oras at higit pa. Bawat pangkat ay kinabibilangan ng isang lalaki at isang babae. Sa kabanatang ito, ilalahad ang naging daloy ng interbyu sa bawat isa. Sa umpisa, magkakaroon ng indibidwal na pagtalakay sa kanilang pamamaraan ng pagkonsumo ng balita. Ang kanilang kasagutan mula sa sarbey at interbyu ay pinag-ugnay sa bahaging ito. Pagkatapos nito ay sunod na tinalakay ang mga tiyak na uri ng mga balitang kanilang kadalasang kinokonsumo. Kaugnay nito, tinalakay din ang mga epekto nito sa kanilang damdamin, reaksyon, at opinyon sa mga balitang kanilang nabanggit.

Matapos suriin ang lahat ng datos, nakabuo ang mananaliksik ng modelo na makapagpapaliwanag ng daloy ng balita sa mga empleyadong komyuter na nainterbyu. Mahalagang makikita sa modelong ito ang mga salik na nakakaapekto sa kanilang pagkonsumo ng balita gayundin ang mga salik na naaapektuhan sa kanilang pagkonsumo nito. Higit pang palalawakin ang pagpapaliwanag sa dulo ng kabanatang ito.

## A. Resulta ng Interbyu sa Unang Pangkat

Magkasabay na nakapanayam noong ikatlong linggo ng Pebrero sina Christina Fernandez at Norwin Arogante. Si Christina ay 32 taong gulang na, nakatira sa Quezon City at isang Warehouse Supervisor. Sa kabilang banda, si Norwin ay 22 taong gulang, nakatira sa Malabon, at nagtatrabaho bilang Billing Staff.

### *1. Resulta ng Panayam kay Christina Fernandez*

Si Christina ay sumasakay ng bus at jeep sa kaniyang araw-araw na pagbibiyahe. Siya ay umaalis sa pagitan ng alas-6 ng umaga hanggang 6:59 ng umaga papasok ng trabaho. Umaalis naman siya ng opisina ng eksaktong alas-5 ng hapon at nakakarating sa kaniyang tahanan sa pagitan ng alas-7 ng gabi hanggang 7:59 ng gabi.

Habang siya ay bumibiyahe, iba-iba ang kaniyang ginagawa. Siya ay natutulog o kaya nama'y gumagamit ng cellphone. Kapag natyempuhan, siya rin ay nakikinig ng radyo o nanunuod ng telebisyon mula sa kaniyang sinasakyan. Aniya:

> "Depende kung yung bus may TV. Minsan may ibang bus na nanunuod ng news, meron namang bus na nanunuod na puro movies lang o puro music. Pero usually ako, sa newsfeed ko o nagtitingin ako sa Youtube" (Fernandez, 2019).

Ayon sa kaniyang sarbey, ang kadalasan niyang pinagkukuhanan ng balita ay ang telebisyon at mga online news websites. Ngunit, kalahating oras pababa lamang ang iginugugol niya para kumonsumo ng balita. Kadalasan siyang kumokonsumo nito sa umaga bago umalis ng tahanan at habang bumibiyahe papunta ng opisina. Ayon sa

kanya, bihira nalang niyang maabutan ang mga balita sa gabi kaya hindi na opsyon para sa kaniya ang manuod pa ng telebisyon pagkauwi mula sa trabaho.

Kapag siya naman ay nasa bahay, ang kadalasan niyang ginagawa ay magpahinga, manuod ng telebisyon at gumamit ng social media. Pagdating sa paggamit ng social media, nakakasagap siya ng balita depende sa kung anong lumalabas sa kaniyang *Facebook feed*. Nakakaapekto sa nilalaman ng kaniyang *Facebook feed* ang mga ibinabahagi ng kaniyang mga kaibigan sa Facebook pati na rin ang mga Facebook page na kaniyang sinusundan. Ilang halimbawa na kaniyang nabanggit ay TV Patrol at DZMM.

Nang tanungin ang kaniyang personal na pagpapakahulugan ng balita, para kay Christina, ang balita ang pinagmumulan ng kaniyang kaalaman tungkol sa mga pangyayari sa kaniyang paligid. Aniya:

> "For me, ito yung… magbibigay sa atin ng information kung anong nangyayari sa ating bansa at sa mundo… Dito tayo nakakakuha ng kaalaman." (Fernandez, 2019)

Kaugnay nito, nakikita niya ang silbi ng balita bilang tagapaghatid sa kaniya ng impormasyon sa mga panahong kailangan niyang mag-ingat o maghanda kagaya na lamang ng balitang pang-trapiko dahil isa siyang komyuter.

Nakakapukaw naman ng kaniyang interes ang mga balitang pang-ekonomiya dahil nakikita niya ang epekto nito sa kaniya bilang isang empleyado. Ang mga balita tungkol sa pagtaas ng sahod at pagtaas ng presyo ng bilihin ang mga halimbawang kaniyang nabanggit.

Dahil dito, napag-usapan ang balita tungkol sa Tax Reform for Acceleration and Inclusion Law o TRAIN Law. Ito ay naisabatas noong Disyembre 2017 at inimplementa noong Enero 2018. Sa batas na ito, ang mga empleyadong kumikita ng P250,000 pababa sa isang taon ay hindi na bubuwisan pa samantalang ang mga kumikita naman ng higit sa P250,000 ay bubuwisan ng 20-35 % ng kanilang sahod (Dimagiba & Mercado-Tamayo, 2018). Bagamat hindi na bubuwisan pa ang ilan sa ating mga manggagawa, tumaas naman ang buwis sa sigarilyo, langis, asukal at *sweetened beverages,* at sasakyan (Dela Paz, 2018). Ayon sa Department of Finance, ang buwis na malilikom ay mapupunta sa badyet sa edukasyon, kalusugan, at mga pagpapatayo ng mga imprastraktura (Department of Finance, 2018).

Para kay Christina, bagamat hindi na siya binubuwisan, apektado pa rin siya ng TRAIN Law dahil tumaas naman ang presyo ng mga bilihin. Ang pera na hindi na kinakaltas sa kaniyang sweldo ay napupunta naman sa gastos niya sa pang-araw-araw. Dahil dito, wala siyang nakikitang pagbabago na naidulot sa kaniya ng TRAIN Law. Aniya:

> "Parang hindi naman nakatulong yung pagtanggal sa akin ng tax kasi… ganun pa rin naman yung yung nangyari. Yung ipon ko ganun pa rin. Hindi naman nadagdagan dahil nawalan ako ng tax na binabayaran" (Fernandez, 2019).

Dagdag pa niya, ang mga balitang pang-ekonomiya rin ang mga balitang pinaka-naaapektuhan siya. Maaari nitong ipaliwanag kung bakit rin siya interesado sa mga balitang ito. Bukod sa pagtaas ng bilihin, ilan pa sa mga balitang kaniyang nabanggit ay ang mga balita tungkol sa pagtaas ng bayarin sa tubig, kuryente, at maging ang pagtaas ng *inflation rate* ng bansa. Aniya:

> “Nakaka-stress. ‘pag narinig mo yung balitang yun, mapapa-budget ka nang wala sa oras. [Iniisip] mo na agad eh na tataas si ganito, ba-badyetan mo na naman. Wala ka nang matatabi na para sa ikasisiya mo” (Fernandez, 2019).

Bukod sa pang-araw-araw na *stress* na kaniyang nararanasan, dumadagdag pa sa kaniyang *stress* ang ganitong klase ng mga balita. Dahil dito, ito rin ang mga balitang nakapag-bibigay sa kaniya ng lungkot.

Nakapagbibigay naman kay Christina ng galit at takot ang mga balitang krimen partikular na ang mga “patayan dahil sa drugs” (Fernandez, 2019). Ang tinutukoy ni Christina ay ang *war on drugs* na kinakaharap ng bansa natin ngayon. Nagsimula ito nang maluklok sa pwesto si Pangulong Rodrigo Duterte noong 2016 Nangangampanya pa lamang siya sa pagkapangulo, ipinangako na niya na mareresolba niya ang problema sa talamak na paggamit ng droga sa loob ng tatlo hanggang anim na buwan. Ayon nga sa kanya nang mangampanya siya sa Batac City noong Pebrero 2016:

> “If elected president, give me about three to six months, I will get rid of corruption, drugs, and criminality” (Tejada, 2016).

Nang manalo siya bilang pangulo noong 2016, inilunsad niya ang kampanya kontra droga sa pamamagitan ng pagkakaroon ng Oplan Tokhang. Ang Oplan Tokhang ay ang pagbabahay-bahay ng mga pulis sa mga tahanan ng pinaghihinalaang *drug pusher* at *user* upang imbitahan sila na isuko na ang paggamit ng bawal na gamot (Romero, 2018). Gayunpaman, simula nang maimplementa ito, nagkaroon na ng maraming kaso ng pagpatay sa ating bansa. Sa kasalukuyan, ayon sa bilang ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA), 5,050 katao na ang naitalang namatay

simula Hulyo 2016 hanggang Nobyembre 2018 dahil sa proyektong ito (Tomacruz, 2018). Iba naman ang sinasabi ng Human Rights Watch dahil ito raw ay kumitil na ng higit sa 12,000 katao. Karamihan sa mga ito ay nabibilang sa mga mahihirap na sektor ng bansa (Philippines' War on Drugs, n.d.). Ilan naman sa pinaka-umingay na kaso ay ang pagkamatay ni Kian Lloyd Delos Santos, 11 taong gulang mula sa Caloocan City; si Carl Arnaiz, 19 na taong gulang, isang estudyante mula sa Unibersidad ng Pilipinas, at si Reynaldo de Guzman na mas nakilala bilang si "Kulot," 14 na taong gulang, na nawala sa loob ng 20 araw at natagpuan na lamang na patay sa isang morgue sa Nueva Ecija.

Hindi naman sumasang-ayon si Christina sa kampanyang ito ng gobyerno. Para sa kaniya:

> "Parang hindi naman yun yung paraan na patunayan mo na may ginagawa mga kayo regarding sa drugs. Kasi paano kung ako bigla nalang ako nabaril diyan, hindi naman ako sure na sure na gumagamit o nag-aano ng drugs. So para sa akin, hindi yun yung dapat nagiging basis nila" (Fernandez, 2019).

Sa kabilang banda, ang mga balita naman na nakapagbibigay sa kaniya ng tuwa ay ang mga balita tungkol sa mga benepisyo sa mga empleyado kagaya niya. Nabanggit niyang halimbawa ay ang pagpirma ng pangulo sa *Expanded Maternity Leave Law* at *Universal Healthcare Law*. Nang siya ay makapanayam ng mananaliksik, kakabalita palang ng pagpirma sa mga polisiyang ito noong ika-20 ng Pebrero. Nakasaad sa *Expanded Maternity Leave Law* na maaari nang mag-file ng *leave of absence* ang isang ina sa loob ng 105 araw mula sa 60-78 araw dati (Placido, 2019). Sa kabilang banda, ang *Universal Healthcare Law* naman ay nagsasabi na

automatiko nang magiging bahagi ang lahat ng mga Pilipino sa *National Health Insurance Program* may trabaho man o wala.  (Ranada, 2019).

Para kay Christina, nakatutuwa ang ganoong mga balita ngunit, alanganin pa rin siya partikular na sa *Universal Health Care Law*.  Hindi niya nakikitang patas ito sa mga nagtatrabaho tulad niya kumpara sa mga walang trabaho. Aniya:

> "Paano yung mga hindi naman nagtatrabaho. Diba yung mga hindi nagtatrabaho covered na siya, meron na siya. So parang yung mga nagtatrabaho, makakaltasan siya para pang-puno dun sa budget na ibibigay doon sa mga hindi nagtatrabaho. So parang sa tingin ko, opinyon ko, mas marami yung hindi mag-pupush na maghanap ng trabaho kasi na-provide na ng government yung basic need nila. Burden sa mga nagtatrabaho" (Fernandez, 2019).

Bagamat isang magandang balita ang hatid ng balitang ito, nakitaan agad ng butas ni Christina ang pagpapatupad ng batas na ito.

Sa pangkalahatan, naaapektuhan ng kaniyang pagbibiyahe ang kaniyang pagkonsumo ng balita dahil madalas ay nakadepende ang kaniyang pagkonsumo ng balita sa kung anong *media platform* mayroon ang sasakyan na kaniyang masasakyan. Bagamat nakakaapekto ito, madalas naman ay gumagamit siya ng cellphone habang nasa daan kaya naman nahahapyawan niya pa rin ang mga balita sa social media depende sa kung ano ang lumabas sa kaniyang Facebook feed. Bagamat siya ang isa sa pinakamaagang nakakauwi ng bahay mula sa lahat ng mga ininterbyu, hindi na rin siya nakakanuod pa ng telebisyon pag-uwi dahil tapos na ang palabas tungkol sa balita. Dahil dito, sa sasakyan na talaga siya kadalasang kumokonsumo ng balita. Ang balita tungkol sa ekonomiya at krimen ang nabigyang-diin sa kaniyang interbyu dahil

ito ang mga balitang nakakaapekto sa kaniya bilang empleyado at komyuter. Bukod pa rito, iba't ibang emosyon rin ang naapektuhan dito.

*2. Resulta ng Panayam kay Norwin Arogante*

Si Norwin naman ay maaaring sumakay ng jeep, bus, tren, o tricycle papasok sa kaniyang trabaho at pauwi ng kaniyang tahanan. Tulad ni Christina, umaalis din siya sa kaniyang bahay sa pagitan ng alas-6 ng umaga hanggang 6:59 ng umaga. Umaalis naman siya ng opisina sa pagitan ng alas-6 ng gabi hanggang 6:59 ng gabi. Dahil dito, kadalasan ay alas-otso ng gabi o higit pa ang dating niya sa kaniyang tahanan.

Habang nasa biyahe, siya ay natutulog, gumagamit ng cellphone, o kaya nama'y nanunuod ng telebisyon sa kaniyang sinasakyan. Gamit ang kaniyang cellphone, siya ay gumagamit ng social media, nakikinig ng musika o balita, at nanunuod ng mga palabas o balita. Ngunit, mas mahalaga sa kaniya ang makapagpahinga habang nasa biyahe. Aniya:

> "Kapag interesting yung subject, mako-caught yung attention mo na panuorin talaga pero kung ano lang din naman, tulog ka nalang. Instead na manuod ka ng TV, mag-browse, ang ginagawa ko kasi kapag ganun, nagmumusic nalang tapos tulog" (Arogante, 2019).

Ayon sa kaniyang sarbey, ang kadalasan niyang pinagkukuhanan ng balita ay ang telebisyon at online news websites. Hindi naman lalagpas sa isang oras ang inilalaan niya para sa pagkonsumo nito. Mas mahaba ito kung ikukumpara kay Christina ngunit maikli pa rin ang tagal nito kung ikukumpara sa tagal ng isang buong araw. Bukod sa pagkokonsumo ng balita habang nasa biyahe, nagkokonsumo din siya ng balita tuwing umaga bago umalis ng bahay. Sa gabi naman, bihira na niyang

maabutan pa ang mga palabas tungkol sa balita kaya naman wala na siyang pagkakataon pa na makapanuod nito. Katulad ni Christina, bagamat sila ang pares na may pinakamaikling tagal ng biyahe, hindi pa rin niya naaabutan ang mga balita sa telebisyon pagkauwi mula sa trabaho.

Nang tanungin naman ang kaniyang pamamaraan ng pagkonsumo ng balita online, ibinahagi niya na nakadepende rin ang kaniyang nasasagap na balita sa mga Facebook page na kaniyang sinusundan at mga kontent na ibinabahagi ng kaniyang mga kaibigan. Kaugnay nito, nang tanungin tungkol sa *fake news*, ibinahagi niya ang naaalalang karanasan na mabikitma nito. Ito ay ang nang kaniyang mabalitaan mula sa ABS-CBN ang tungkol sa kabute na maaaring ibenta sa halagang P100,000 kapag binenta sa ibang bansa. Aniya:

> "Ikaw, naniwala ka na P100,000 yung sahod. Tas ikaw siyempre, ABS yun so maniniwala ka talaga" (Arogante, 2019).

Bukod pa dito, isang halimbawa na kaniyang binanggit na nagpapakalat ng *fake news* ay ang Facebook page ni Mocha Uson na "Pinoy Ako Blog" ngunit sa kaniyang pagkakaalam, ito ay pina-*shut down* na ng Facebook. Maliban dito, wala na siyang naibahagi pa tungkol sa *fake news.*

Bukod sa Facebook, nakakasagap din siya ng balita ng balita sa Twitter at Viber kung saan maaari siyang mag-subscribe sa ilang mga group chat at kusang lalabas na ang mga balita.

Tulad ni Christina, binibigyang-kahulugan ni Norwin ang balita bilang tagapaghatid sa kaniya ng impormasyon tungkol sa mga pangyayari sa kaniyang paligid. Nabanggit din niya na nagmumula ito sa iba't ibang *media platforms* ngunit

sa kasalukuyan ito ay “mas accessible sa mga social networking sites” (Arogante, 2019). Higit pa sa impormasyon na naibibigay sa kaniya ng balita, nakikita niya ang silbi nito dahil sa *awareness* o kamulatan sa paligid na kaniyang nakukuha mula rito.

Interesado siya sa mga balitang pulitikal partikular na sa mga balita na may kinalaman sa eleksyon. Aniya, mas nagiging interesado siya sa mga balitang ito dahil na rin ito ang kadalasang ibinibalita ngayong papalapit na nang papalapit ang eleksyon. Isang halimbawa na kaniyang nabanggit ay ang mga balita tungkol sa edukasyon ni Imee Marcos na tumatakbo sa pagka-Senador. Ayon kay Marcos, siya daw ay nagtapos sa Princeton University noong 1979 (Navallo, 2019) at nakapagtapos ng Law sa University of the Philippines noong 1983 (Aguinaldo, 2019). Ngunit naglabas na rin na ng opisyal na pahayag ang Princeton University sa kanilang opisyal na pahayag (“Imee Marcos insists,” 2019).

Sa kabilang banda, sinasabi rin ni Marcos na siya ay nagtapos ng Law sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1983 (Aguinaldo, 2019). Muling pinabulaanan ang pahayag na ito dahil wala ring rekord na nagsasabing siya ay gradweyt ng unibersidad. Naglabas na rin ng opisyal na pahayag ang UP tungkol dito. (“Imee Marcos did not graduate,” 2019).

Para kay Norwin, nakatulong ang pagbabalita nito sa kaniyang desisyon sa pagboto dahil mas nakilala niya ang tumatakbo sa pagka-senador. Aniya:

> “Siyempre bilang dapat ‘pag tumatakbo ka, parang transparent ka tapos dapat totoo. Siyempre isa rin naman yun sa mga factors na hindi mo iboboto yung tao diba” (Arogante, 2019).

Bagamat nabanggit ni Norwin na ang mga kaganapan tungkol sa eleksyon ang karaniwang nilalaman ng mga balita ngayon, hindi pa rin siya nakakapanuod ng mga debate ng mga kumakandidato. Nakikita na lamang niya ang mga ito sa social media. Aniya:

> "Actually, mga clips lang din kasi diba, dun mo lang din pahapyaw na makikita pag random kang nag-aano sa feed mo" (Arogante, 2019).

Kung para kay Christina ay nakakaramdam sya ng galit sa tuwing nakakasagap ng balitang krimen, si Norwin naman ay nakakaramdam ng takot tungkol sa mga balitang ito. Aniya:

> "Matatakot ka. Even though na parang kahit ikaw sa sarili mo, kahit wala ka dapat ikatakot kasi alam mong ikaw sa sarili mo na hindi ka naman drug user pero matatakot ka pa rin. The fact na babarilin ka nalang bigla bigla sa daan" (Arogante, 2019).

Kaugnay nito, naalala naman niya ang balitang pagpapatayo ng mga rehabilitation center para sa mga aamin sa batas na gumagamit ng ilegal na droga. Para sa kaniya, ito ang maaaring solusyon sa problema ng bansa sa droga kaysa ang pagpatay. Aniya:

> "Parang may pinagawa [si] Duterte somewhere sa Luzon na parang rehabilitation center which is yung pinakamalaki yata sa bansa. Kung tama yung pagkaka-recall ko. Pero until now, wala nang news regarding dun kung nagagamit ba siya or ano diba. Diba parang mas ok na instead of barilin mo on the spot yung tao, sana ganun yung ginawa nila" (Arogante, 2019).

Maaaring ang tinutukoy na rehabilitation center ni Norwin ay ang *Mega Treatment Rehabilitation Center* sa Nueva Ecija. Ayon sa ulat ng Center for Media Freedom and Responsibility (CMFR), ito ay nagbukas noong Nobyembre 2016 at hindi na naibalita pa simula noon. Ang iilang mga balita tungkol dito ay ang mga

problemang kinakaharap nito tulad ng *accessibility*, kakulangan ng impormasyon tungkol sa badyet para dito, at ang kondisyon ng mga personnel nito ("Mega Rehab Center Woes, 2018).

Kagaya ulit ni Christina, maaaring makapagbigay ng tuwa o lungkot kay Norwin ang mga balita tungkol sa ekonomiya. Isang halimbawa na kaniyang nabanggit ay ang pagtaas ng pamasahe dahil maaapektuhan siya bilang komyuter. Natutuwa rin siya sa balita tungkol sa *Universal Healthcare Law* na kababalita lamang ilang araw matapos isagawa ang interbyu.

Pareho din sila ni Tina na hindi na interesado pa sa mga balitang showbiz o entertainment. Para sa ilang balita na tungkol dito, hindi niya nakikita ang kahalagahan pa na ibalita ang mga ito. Dinagdagan naman ito ni Christina at sinabing ang mga balita tungkol sa alitan ng mga artista ay hindi na mahalaga subalit ang mga balita tungkol sa makapagbibigay ng pride gaya na lamang ng pagkapanalo ng bansa sa Miss Universe ay maaari pang pumukaw ng kanilang interes.

Bagamat ang unang pares ang mayroong pinaka-maikling biyahe sa lahat ng pares na nakapanayam, hindi pa rin nila naaabutan ang balita pagdating ng kanilang tahanan dahil gabi na rin sila nakakauwi. Pagdating sa daan, mas binibigyang prayoridad nila ang magpahinga at pinipili lamang ang mga balitang ikokonsumo habang nasa daan. Kadalasan, ang mga balitang nakakapukaw lamang ng kanilang interes ang kanilang pinapansin. Depende rin naman sa kanilang masasakyan kung sila ay makakasagap ng balita. Gayunpaman, dahil sila ay may mga cellphone, maaari pa rin silang makasagap ng balita mula rito. Ang mga uri ng balita na natalakay ay

tungkol sa ekonomiya, krimen, at pulitka. Mula sa diskusyon, ang mga balitang kanilang kinokonsumo ay nakakatulong sa kanila upang bumuo ng kanilang personal na opinyon sa mga isyu ng bansa.

## B. Resulta ng Interbyu sa Ikalawang Pangkat

Ang ikalawang pares ay bumibiyahe sa pagitan ng dalawa hanggang tatlong oras. Si Cecil Macapagal ay nakapanayam noong ikatlong linggo ng Pebrero. Siya ay 43 taong gulang, nakatira sa Rizal, at nagtatrabaho bilang Billing or Credit and Collection Supervisor. Sa kabilang banda, si Alex Punzalan ay nakapanayam noong unang linggo ng Marso. Siya ay 47 taong gulang, nakatira sa North Caloocan, at nagtatrabaho bilang Credit and Collection Staff.

### *1. Resulta ng Panayam kay Cecil Macapagal*

Si Cecil ay maaaring sumasakay ng jeep, FX, bus, tren, o tricycle sa kaniyang pang-araw-araw na pagbibiyahe. Sa umaga, tumatagal ang kaniyang biyahe sa pagitan ng dalawa hanggang tatlong oras. Kapag naman siya ay pauwi ng bahay, kadalasang tumatagal ito ng tatlong oras o higit pa. Siya ay umaalis ng bahay sa pagitan ng alas-5 ng umaga hanggang 5:59 ng umaga. Mas maaga ito ng isang oras kung ikukumpara sa oras ng alis nina Christina at Norwin. Umaalis naman siya ng opisina ilang minuto matapos ang alas-singko ng hapon. Bagamat maaga siyang umaalis ng opisina, siya ay nakakarating ng kaniyang bahay ng alas-otso ng gabi o higit pa dahil na rin sa kalayuan nito.

Habang siya ay nasa biyahe, siya ay natutulog, gumagamit ng cellphone, at nakikinig sa radyo o nanunuod ng telebisyon depende sa kung ano ang mayroon ang

kaniyang sinasakyan. Gamit naman ang kaniyang cellphone, siya ay maaaring maglaro, makinig ng musika, gumamit ng social media, manuod ng mga palabas, o kaya nama'y kumonsumo ng mga balita.

Sa pangkalahatan, siya ay kadalasang kumokonsumo ng balita gamit ang radyo, telebisyon, at online news websites. Tulad ni Norwin, siya ay naglalaan ng hindi lalagpas sa isang oras pagdating sa pagkonsumo ng balita. Siya ay kadalasang kumokonsumo ng balita sa sasakyan sa pamamagitan ng pag-*browse* ng mga balita sa Facebook at Twitter habang nasa daan. Ibinahagi niya ang kaniyang personal na routine kapag nasa biyahe:

> "Magce-cellphone, social media talaga. Spotify, nanunuod ako ng movie sa Netflix. Ang una ko kasing ginagawa, kasi diba, bawal naman dito [sa opisina] mag-Facebook, magb-browse muna ako tas pag interesado ako sa balita, kini-click ko siya tas basa. Tas after ko mag-browse tsaka ako manunuod" (Macapagal, 2019).

Sinusundan niya ang mga Facebook page ng mga *mainstream* na network gaya ng ABS-CBN at GMA upang makasagap ng balita. Bukod pa rito, nakakasagap din siya ng balita sa kaniyang sinasakyan depende sa kung anong media platform ang mayroon ito. Aniya:

> "Si FX minsan FM kasi pero minsan may mga flash na balita. Pero meron din namang news na DZMM. Yung FX bihira siyang may TV, siguro dalawa palang ang nasakyan ko na may TV. Si jeep naman, mga patok kasi yung mga jeep pa-Montalban so usually music. Sa bus naman, may mga movies pero pag natyempuhan mga 6:30 o 7 nag-[papalabas] naman sila ng balita. Pero kadalasan movies" (Macapagal, 2019).

Pagdating sa bahay sa gabi, nakakanuod pa siya ng telebisyon. Ngunit dahil gabing-gabi na siya nakakarating ng bahay dahil sa haba ng biyahe, teleserye na

lamang ang kaniyang naaabutan. Gayunpaman, nakakapanuod pa rin siya ng mga balita na pinapalabas pagkatapos ng teleserye. Ang halimbawa na kaniyang nabanggit ay ang palabas na "Bandila" sa ABS-CBN. Kaso, pampatulog na lamang niya ito dahil ang mga balitang ibinabalita sa mga oras na ito ay nalaman naman na niya habang siya ay bumibiyahe sa daan sa pamamagitan ng kaniyang nasasagap na balita sa social media o sa media platform na mayroon ang sasakyan.

Isa naman sa interesante niyang nabanggit ay ang pagpapalitan nila ng opinyon sa opisina at sa tahanan base sa nasagap na balita. Aniya:

> "Pagdating sa office, sa umaga napag-uusapan [ang mga latest na balita]. Kasi nakita mo naman open yung lugar namin tas ayun sa [lunch] napag-uusapan. Madalas [tungkol] sa showbiz tsaka yung mga current events… mga issues. Kapag may ginawa si Duterte na nakakainis minsan o nakakatuwang sinabi tapos diba minsan binabawi din niya, yun pinag-uusapan namin" (Macapagal, 2019).

Nang tanungin tungkol sa fake news, siya naman ay may kaalaman naman tungkol dito. Ngunit, nahihirapan pa rin siya na alamin ang mga balitang totoo sa hindi. Aniya:

> "Mahirap mo ding ma-distinguish kung fake news ba siya o hindi… minsan naman nababasa na hindi talaga siya totoo. Pero yung site mismo na [nagpapalaganap ng fake news], di ko kabisado" (Macapagal, 2019).

Dahil sa kaniyang kakulangan sa kaalaman tungkol sa fake news, may tendensiya siyang paniwalaan ang mga balita sa oras na mabasa niya ito. Sabi niya:

> "Hindi ako aware kung fake news ba siya or hindi. Nalalaman ko nalang kapag may nagsasabi 'Ay fake news 'to.' Kasi minsan, nahe-headline naman kapag fake news siya o 'di siya totoo" (Macapagal, 2019).

Para sa kaniya, ang balita ay paraan upang siya ay magkaroon ng kaalaman tungkol sa isang isyu. Sa kaniyang pagkonsumo nito, siya ay nagiging mulat sa mga pangyayari sa kaniyang paligid at nakakaapekto rin sa kaniyang mga pagdedesisyon. Aniya:

> "Yung balita, isa siyang way para makakuha ka ng information sa iba't ibang isyu. Yung balita kasi, magiging aware ka sa mga nangyayari sa paligid, sa iba-ibang issue din at based dun yung mga decisions mo. Posibleng dun nakabase sa balita" (Macapagal, 2019).

Ayon sa kaniya, siya ay interesado sa mga "current events" o kung ano ang mga pangyayaring kasalukuyang nangyayari sa isang araw. Ilan sa mga halimbawang kaniyang nabanggit ay ang pagpirma ni Pangulong Duterte sa *Extended Maternity Leave* at *Universal Healthcare Law* na natalakay kanina. Nabanggit din niya na siya ay may interes sa mga balitang krimen dahil ito ay nakakaapekto sa kaniya araw-araw. Dahil siya ay may anak na, nakakaramdam siya ng takot na maaaring mapahamak ang kaniyang anak lalo na tuwing may nababalita na may mga batang bigla-bigla nalang nawawala dahil na-kidnap.

Kaugnay nito, siya ay tinanong ng mananaliksik tungkol sa kaniyang kaalaman tungkol sa balitang pagpapababa ng *Minimum Age of Criminal Responsibility*. Layunin ng batas na ito na pababain ang gulang ng mga pwedeng makulong sa labindalawang taon (Cepeda, 2019).

Sang-ayon naman siya sa polisiyang ito dahil mas tumitindi na rin ang mga krimen na maaaring gawin ng mga mas nakababata. Aniya:

> "Siguro 12 pwede na kasi yung crime ngayon na nag-iinvolve sa mga bata, mas tumindi rin. So parang 18 years old nga naman, parang yung mga crime na involve yung mga bata na 18 below, sa tingin ko kailangan na rin siyang parusahan o gawan ng sanction" (Macapagal, 2019).

Ilan sa nakikita niyang dahilan kung bakit mas maraming bata ang nakakagawa ng krimen ay dahil na rin sa kanilang mga nakikita sa media. Ngunit, hindi naman siya pumapayag na isama ang mga batang ito sa mga kulungan ng mga nakakatanda. Ayon sa kaniya:

> "Siguro base na rin sa mga napapanuod nila sa social media o sa mga TV diba sa ibang bansa nga, mga estudyante yung gumagawa ng krimen. Pero wag nalang silang ihalo. So parang bigyan nalang sila- yung sinabi na parang may sariling bahay o village- dun sila parang mg boys town. Tapos kapag tamang edad na, kung matindi yung crime na nagawa, pwede na silang ilipat dun. Ewan ko kung posible yun, idea ko lang yun" (Macapagal, 2019).

Nang tanungin naman siya tungkol sa balitang nakapagpapagalit sa kaniya, tinukoy din niya ang mga balita tungkol sa *war on drugs* katulad ng naunang pares. Aniya:

> "Hindi mo akalain na kayang gawin ng isang tao yun, minsan sariling pamilya pinapatay niya dahil sa drugs. So 'pag drugs, parang ano siya, nakakagalit or those involving mga bata na walang kalaban-laban, mga ganun" (Macapagal, 2019).

Bukod sa kaniya, ang kaniyang ama na kasama niya sa kaniyang tahanan ay nagagalit din dahil sa balitang ito lalo na noong mga panahon na ito ang laging ipinapalabas sa telebisyon. Aniya:

> "Yun kasi lagi yung laman ng balita so yung father ko mismo parang ano siya, galit siya kahit ako pagbukas ko ng TV, yun agad yung balita, yun agad yung laman parang ano eh, wala ka nang, di mo na binigyan yung tao ng pagkakataon na magbago tapos parang kahit sino nalang posible na mapagbintangan kasi wala naman siyang kalaban-laban" (Macapagal, 2019).

Bukod sa galit, siya rin ay nakakaramdam ng takot kapag nakakarinig ng balita tungkol pa rin sa krimen. Dahil sa takot, siya ay nagiging mas maingat na sa tuwing siya ay bumibiyahe. Aniya:

> "Kahit papano naman kasi dati 'pag umuuwi ako sa Cubao anong oras na, hatinggabi o ano di ka na matatakot pero ngayon... mas aware ka nalang sa paligid mo, mas observant ka. Na kung halimbawa, yung tingin ka sa paligid kung meron bang sumusunod or ano." (Macapagal, 2019).

Mula sa pahayag na ito, kung kanina ay makikita ang kaniyang pag-aalala bilang nanay dahil sa kaligtasan ng kaniyang anak, makikita naman dito na isa sa maaaring naapektuhan dahil sa kaniyang nasasagap na balita tungkol sa krimen ay ang kaniyang sariling seguridad sa tuwing bumibiyahe. Bilang tugon dito, nagiging mas maingat na siya sa kaniyang paligid. Aniya:

> "Hindi ako sumasakay sa hindi pila. Kasi at least kung pila, kasi samin matagal yung pila. So wala naman siguro masamang tao na magtitiyagang pumila. Para lang sakin, parang mas kilala mo yung mga nakapila, yung barker kilala na rin ng mga tao" (Macapagal, 2019).

Kung nabanggit naman ni Norwin na interesado siya sa mga balita tungkol sa paparating eleksyon dahil ito ang madalas na ipinapalabas sa kasalukuyan, hindi naman ito nakakapukaw ng interes ni Cecil. Aniya:

> "Pare-parehas lang yung mga pinapangako tas hindi naman natutupad. Hindi nga ako nanunuod ng mga debate ngayon pare-parehas lang naman yung mga sinasabi ng mga 'yan. Although dapat mas aware ka din kung ano yung sasabihin. Pero pare-parehas lang naman sila ng sinasabi, mangangako tapos hindi naman natutupad" (Macapagal, 2019).

Naaapektuhan naman siya sa mga balitang sangkot ang relihiyon lalo na ang mga balita tungkol sa mga pasaring ng pangulo sa simbahan. Isang partikular na

halimbawang nabanggit niya ay ang pagbibigay ng pangulo ng death threat sa mga obispo (Bernardo, 2019). Aniya:

> "Yung pag kini-criticize ni Duterte yung simbahan. Parang kabastusan na yun… Diba ang mga Pilipino mainly *Catholics*, diba parang minsan hindi na niya nirerespeto diba. Sabi niya nitong huli, yung mga bishop kapag nakita mo patayin, mga ganun. Yung parang wala na siyang respeto sa Diyos pati, which is dapat hindi kasi presidente siya" (Macapagal, 2019).

Dahil sa kaniyang nababalitaan tungkol sa ganitong pagturing ng pangulo sa simbahan, nagbago na rin ang kaniyang naging pananaw tungkol sa presidente. Aniya:

> "Kaya hindi ko na siya gusto eh. Before vinote ko siya kasi okay naman siya para maiba. Alam mo yun yung prangkang tao alam niya yung plataporma niya talagang specific. Pero nung nandiyan na, pati yung Santo Papa hindi niya nirerespeto" (Macapagal, 2019).

Matatandaan na minura ng pangulo ang Santo Papa ilang buwan matapos maluklok sa pwesto dahil sa idinulot nitong trapiko noong siya ay bumisita noong 2015. Agad naman binawi ng pangulo ang kaniyang pahayag at sinabi na nais niyang pumunta ng personal sa Vatican para humingi ng tawad (Samuelson, 2016).

Naibahagi rin ni Cecil na napag-uusapan sa kanilang tahanan ang mga balitang nasasagap nila. Gayundin sa opisina kung saan ay napag-uusapan nila ang mga maiinit na balita kapag *breaktime*. Dagdag pa niya:

> "Mas maganda din yung pag-usapan para alam mo kung yung opinyon ba ng kasama mo sa bahay iba sa opinyon mo. Makakasagap ka din kung ano yung opinyon niya" (Macapagal, 2019).

Sa pangkalahatan, mahalagang nabanggit ni Cecil na mayroong nagaganap na diskusyon tungkol sa mga nasasagap na balita sa pagitan niya at ng kaniyang mga

kasama sa bahay gayundin ang kaniyang mga katrabaho sa Pacific Sun Solutions Inc. Isa ring magandang puntos na kaniyang nasabi ang pagiging maka-Diyos ng mga Pilipino ay naaapektuhan ng mga balita tungkol sa pang-aatake ng pangulo sa simbahan. Panghuli, makikita mula sa kaniyang mga pahayag na nakaapekto rin sa kaniyang reaksyon sa balita ang magiging epekto ng mga balitang ito tulad ng krimen sa kaniyang anak. Sa kaniyang pag-aksyon sa balita, hindi niya lamang iniisip ang kaniyang sarili ngunit pati na rin ang kaniyang mahal sa buhay.

2. *Resulta ng Panayam kay Alex Punzalan*

Si Alex ay maaaring sumakay ng jeep, FX, bus, o tren kapag siya ay bumibiyahe. Tuwing umaga, umaalis siya sa kaniyang bahay sa pagitan ng 4:01 ng umaga hanggang 4:59 ng umaga. Higit na mas maaga ito kung ikukumpara kay Cecil. Tumatagal ang kaniyang biyahe papunta ng trabaho mula isang oras at isang minuto hanggang dalawang oras. Sa hapon, umaalis na siya ng opisina ilang mintuo matapos pumatak ang alas-singko. Mas matagal naman ang kaniyang biyahe pauwi dahil ito ay umaabot ng 2 oras hanggang 2 oras at 59 na minuto. Dahil dito, nakakauwi siya sa kaniyang tahanan ng alas-otso ng gabi o higit pa.

Habang nasa biyahe, siya ay kadalasang natutulog lamang o kaya nama’y nanunuod ng mga palabas sa telebisyon ng sinasakyan.

> “Minsan sa radio, nakikinig din ng balita yung sinasakyan tapos pinapakinggan ko rin. Minsan,, nanunuod ng TV sa sinasakyan. Pero kung sa cellphone, wala. Sa radyo lang usually. Iidlip nalang ako kung hindi balita” (Punzalan, 2019).

Kung ikukumpara sa mga naunang nakapanayam, hindi naman gumagamit ng cellphone si Alex habang bumibiyahe. Dahil dito, ang tanging paraan lamang upang

makasagap siya ng balita sa daan ay kung may *media platform* na nagpapalabas o nagpaparinig ng balita sa kaniyang sinasakyan. Tulad naman ng iba, pinipili rin niyang magpahinga kapag nasa daan.

Pagdating sa pangkalahatang pagkonsumo ng balita, kadalasan ay mas ginagamit niya pa rin ang tradisyunal na uri ng media o ang radyo at telebisyon upang kumonsumo ng balita. Sa umaga, siya ay nakikinig ng radyo habang naghahanda papasok ng trabaho. Wala naman siyang partikular na istasyon na pinakikinggan ngunit kadalasan, nakikinig muna siya ng RadyoVeritas upang makarinig din ng mga panalangin bago ilipat ito sa ibang istasyon gaya ng DZBB o DZRH upang makinig ng balita. Pag-uwi naman, siya ay nanunuod ng telebisyon. Paminsan-minsan lang siya gumagamit ng social media sa pagkonsumo ng balita. Kadalasan kasi ay tinitingnan lang niya ang mga balita dito dahil para sa kaniya, kalokohan lang ang kadalasang nakikita rito. Mas ginagamit niya ang social media upang makipag-ugnayan sa kaniyang kaibigan at pamilya. Dahil dito, hindi rin siya nakikilahok sa mga *fake news* sa social media. Nalalaman nalang niya na fake news ang mga balitang ito mula sa ibang tao. Aniya:

> "Narinig ko lang sa mga pinag-uusapan. Alam mo naman ang social media eh, kapag nakita na ng isa, makikita na ng isa ngayon ikukwento. Kapag nakita ko na, ah eto pala yung pinag-uusapan nila kaya alam ko na na fake news yun di ko na papanuorin naikwento na eh" (Punzalan, 2019).

Ibinahagi rin niya na mayroon silang groupchat ng kaniyang mga ka-opisina sa Messenger. Minsan, nakikita niya na may mga ka-opisina siya na nagbabahagi doon ng mga balita. Dahil dito, minsan ay nakapagpapalitan din sila ng kanilang mga

opinyon tungkol sa mga balitang naibabahagi. Pagdating naman sa opisina, kadalasan nilang napag-uusapan ang mga balita tungkol sa showbiz at pulitika. Aniya:

> "Sa politics usually nagkakaroon kami ng pagtatalo pagdating sa presidente. Siyempre may mga against na against talaga kay Duterte. Karamihan [yung mga] babae ayaw kay Duterte. Karamihan naman ng lalaki pabor kay Duterte. Kaya may conflict of interest kami. Minsan napag-uusapan, minsan naman deadma nalang kasi sa trabaho yun eh busy rin kami sa trabaho" (Punzalan, 2019).

Sa pangkalahatan, tumatagal lamang ng 30 minuto pababa ang kaniyang nailalaan na panahon pagdating sa pagkonsumo ng balita.

Para sa kaniya, ang balita ay "mga pangyayari sa ating kapaligiran sa araw-araw" (Punzalan, 2019). Malaki ang naitutulong sa kaniya ng mga balita lalo na sa pagbibigay nito ng impormasyon tungkol sa kasalukuyang daloy ng trapiko sa kaniyang dinadaanan.

Tulad ni Cecil, interesado naman siya sa mga "current events" katulad na lamang ng mga balita tungkol sa pulitika dahil sa papalapit na eleksyon. Wala siyang partikular na balita na nabanggit dahil depende naman ang kaniyang interes sa binabalita sa kasalukuyang panahon. Aniya:

> "Depende yun kung ano yung napapakinggan mo sa radio. Halimbawa, may aksidente, tapos alam mong dadaanan mo yung lugar na yun, magiging interesado ka dun diba? O kaya kung sa politics naman, biglang may balita sa politics, sino ba yung nag-aaway ngayon sa pulitika?" (Punzalan, 2019).

Dahil nga nabanggit niya na kasalukuyan siyang interesado sa balita tungkol sa pulitika dahil na rin papalapit na ang eleksyon, tinanong siya ng mananaliksik kung anu-ano ang mga partikular na balitang alam niya tungkol dito. Nabanggit niya na kasalukuyang nagkakaroon ng mga debate ang mga tumatakbo sa pagka-senador.

Ayon sa kaniya, napag-usapan doon ang mga pananaw ng mga tumatakbo tungkol sa mga isyu sa ating ekonomiya, trapiko, at droga. Sabi niya, ang isyu tungkol sa droga daw ang pangunahing isyu sa bansa sa kasalukuyan kaya napag-uusapan talaga ito sa mga debate. Tinanong naman ng mananaliksik ang kaniyang personal na opinyon dito. Aniya:

> "Sa pananaw ko, okay naman yun depende sa taong magkakaroon ng experience nito. Kung ang binabalita, alam mo naman yung tao mabait, tapos biglang nahulihan ng drugs, magtataka ka bakit ganun ang nangyari. Pero kung alam mo namang lulong siya sa droga tas sasabihin niya, nakargahan lang ako, parang hindi ka naman maniniwala na dun diba" (Punzalan, 2019).

Taliwas ito sa opinyon ng unang tatlong nakapanayam dahil sila ay lubos na hindi sumasang-ayon sa kampanya kontra droga. Sinuportahan pa ni Alex ang kaniyang opinyon sa pagsasabi na:

> "Okay lang na paigtingin pa ng pulisya ang panghuhuli ng mga drugs. Huwag lang silang gagawa ng labag din sa batas. Halimbawa, yung patayin mo yung nahulihan mo. Halimbawa, lumaban daw eh kung wala namang baril talaga paano lalaban yun? Pero kung talagang lumaban, eh pabor din ako na ipagtanggol ng mga pulis yung sarili nila. So ok na ok ang Oplan Tokhang kasi mas natutulungan din nilang maging aware yung mga tao sa gabi, dapat wala na sila sa mga kalsada kasi alam nila na may naglilibot na na mga pulis. Sa peace and order maganda 'yan" (Punzalan, 2019).

Bilang epekto ng mga balitang tungkol sa Oplan Tokhang, mas nakaramdam ng pagiging ligtas si Alex tuwing umuuwi siya ng gabi sa kaniyang tahanan. Aniya:

> "Sa akin, okay yun kasi dati 'pag umuuwi ako ng gabi, nakikita ko marami pang mga tambay. Ngayon, pag umuwi ako ng gabi, wala nang ganong tambay sa dinadaanan ko. So mas safe na ako ngayon di katulad dati natatakot ako kasi maraming tambay" (Punzalan, 2019).

Matapos ang diskusyon tungkol sa Oplan Tokhang, nagkaroon naman ng talakayan tungkol sa mga balitang nakapagpaparamdam sa kaniya ng iba't-ibang damdamin. Ayon sa kaniya, ang balitang nakapagpagalit sa kaniya ay ang balita tungkol sa pagbibigay ng death threat sa isang obispo dahil siya ay tutol sa laban kontra droga. (Bernardo, 2019) Nabanggit rin ang balitang ito sa panayam kay Cecil.

> "Ginagawa lang naman ng obispo yung katungkulan din niya na ipaalala sa mga tao. Bagamat ang simbahan ay hindi dapat nakikialam sa government. Pero maaaring magsalita ang simbahan nang naaayon sa kapakanan din naman ng nasasakupan nila. So para sakin [ano], medyo nakasasama ng loob yun. Yung tatakutin mo yung isang tao na kung nagsasalita naman siya ng para sa katotohanan" (Punzalan, 2019).

Gayunpaman, depende pa rin naman sa paksa ng balita tungkol sa simbahan ang kaniyang nagiging reaksyon patungkol dito. Halimbawa na lamang na kaniyang nabanggit ay ang balita tungkol sa kaparian na nanggagahasa kagaya ng pari na nanggahasa ng apat na taong gulang na bata sa Negros Occidental. (Espina, 2019) Aniya:

> "Medyo apektado rin ako dun kasi siyempre, minsan may mga kaibigan tayo na 'oh yung religion niyo ganito, yung mga pari niyo ganito' Lalo na ako nagsisilbi ako sa simbahan. Isa akong lector eh. So siyempre nasasaktan din ako kapag nakakagawa ng hindi maganda yung mga kaparian" (Punzalan, 2019).

Bukod pa rito, apektado rin siya sa mga balita tungkol sa ekonomiya tulad ng naunang mga nakapanayam. Bilang epekto ng mga balitang ito, tinitipid niya ang gagastusin ng kaniyang pamilya lalo na't wala namang pagbabago sa kaniyang kita bagamat hindi na siya kinakaltasan ng buwis.

Para naman sa mga balitang nagbibigay sa kaniya ng takot, nabanggit niya ang balita tungkol sa 'The Big One.' Ito ay ang lindol na may lakas na 7.2 magnitude kapag gumalaw ang West Valley Fault sa hindi tiyak na panahon ("What dangers await," 2015). Dahil sa tindi ng lindol na maaaring yumanig sa Pilipinas sa hindi tiyak na panahon, natatakot siya para sa kapakanan ng kaniyang mahal sa buhay. Aniya:

> "Siyempre di lang ako natatakot para sa sarili ko, natatakot din ako siyemrpe sa mga anak ko, yung mga magulang ko, kamag-anak ko. Kapag dumating yun, sana hindi naman, wala namang mangyaring masama sa pamilya namin" (Punzalan, 2019).

Nang tanungin naman kung kailan niya nabalitaan ang tungkol dito, naobserbahan niya na patuloy naman ang pagbabalita dito dahil hindi naman tiyak kung kailan ito darating. Aniya:

> "Usually yung 'The Big One' na yan eh continuous ang balita nila niyan. Actually, nagkakaroon pa nga ng mga earthquake drill noong mga nakaraang buwan. Ibig sabihin, malapit na talaga siya. Wala lang siyang petsa kung kailan mangyayari kaya dapat handa tayo" (Punzalan, 2019).

Sa kabilang banda, hindi naman siya nakapagbahagi ng tiyak na balita na nakapagpapalungkot sa kaniya. Ayon sa kaniya, bilang konsumer ng balita, dapat ay handang umaksyon ang isang tao sa kaniyang mapapanuod o maririnig.

> "Hindi ako nalulungkot, 'di ako nadidisappoint. Basta ang ginagawa ko kung ano yung napapakinggan ko tas iaapply ko sa sarili ko kung ano yung makakabuti sakin. Pag sinabing trapik… magtatagal pa ba ako na magbabagal pa ba ako na kumilos bago pumasok? Trapik na nga eh. Ibig sabihin, pag sinabi ng balita na trapik sa ganitong lugar, alam mo naman nang dadaanan mo, magmadali ka na" (Punzalan, 2019).

Sa pangkalahatan, nakita sa panayam kay Alex na siya ay gumagamit lamang ng tradisyunal na media sa pagkonsumo ng balita kapag nasa daan. Ibig sabihin,

malaki ang maitutulong mga media platform na nasa sasakyan upang mas mabigyan siya ng pagkakataon na kumonsumo ng balita dahil hindi naman siya gumagamit ng cellphone habang nasa biyahe. Ilan sa mga interesanteng bagay na kaniyang nabanggit ay ang pagkakaroon ng pag-uusap sa opisina tungkol sa mga balitang dumaan. Dito maaaring makita ang ‘mediated public connection’ kung saan makikita na ang mga empleyado ay nagpapalitan ng kanilang mga pananaw mula sa kani-kanilang personal na pinanggagalingan at pagtingin sa isyu. Ngunit, upang mapanatili ang samahan ng grupo, may kontrol din sa kanilang palitan ng iba-iba’t mga opinyon. Bukod pa rito, nakita rin na may epekto ang kaniyang pagkatao katulad ng pagiging ama at pagiging taga-silbi sa simbahan sa kaniyang mga pananaw at reaksyon sa ilang mga isyu.

## C. Resulta ng Interbyu sa Ikatlong Pangkat

Ang ikatlong pares ay bumibiyahe sa loob ng tatlong oras pataas. Si Rose Bagarino ay nakapanayam noong unang linggo ng Marso. Siya ay 27 taong gulang, nakatira sa Bulacan at nagtatrabaho bilang Auditor. Sa kabilang banda, si Rico Celestino ay nakapanayam noong ikalawang linggo ng Marso. Siya 54 na taong gulang, nakatira sa Laguna, at nagtatrabaho bilang Technical Support.

### *1. Resulta ng Panayam kay Rose Bagarino*

Si Rose ay maaaring sumakay ng jeep, FX, bus, tren, tricycle o Grab sa kaniyang pagbibiyahe araw-araw. Tuwing umaga, umaalis siya ng bahay sa pagitan ng 4:01 ng umaga hanggang 4:59 ng umaga. Sa hapon naman, umaalis siya ng opisina

ilang minuto pagpatak ng alas-singko. Dumadating naman siya sa kaniyang bahay sa pagitan ng alas-7 ng gabi hanggang 7:59 ng gabi.

Habang nasa biyahe, siya ay natutulog at gumagamit ng cellphone. Hindi niya prayoridad na kumonsumo ng kung ano mang *media platform* habang nasa sasakyan, depende na lamang kung interesante ang balita. Aniya:

> "Sumasakay ako ng bus. Diba yung mga buses ngayon parang post buses na ngayon oridnary buses nalang yung walang TV eh. Pero makikita mo doon na meron silang mga news siguro dahil rin sa traffic para malibang yung mga pasahero" (Bagarino, 2019).

Sa pangkalahatan, siya daw ay kumokonsumo ng balita gamit ang radyo, telebisyon, at online news websites. Ngunit mas madalas siyang gumamit ng social media kaysa sa tradisyunal na media.

> "More on social media na ang ginagamit ko kasi wala na akong time na manuod ng TV. Hindi rin ako palanuod tsaka mostly talaga ng balita nakukuha ko sa phone" (Bagarino, 2019).

Tulad ng mga naunang nakapanayam, nakadepende rin sa kung ano ang nasa kaniyang Facebook feed and mga balitang kaniyang kinokonsumo sa social halimbawa. Isang halimbawa ng kaniyang mga sinusundan na Facebook page ay CNN US. Tumatagal lamang ng kalahating oras pababa ang kaniyang pagkonsumo ng balita sa isang araw.

Kahit na madalas siyang kumokonsumo ng balita online, aminado siyang hindi pa rin siya maalam sa pagtukoy kung ano ang *fake news* pagdating sa mga balitang kaniyang nasasagap sa social media. Aniya:

> "Hindi ako ganun ka-informed. Minsan nga di ko alam if binabasa ko is fake news or hindi so parang what I do is titignan ko nalang siya sa GMA or ABS-CBN. Hindi ako nagbabasa sa mga sites na hindi ko kilala. Madami kasi eh, parang [halimbawa] Pinoy Ako" (Bagarino, 2019).

Napansin niya na may mga pamamaraan ang mga pekeng news sites na ito sa kanilang paggawa ng fake news. Aniya:

> "Usually may ginagawa silang mga picture tas may mga words ine-emphasize nila yung mga paragraph na yun pero pag tinignan mo yung buong balita, parang wala namang katuturan yung nakalagay dun tas makikita mo nag-aaway na yung mga trolls dun sa comment section" (Bagarino, 2019).

Dahil naman sa mga fake news na ito, naapektuhan ang kaniyang pagkonsumo ng balita lalo kung ito ay tungkol sa pulitika dito sa bansa.

> "Kaya nga di na ako nagbabasa ng about sa politics eh kasi parang nahihilo ka nalang kung ano yung [totoo]. Not necessary hindi ako interesado sa politics itself. More like, dito sa atin, lalo na yung manner of journalism natin, parang napaka-konti ng nagbabalita ng talagang [totoo]. Feeling ko lahat sila...parang envelope journalism nalang" (Bagarino, 2019).

Dahil sa paglaganap ng fake news, mas madali nang maglabas nang maglabas ng mga pekeng balita at ituring na totoo ng mga tao. At dahil ito ay gawa-gawa lamang, may mga motibong nakatago mula rito at maaaring may kalakip na salapi. Ang envelope journalism ay ang pamimigay ng sobre sa mga mamamahayag na may kalakip na salapi. Kapag natanggap ito, ibig sabihin ay kailangan mong maging maingat sa istorya na ilalabas upang hindi masira ang imahe ng nagbigay sa iyo ng sobre. Dahil dito, mas nagkokonsumo talaga si Rose ng mga balitang internasyonal kaysa sa lokal.

Para kay Rose, ang kaniyang personal na pagpapakahulugan sa balita ay:

> Yung mga naririnig ko sa TV about current affairs. Yung naririnig ko sa TV, nababasa ko sa Facebook. Importante siya na mga info na nangyayari sa bansa natin and sa currrent na [nangyayari] sa world. Basically, dun tayo na-uupdate, nag-eearn tayo ng knowledge, nauupdate tayo sa mga kalakaran sa paligid natin" (Bagarino, 2019).

Ayon sa kaniya, malaki ang silbi sa kaniya ng balita bilang isang komyuter sa kasalukuyan dahil sa ginagawang MRT sa kanilang lugar.

> "Ang pinaka-importanteng balita sa akin is yung traffic. Yung dun kasi sa lugar namin, parang may MRT7 construction. So sobrang tipikal ng traffic. Ngayon parang if makakatanggap ako ng news na real time news na uy traffic sa ganitong area, so possible na makagawa ako ng way para hindi ako ma-late sa office" (Bagarino, 2019).

Interesado naman siya sa mga balitang *science-related.* Ayon sa kaniya, nakukuha niya ang mga balitang ito mula sa kaniyang social media feed. Simula high school pa lamang ay naka-*subscribe* na siya sa mga ito dahil mahilig talaga siya sa agham lalo na't nagtapos siya sa isang Science Highschool. Dagdag pa niya:

> "Karamihan ng lumalabas sa feeds ko is yung mga science-related. So 'pag may nakikita akong ganung kinds ng videos, parang news, kasi sa CNN meron silang parang science-related news may segment sila doon so merong mga clippings dun" (Bagarino, 2019).

Bukod sa mga balitang science-related, napag-alaman ng mananaliksik na mas kumokonsumo si Rose ng mga balitang internasyonal.

> "Nagbabasa naman ako ng local news. Pero more like ano, hmm more on mostly kasi ng binabasa ko international. Tapos nagbabasa ako ng local pero kasi as much as possible ina-avoid ko talaga yung politics. Kasi parang nakaka-stress siyang basahin di 'ba" (Bagarino, 2019).

Kung siya ay na-se-stress sa mga balitang pulitikal dito sa Pilipinas, interesado naman siya sa mga balitang pulitikal ng ibang bansa. Apektado rin kasi siya ng issue tungkol sa immigration sa Estados Unidos. Aniya:

> "Nagbabasa ako sa politics ng US kasi napaka-interesting. Kumbaga kung dito, iba kasi sila mag-away dun eh. 'di katulad dito na parang circus. Doon kasi parang may kanya-kanya kasi silang ano. Lalo na sa issue ng immigration. Isa sa mga latest 'to kasi yung family namin nag-migrate dun so susunod kami and then parang nababasa ko dun sa news na parang ang hirap niya, yung mga rules ng immigration. Yung mga separation ng mga bata sa boarders so parang nakaka-catch ng attention ko so yun" (Bagarino, 2019).

Bukod pa rito, dahil sa kaniyang pagkonsumo ng balita mula sa US, nagkakaroon siya ng *relatibility* sa kaniyang mapapangasawa. Mas naiintindihan niya ang kalagayan nito sa ibang bansa. Aniya:

> "Yung fiancee ko, US army kasi siya, so parang pag naririnig ko siya sa mga sinasabi niya versus sa mga napapanuod ko, parang uy napaka-interesting naman. Tsaka parang nakita ko sa kaniya yung impact nung si Trump naging President so parang kailangan nilang sumunod, nawala sila ng free will na mga sundalo kasi parang head nila yun eh, parang head of commander. Kaya nung binomba nila yung Syria, parang nagkaroon siya ng PTSD o (Post-Traumatic Stress Disorder)" (Bagarino, 2019).

Kapag may nangyayari sa Amerika na maaaring ikapahamak ng kaniyang pamilya, kadalasan ay nakakaramdam siya ng takot. Ngunit, bukod pa rito, nakikita niya ito bilang isang paraan upang mas maging pamilyar siya sa kaniyang lilipatang bansa. Aniya:

> "Kapag naririnig ko yung mga mass shooting, yung mga something na hindi very common dito pero sa kanila very common, may fear ako kasi yung mga kapatid ko which are turning 17 and 15, both in middle school to highschool, nandun sila. So pag nakakarinig ako ng mga mass shooting and then pag nakikita ko sa California itetext ko mama ko na ma, ano ba yun, malayo ba yun? Fina-familiarize ko din in a way [yung sarili ko]. Usually pag ganun kinakausap ko yung Mama ko na Ma, ganun ba talaga diyan?" (Bagarino, 2019).

Mula sa mga nabanggit, na pahayag, masasabi na mas nakakaramdam ng *attachment* si Rose mula sa mga balita sa Estados Unidos dahil nandoon ang

kaniyang mga mahal sa buhay at siya ay may plano rin na tumira kasama sila. Nakakatulong na alam niya ang mga nangyayari doon dahil mas nagiging pamilyar siya sa lugar at mas naiintindihan niya ang kalagayan ng kaniyang mga mahal sa buhay.

Dahil siya nga ay mulat tungkol sa mga balita sa Estados Unidos at balita sa Pilipinas, ipinahambing sa kaniya ng mananaliksik ang mga balitang ipinapahayag sa dalawang bansa. Sa kaniyang opinyon, una, nakikita niya ang pagkakaiba sa paraan ng pagpe-presenta ng balita-- mas may struktura ang pagbabalita ng Estados Unidos samantalang tayo ay nadedebelop pa lamang. Ikalawa, nakikita niya na mas pinapahalagahan ng mga tagapag-balita sa ibang bansa ang kanilang dignidad kaysa ng mga tagapag-balita dito sa atin. Panghuli, mas may laman ang mga balita doon dahil alam talaga ng tagapag-balita at naihahayag niya ang mga konteksto at mga detalye tungkol sa isang partikular na paksa.

Sa kabuuan, nakikita na malaki ang pagkakaiba ng pagkonsumo ng balita ni Rose mula sa iba pang nakapanayam. Dahil sa kaniyang plano sa hinaharap na makasama ang kaniyang pamilya sa Estados Unidos, isang paraan ang pagkonsumo ng balita upang unti-unti siyang maging pamilyar sa mga pangyayari sa kaniyang lilipatan. Tulad ni Alex at Cecil, nakakaapekto rin sa pagpili ng balitang ikokonsumo ang nakikitang dulot ng balita sa kaniyang mahal sa buhay. Panghuli, mahalagang nabanggit din ni Rose ang kaniyang mga pananaw tungkol sa pamamahayag sa ating bansa. Mula sa kaniyang mga kasagutan, nakikita na nakakawala rin ng interes na

magkonsumo ng balitang lokal ang sistema ng pamamahayag ng bansa kung saaan mayroong nagaganap envelope journalism.

*2. Resulta ng Panayam kay Rico Celestino*

Si Rico Celestino naman ay sumasakay ng jeep, bus, tren, o tricycle sa kaniyang pang-araw-araw na pagbibiyahe. Sa umaga, tumatagal lamang ng hanggang dalawang oras ang biyahe ni Rico. Siya ay umaalis ng bahay mula alas-5 hangggang 5:59 ng umaga. Sa hapon naman, inaabot ito ng hanggang tatlong oras. Umaalis siya ng opisina ilang minuto pagpatak ng alas-singko ng hapon kaya naman nakakauwi siya sa kaniyang tahanan ng alas-otso ng gabi o higit pa.

Kapag nasa biyahe, siya ay kadalasang natutulog, nakikinig ng musika o kumokonsumo ng balita gamit ang mga *media platforms* na nasa sasakyan. Ngunit, pinipili lamang niya ang balitang pakikinggan depende sa interes niya sa paksa. Sa pagkonsumo ng balita, siya ay kadalasang gumagamit ng radyo at telebisyon katulad ni Alex. Gumagamit lamang siya ng Facebook kapag nasa tahanan. Hindi lumalagpas sa isang oras ang inilalaan niya sa gawaing ito.

Kadalasan siyang kumokonsumo ng balita sa tahanan, bago umalis papunta ng trabaho at sa gabi pagkauwi ng bahay. Nakikinig siya ng radyo sa umaga at nakikinig sa DZRH habang naghahanda sa trabaho. Pagdating niya sa tahanan sa gabi, nanunuod na lamang siya ng palabas na “State of the Nation with Jessica Soho” sa Channel 11 kapag hindi na niya naaabutan ang mga balita sa ABS-CBN at GMA.

Para sa kaniya, binibigyang-kahulugan niya ang balita bilang isang paraan upang maging mulat siya sa mga nangyayari dito sa ating bansa araw-araw. Narito ang ilang halimbawa ng mga paksa na nais niya alamin sa balita:

> "Kung meron tayong progress o meron tayong mga, katulad niyang traffic. Meron bang pagbabago. Mga pangyayari sa araw-araw na nalalaman ko sa balita. Tsaka sa pulitika" (Celestino, 2019).

Nabanggit niya na interesado siya sa mga balitang pulitikal lalo na sa mga pulitiko dahil malapit na ang eleksyon. Ngunit, dahil siya ay maraming ginagawa sa araw-araw na trabaho, maging tuwing Sabado at Linggo ay hindi na rin siya nakakanood. Kaya naman, tumitingin na lamang siya ng balita tungkol sa eleksyon sa Facebook kung may pagkakataon. Nang tanungin ang mga partikular na balita na kaniyang nababasa o napapanuod nitong mga nakaraan, ito ang kaniyang naging sagot:

> "Yung mga [balita tungkol sa] corruption, yung Otso Diretso, yung Liberal Party. Mga nakaraang administrasyon, mga kapalpakan nila. Yun lang saka yung… administrasyong Duterte. Nakikita ko na merong pagbabago" (Celestino, 2019).

Mula sa pahayag na ito, mahihinuha natin na siya ay may positibong pag-suporta sa kasalukuyang administrasyon. Ayon sa kaniya, nakikita niya na mayroong pagbabagong nangyayari mula sa mga proyekto na ginagawa ng pangulo at naniniwala siya na may paninindigan ang pangulo sa kaniyang mga salita. Isang proyekto na kaniyang nabanggit ang tungkol sa droga. Katulad ni Alex, siya ay pabor dito. Aniya:

> "Mas maganda yung ganun. May nangyayari. May resulta sa mga plataporman niya. Tungkol sa drugs. Pabor ako dun kasi at least nababawasan yung mga user, yung mga pusher" (Celestino, 2019).

Bukod pa rito, positibo rin ang naging epekto sa kaniya nito. Dagdag pa niya:

> "Ang naging effect, hindi na masyadong mataas ang crime tsaka yung mga tambay sa kalye, medyo nabawas-bawasan. Hindi na siya nakakatakot lumabas ng gabi." (Celestino, 2019).

Nalulungkot naman siya sa tuwing sinisiraan ang administrasyon tungkol sa *extra-judicial killings*. Ngunit sa tingin niya, "Of course yung mga tiwaling mga politician [yun] ang maaaring gumagawa. Hindi ang administirasyon" (Celestino, 2019). Base sa kaniyang mga pahayag, masasabing malakas ang paninidigan at paniniwala niya sa kasalukuyang administrasyon.

Bukod sa proyektong ito ng kasalukuyang administrasyon, nakakaramdam din siya ng tuwa sa nakaraang balita tungkol sa pagpapalinis ng Manila Bay at pagkabawas sa bilang ng mga minahan.

Dahil nakita naman sa kaniyang naunang pahayag ang kaniyang negatibong pagtingin sa nakaraang administrasyon, ang mga balita tungkol rin sa kanila ang nakapagbibigay sa kaniya ng galit.

> "Yung mga dating administrasyon, yung kapalpakan nila. Kagaya nung sa Yolanda na nawala yung mga donasyon kung saan napunta. Tsaka yung mga project nila hindi natapos katulad nung pinagawa ni PNoy na CR sa PNR. Yun, kapalpakan yun. Yung mga pangako niya na magpapagawa siya ng LRT papuntang Bacoor, Cavite, hindi nangyari. Yung magpapasagasa daw siya sa tren, nakakagalit na hindi yun natuloy. Puro pangako" (Celestino, 2019).

Nalalaman niya ang mga balitang ito sa Facebook mula sa mga kontent na ibinabahagi ng kaniyang mga kaibigan. Kapag nakita niya na tinitira ng isang artikulo ang kasalukuyang administrasyon, binibahagi niya rin ito sa kaniyang account. Nang tanungin naman ang kaniyang kaalaman tungkol sa *fake news*, sinabi niya na alam

naman na niya kung ano ang totoo sa hindi bases sa kaniyang kaalaman sa paksa.

Aniya:

> "Nalalaman ko naman kung fake news eh. Hindi makatotohanan. Kasi halimbawa, may isang tao na sinisiraan. Di naman totoo. Hindi na ako interesado pag ganun" (Celestino, 2019).

Sa kabuuan, naka-pokus ang interes ni Rico sa mga balitang pulitikal dahil na rin sa kaniyang matinding pag-suporta at paniniwala sa kasalukuyang administrasyon. Dahil sa halatang *bias* na ito, naapektuhan rin ang kaniyang reaksyon sa mga partikular na balita gaya na lamang ng mga balitang umaatake sa kasalukuyang administrasyon. Katulad ni Alex, mas nagkokonsumo pa rin si Rico ng balita sa tradisyunal na media. Maaari ding sabihin na dahil sa bias na ito, nalilimitahan ang mga balitang kinokonsumo ni Rico dahil mas may pakialam lamang siya sa mga balitang pulitikal.


**D. Paglalagom**

Mula sa paglalahad ng panayam sa kada indibidwal, naisakatuparan ang mga sumusunod na layunin ng pag-aaral:

1. Alamin kung paano ginagamit ng mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. ang mga balita na kanilang kinokonsumo.
2. Analisahin ang lalim ng pagkonsumo ng balita ng mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc.
3. Alamin ang mga salik na nakakaapekto sa pagkonsumo ng balita bilang mga empleyadong komyuter ng Pacific Sun Solutions Inc.

Gamit ang *Grounded Theory* nina Anselm Strauss at Barney Corbin, nakabuo ng modelo ng daloy ng balita ng mga piling empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. Sa modelong ito, makikita ang mga salik na nakakaapekto sa kanilang pagbabalita gayundin ang mga salik na naaapektuhan ng mga balitang kanilang kinokonsumo na siya ring magpapakita kung paano ginagamit ng mga empleyado ang balita na kanilang kinokonsumo.

Pigura 5. *Modelo ng Daloy ng Balita ng mga Piling Empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc.*



## A. Pagtanggap ng Balita ng Konsumer

Nagmumula ang pagkonsumo ng balita sa pagtanggap ng balita ng konsumer. Base sa mga nakalap na datos sa interbyu, tatlong salik ang nakakaapekto sa kanilang pagtanggap ng balita: (1) sarili at kapaligiran, (2) pamilya, at (3) paniniwala.

### *1. Sarili at Kapaligiran*

Mula sa mga natalakay sa itaas, makikita na malaking salik talaga ang sarili sa pagpili ng balita na ikokonsumo. Una sa lahat, malaki ang epekto ng kanilang interes sa pagdedesisyon kung pipiliin ba nilang ikonsumo ang isang balita o hindi. Kung mababalikan, marami ang nagsabi na kapag sila ay nasa daan, ikokonsumo lamang nila ang balita kung interesado sila dito at kung hindi, mas pipiliin na lamang nila ang magpahinga. Bilang mga empleyado, nakakaapekto rin ang kanilang kondisyon sa araw-araw. Dahil madalas ay pagod sila sa trabaho, mas priyoridad nila ang magpahinga kaysa pagtuunan ng pansin ang mga balita.

Bukod sa interes, tinitingnan rin nila kung mayroon bang maidudulot sa kanila ang isang balita bago nila ikonsumo. Isa sa mga pinakamadalas lumabas na sagot ay ang balitang pang-ekonomiya. Dahil malaki ang epekto sa kanila ng mga balita tulad ng pagtaas ng presyo ng bilihin, pamasahe, at iba pa, interesado silang alamin ang mga ito. Bilang mga empleyado, siyempre malaki ang epekto nito sa kanilang kita kaya naman kailangan ay aware sila sa mga pangyayari sa ekonomiya ng bansa.

Bilang komyuter naman, nakakaapekto rin sa kanilang pagkonsumo ng balita ang transportasyon na kanilang sasakyan sa pagbiyahe. Depende kasi rito ang uri ng media na maaari nilang makonsumo habang nasa daan.

*2. Pamilya*

Naipakita rin sa mga sumagot na malaking salik rin ang pamilya sa pagkonsumo ng partikular na mga balita. Kitang-kita ang kahalagahan ng salik na ito kay Rose sa pagkakaroon niya ng interes sa mga balita sa Estados Unidos dahil doon nakatira ang kaniyang pamilya. Bukod kay Rose, nakita rin sa sagot ni Alex na mahalaga sa kaniyang magkonsumo ng balita na makakaapekto sa kaniyang pamilya kagaya na lamang ng mga balita tungkol sa The Big One dahil natatakot siya sa mga posibleng mangyari sa kaniyang mga kamag-anak. Panghuli, naging interesado naman si Cecil sa pagkonsumo ng balita tungkol sa krimen dahil maaari nitong maapektuhan ang kaniyang pamilya partikular na ang kaniyang anak. Dahil hindi niya naman madalas makasama ang kaniyang anak dahil siya ay nasa trabaho, mahalaga para sa kaniya ang maging maalam sa mga krimen na malapit sa kanilang lugar o kaya naman ay posibleng mangyari sa kaniyang anak.

*3. Paniniwala*

Nagiging mahalaga rin ang paniniwala sa magiging epekto sa kanila nng balita. Dahil sa kanilang mga paniniwala, naaapektuhan kung paano sila mag-reresponde  sa mga ito. Halimbawa, dahil sa matinding paniniwala sa relihiyon, nakita natin kay Cecil na matindi ang epekto sa kaniya ng mga balita tungkol dito dahil nakapagpabago ito ng kaniyang pananaw sa Pangulo. Sa kabilang banda, para naman sa kaso ni Rico, dahil sa kaniyang matinding paniniwala sa kasalukuyang administrasyon, nagkakaroon ng negatibong epekto sa kaniya ang mga balita na kontra dito samantalang positibo naman ang kaniyang nararamdaman sa tuwing

ibinabalita ang mga proyekto ng kasalukuyang administrasyon. Kitang-kita rin sa kaniyang mga sagot na dahil sa kaniyang positibong paniniwala sa administrasyong Duterte, mataas ang kaniyang ipinapakitang interes tungkol dito. Sa kaso naman ni Alex, makikita ang pagkakaroon ng kompromiso sa dalawang paniniwala. Naipakita sa mga datos na siya ay naniniwala sa kaniyang relihiyon at pati na rin sa pamahalaan natin ngayon. Bilang naglilingkod naman sa simbahan, malaki rin ang epekto ng paniniwala sa relihiyon ni Alex ngunit, naniniwala rin siya sa Oplan Tokhang at naniniwala na ang pagpatay ng mga pulis ay isa lamang porma ng *self-defense*. Aniya:

> "Hindi naman okay sa akin [ang pagpatay ng mga kapulisan sa nanlaban], siyempre ang pagpatay labag sa panginoon 'yan. Lalong-lalo na ako nasa simbahan ako. Ang pagpatay, 'di tinuturo ng simbahan labag sa Diyos 'yan. Siguro nagagawa lang nila yun sa pangangailangan" (Punzalan, 2019).

Dito, makikita natin kung paano nakakaapekto ang paniniwala sa paraan ng pagtanggap ng balita, paano ito nakakaapekto sa kanilang mga pananaw, at paano ito makakaapekto sa kanilang pag-tugon sa paraan ng gawi o asal.

Sa kabaligtaran, nakakaapekto rin ang balita upang huwag magkonsumo ng balita. Para kina Rose at Cecil, ayaw na nilang magkonsumo ng balita tungkol sa pulitika dahil sa paulit-ulit na isyu tungkol dito. Ayon kay Cecil:

> "…pare-parehas lang yung mga pinapangako 'tas hindi naman natutupad. Hindi nga ako nanunuod ng mga debate ngayon pare-parehas lang naman yung mga sinasabi ng mga 'yan" (Macapagal, 2019).

Para naman kay Rose,

> "…as much as possible, inaavoid ko talaga yung politics… kasi hindi ko siya gusto so parang ayoko siyang basahin. Kasi parang nakaka-stress siyang basahin 'di ba" (Bagarino, 2019).

Kakabit ng paniniwala ang interes ng mga empleyado na mahalagang salik din na nakakaapekto sa pagkonsumo ng balita. Dahil dito, makikita talaga ang epekto ng paniniwala sa kanilang pagkonsumo ng balita.

**B. Ang mga Tulay sa Pagtanggap ng Balita**

Pagdating naman sa paraan kung paano nakakatanggap ng balita, nandiyan ang paggamit ng media bilang isang platform na nahahati sa dalawang uri: una, ang tradisyunal na uri ng media gaya ng radyo at telebisyon at ikalawa, ang pagkonsumo online. Base sa resulta ng interbyu, mas ginagamit nila ang social media pagdating sa pagkonsumo ng balita online. Mahalaga ang pagkakaroon ng social media dahil sa personal na kontrol na maaaring gawin ng empleyadong komyuter dito. Dahil sa kontrol na ito, maaari niyang piliin kung ano ang nais niyang ikonsumo na balita o alin ang hindi. Bukod sa balita, may iba pang gamit ang social media gaya ng pagiging tulay upang makausap ang pamilya habang nasa biyahe pa ang komyuter. Malaki naman ang naibibigay na pagkakataon ng mga tradisyunal na uri ng media sa mga sasakyan upang makasagap ng balita ang mga empleyado. Tulad ni Alex at Rico na hindi gumagamit ng cellphone habang nasa daan, ang mga *media platforms* na ito lamang ang makapag-hahatid sa kanila ng balita habang nasa biyahe.

Sa kabilang banda, ang media rin ay nagsisilbi bilang isang *content* o nilalaman na kinokonsumo ng mga empleyadong komyuter. Dahil sa kanilang

nararamdamang pagod o *stress* sa pang-araw-araw dulot ng trabaho at pagbibiyahe, nakakatulong ang pagkonsumo ng *media content* na nakapagbibigay-aliw o *entertainment* sa porma ng musika, palabas, at maging pagkonsumo mismo ng social media kaysa sa mga balitang mas lalo lamang makapagbibigay sa kanila ng pagod. Pagdating sa social media, kapansin-pansin na karamihan sa kanila ang gumagamit ng Facebook upang makasagap ng balita. Nakakabahala ito dahil hindi naman tiyak kung saan manggagaling ang masasagap na balita ng mga empleyadong komyuter sa platform na ito.

## C. Interpretasyon ng mga Balita

Matapos masagap ang balita ng mga empleyado, nagkakaroon ito ng epekto sa kanila. Ito ay naipapakita sa kanilang (1) emosyon, (2) gawi, at (3) paniniwala.

### *1. Emosyon*

Makikita sa kanilang mga sagot na maaari silang makaramdam ng higit sa isang emosyon tungkol sa isang uri ng balita depende sa epekto nito sa kanila. Halimbawa na lamang para sa balitang ekonomiya, nakakaramdam sila ng positibong emosyon kung positibo rin ang epekto sa kanila ng balita. Kung negatibo naman ang epekto nito, negatibo rin ang kanilang mararamdaman. Mapapansin rin na hindi lamang nila nararamdam ang mga emosyon na ito para sa sarili. May mga sumagot din na sila ay nakakaramdam ng partikular na emosyon para sa kanilang pamilya. Halimbawa na lamang ang takot na nararanasan para sa mga anak tungkol sa mga balita sa krimen at trahedya.

*2. Gawi*

Napansin rin sa kanilang mga sagot na sila ay may ginagawang aksyon mula sa mga balitang kinokonsumo. Dahil sa kanilang kaalaman ukol sa balitang maaapektuhan sila, tinutugunan nila ito ng aksyon. Halimbawa, bilang mga komyuter, inaalam nila ang mga balita tungkol sa trapiko na makakaapekto sa kanilang pagbiyahe araw-araw, bilang tugon, sila ay mag-*aadjust* sa trapiko sa pamamagitan ng paghahanda ng mas maaga papasok ng trabaho o kaya naman ay ang pag-iiba ng ruta o ng sasakyan papasok ng trabaho. Bukod pa rito, dahil madalas rin lumabas ang mga balitang pang-ekonomiya, hindi lang nito naaapektuhan ang kanilang mga emosyon kundi pati na rin ang kanilang mga gawi. Dahil sa mga balita tungkol dito, naaapektuhan ang kanilang paraan ng paggastos sa pang-araw-araw. Para tugunan ang mga balitang pagtaas ng presyo ng mga bilihin, kadalasan nilang sagot ang pagtitipid at pag-babadyet.

Bukod sa gawi matapos magkonsumo ng balita, maaari din itong makaapekto sa kanilang gawi bago magkonsumo ng balita. Naapektuhan rin ng mga balita depende sa kanilang interes dito ang gawi ng pagkonsumo ng mga ito.

*3. Paniniwala*

Panghuli, makikita rin mula sa kanilang mga sagot na nakakaapekto ang balita sa kanilang mga paniniwala. Halimbawa, dahil sa mga balita tungkol sa Oplan Tokhang, hindi lamang ito nakapagbibigay ng takot (hal. Cecil, Christina, at Norwin) at ng ginhawa (hal. Alex at Rico) dahil nakakatulong din ito sa pagbuo ng kanilang paniniwala sa proyektong ito. Nagpahayag ng ‘di pag-sang-ayon dito ang mga

nakakaramdam ng negatibong emosyon samantalang nagpahayag naman ng pagsuporta ang mga nagsabing nakaramdam ng positibong aksyon tungkol dito. Para naman sa balita tungkol sa eleksyon, makikita sa kaso ni Norwin na natulungan siya ng balita na makilala ang mga kandidato partikular na ni Imee Marcos at nakabuo ng desisyong na huwag itong iboto dahil sa balita tungkol sa kaniyang pagsisinungaling sa kaniyang edukasyon. Para naman sa kaso ni Rico, dahil sa kaniyang matinding interes sa balita tungkol sa pulitika, nare-*reinforce* ang kaniyang paniniwala sa pamahalaan sa tuwing nagkakaroon ng mga balitang naninira tungkol sa kanila. Mas tumatatag naman ang kaniyang paniniwala dahil sa mga positibong ibinabalita tungkol dito.

**D. Lalim ng Kaalaman sa Balita**

Kung aanalisahin ang kanilang mga kaalaman tungkol sa balita, karamihan sa kanila ang nakapagsabi lamang ng kaalaman tungkol sa mga balitang kakatapos lang o ang mga balitang kasalukuyang ibinabalita ngayon sa bansa. Halimbawa ay ang mga balita tungkol sa eleksyon, ekonomiya, at krimen. Bukod pa rito, karamihan sa kanila ay alam ang paksa o isyu na ibinabalita ngunit kakaunti lamang ang mga *facts* na kanilang alam tungkol sa mga ito. Maaaring manipestasyon ito ng ikili ng panahon na kanilang inilalaan para kumonsumo ng balita.

Nagkaroon din ng talakayan tungkol sa kanilang kaalaman ukol sa *fake news* ngunit hindi sila gaanong pamilyar dito. Nalalaman na lamang nila na *fake news* ang isang balita kung mapabalita na *fake news* nga ito. Ibig sabihin, may tendensiya sila

na tanggapin na lamang ang isang balita nang hindi sinusuri kung totoo nga ba ito o hindi.

Sa pangkalahatan, naipakita ang daloy ng balita sa mga nakapanayam na empleyado. Bagamat dumadaloy naman ang pagkonsumo ng balita, hadlang naman sa pagpapalalim ng pagkonsumo nito ang panahon na inilalaan ng mga empleyado para sa gawaing ito at ang kanilang pang-araw-araw na *routine* na nagtatakda ng kanilang lifestyle. Bukod sa trabaho, malaking bahagi rin ng kanilang pang-araw-araw na gawain ang pabibiyahe na kumakain ng malaking bilang ng oras sa kanilang araw. Dahil sa naidudulot na *stress* ng trapik sa kalsada pati na rin ang pagod sa trabaho, nagiging hadlang ang mga ito upang magkaroon pa ng interes ang mga empleyadong komyuter na magkonsumo ng balita. Bukod pa rito, hadlang din sa kanilang pagkonsumo ng balita ang oras kung kailan umeere ang mga balitang programa sa mga tradisyunal na media. Dahil madalas ay nasa kalsada pa sila habang ipinapalabas ang mga ito, hindi na nila ito napapanuod pa nang mabuti. Dahil dito, marami sa mga nakapanayam ang nagsabi na mas nakakasagap pa sila ng balita sa social media kaysa sa mga tradisyunal na media pag-uwi ng kanilang tahanan. Kahit pa may mga kaso na may mga transportasyon na nagpapalabas ng balita sa kanilang mga telebisyon o kaya naman ay nagpapakinig ng radyo kung saan may nagbabalita, hindi pa rin tiyak na makakapagkonsumo ng balita ang mga komyuter dahil malaki talaga ang epekto ng pagod na nakakaapekto sa kanilang interes na magkonsumo ng balita.  Bagamat nakakatulong ang social media upang mas madaling kumonsumo ng balita ang isang komyuter, kwestyunable pa rin ito dahil hindi tiyak ang panggagalingan ng mga balita

at kung makatotohanan nga ang mga ito. Hindi rin matukoy kung binibigyan rin nga ba ng mga empleyadong komyuter ng sapat na oras upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga balita o mas napupukaw ang kanilang atensyon sa mga nilalaman na nagbibigay-aliw o entertainment.

## KABANATA VII. PAGLALAGOM AT KONKLUSYON

Sa pag-aaral kung paano nakakaapekto ang pampublikong pagbibiyahe sa pagkonsumo ng balita ng mga empleyadong commuter ng Pacific Sun Solutions Inc., nagkaroon ng kaalaman gamit ang sarbey tungkol sa kanilang pagkilos bilang empleyadong komyuter at bilang konsumer ng balita. Matapos nito ay napag-alaman ang mananaliksik ang kanilang pang-araw-araw na *routine* na tumutukoy sa kanilang *lifestyle*.

Bukod sa sarbey, nagkaroon ng *qualitative* na pag-aaral ang mananaliksik base sa isinagawang interbyu. Ang interbyu ay nagsilbing diskusyon sa pagitan ng mananaliksik at piling empleyado kung saan napalitaw ang iba pang salik bukod sa kanilang *lifestyle* na nakakaapekto sa kanilang pagkonsumo ng balita. Natukoy din ang mga balita na kadalasang kinokonsumo ng mga piling empleyado at ang mga salik na naaapektuhan matapos ikonsumo ang mga ito.

Sa pagtukoy ng kanilang *lifestyle*, napag-alaman na maliit na panahon lamang ang ibinibigay nila sa pagkonsumo ng balita. Malaking bahagi ng kanilang pang-araw-araw na gawain ay napupunta sa pagtatrabaho at pagbibiyahe. Bukod pa rito, nagkaroon rin ng kaalaman sa kanilang pamamaraan sa pagbibiyahe. Nakapaloob dito ang uri ng mga sasakyan na kanilang sinasakyan araw-araw at ang oras at haba ng kanilang biyahe. Base sa mga datos na ito, nagkaroon ng ideya ang mananaliksik tungkol sa mga posibilidad na maaaring ibigay ng pagbibiyahe sa pagkonsumo ng balita ng komyuter nasa daan gayundin ang mga tinatanggal nitong oportunidad sa komyuter. Halimbawa, sinasabi ng sarbey na karamihan sa kanila ang sumasakay ng

bus. Ayon naman sa ilang mga nakapanayam, kadalasang may telebisyon ang bus at maaaring magpalabas dito ng mga balita habang bumibiyahe. Kung susuriin, nakakaapekto ang pagbibiyahe dahil kumakain ito ng mahabang oras sa isang araw ng isang empleyadong komyuter. Ibig sabihin, natatanggalan ng oportunidad na kumonsumo ng balita dahil sa kakulangan sa oras. Nasasawalang-bahala din ang pagkonsumo ng balita dahil sa iba pang gawain na nakikita nila na mas mahalagang gawin—ang pagbibiyahe at pagtatrabaho. Gayunpaman, maaari pa rin ito magbigay ng posibilidad upang makapag-konsumo ng balita ang mga komyuter dahil sa *feature* na mayroon ang kanilang sinasakyan. Ito ay ang pagkakaroon ng mga tradisyunal na *media platform* tulad ng radyo at telebisyon.

Bukod sa kanilang lifestyle bilang isang empleyadong komyuter, napag-alaman naman sa datos mula sa interbyu ang iba pang salik na nakakaapekto sa kanilang pagkonsumo ng balita. Ito ay ang kanilang mga paniniwala, sarili, at pamilya. Bukod sa kanilang pang-araw-araw na gawain, nakakaapekto rin sa kanilang pagkonsumo ang halaga na maidudulot ng partikular na balita sa kaniyang sarili at pamilya gayundin kung ito ba makakaapekto sa kaniyang mga pinaniniwalaan. Kung ang lahat ng ito ay tumutugma sa paksa o nilalaman ng balita, mapupukaw ang interes ng empleyadong komyuter na ikonsumo ito.

# KABANATA VIII. IMPLIKASYON AT REKOMENDASYON

## A. Mga Isyung Teoretikal

Dahil ito ay panimulang pag-aaral pa lamang tungkol sa epekto ng pampublikong pagbibiyahe sa pagkonsumo ng balita ng mga empleyadong komyuter, maaari pang gumamit ng iba pang teorya sa pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap katulad na lamang ng mga teorya tungkol sa kultura at media consumption. Maaari ding gamitin ang Sikolohiyang Pilipino sa mga susunod na pag-aaral na maaaring nakatuon naman sa mga *values* ng pagka-Pilipino na lumilitaw habang sila ay kumokonsumo ng balita. Dahil pumili ng partikular na grupo ng tao ang mananaliksik, ang resulta ng pag-aaral ay maaari lamang makapag-patunay sa mga empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc. Gayunpaman, may posibilidad naman na magkaroon ng relasyon ang mga resulta sa isa't isa kung ikukumpara ang mga pag-aaral na maisasagawa sa hinaharap.

## B. Mga Implikasyon sa Metodolohiya

Para sa mga susunod pang pag-aaral, maaari ding maging personal ang atake sa paksang ito at magkaroon ng personal na pangongolekta ng karanasan tungkol sa pagbibiyahe at pagkonsumo ng balita. Sa paraang ito, magiging mas detalyado pa ang datos na makakalap dahil sariling karanasan ang kukuning datos. Maaari din na magkaroon ng obserbasyon ang mananaliksik sa kaniyang kapaligiran habang siya ay bumibiyahe.

Para naman sa iba pang grupo ng tao na maaaring maging paksa ng pag-aaral na ito, maaari ding mag-iba ang *approach* sa pangangalap ng datos.  Halimbawa, para

sa mga estudyanteng komyuter, maaaring nakatuon ang pag-aaral sa *fake news* dahil ang mga ito ay nabibilang sa grupo ng Generation Z na kadalasang gumagamit ng social media kung saan laganap ang *fake news*. Maaari din naman na isagawa ang *ethnography* kasama ang iba pang manggagawa upang magkaroon ng danas sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Panghuli, maaaring magkaroon ng paghahambing sa pagitan ng iba't ibang uri ng komyuter mula sa iba't ibang uri o class sa kanilang pagkonsumo ng balita. Mula dito, maaaring makita ang mga pribilehiyo na mayroon ang nasa itaas na uri pagdating sa pagkonsumo ng balita maging ang mga limitasyon na humahadlang sa mababang uri na magkonsumo nito.

## C. Ang Pagpapabuti ng Pagbabalita sa Publiko

Ang pag-aaral na ito tungkol sa epekto ng pampublikong pagbibiyahe sa mga empleyadong manggagawa ay isang pagsusumikap upang malaman ng karamihan ang sitwasyon ng ating mga manggagawa. Mabigat na problema ng ating bansa ang kinakaharap na trapiko sa pang-araw-araw. Napakaraming epekto nito ang maaaring mabanggit sa bawat komyuter ngunit ang epekto nito sa pagkonsumo ng balita ang isa sa mga problema na hindi mulat ang karamihan. Bagamat maliit na bilang lamang ang naging kalahok sa pananaliksik kung ikukumpara sa napakalaking bilang ng mga komyuter, nagbibigay pa rin ito ng kontribusyon sa repleksyon ng kasalukuyang estado ng mga empleyadong komyuter maging ng ating pampublikong transportasyon.

Una sa lahat, mahalaga talaga na magkaroon ng pagbabago sa sistema ng transportasyon sa ating bansa. Tulad ng nabanggit, maraming problema ang

naidudulot ng trapiko sa mga Pilipino. Ngunit, isa lamang ang problemang ito sa iba pang mabibigat na problema na kanilang kinakaharap sa pang-araw-araw. Mula sa datos, karamihan sa kanila ay nagpapahinga habang nasa biyahe. Maaaring ito ang kanilang pagkakataon upang maibsan ang *stress* na kanilang nararanasan gaya ng pakikipagbuno sa iba pang komyuter makasakay lamang ng biyahe pauwi o papunta sa trabaho. Nakahahadlang ito sa pagkonsumo nila ng balita dahil mas pinipili nalang nila ang magpahinga kaysa ang magkonsumo ng balita na maaari pang makapagbigay ng *stress* sa kanila. Kung pagpaplanuhan lang ng gobyerno na maisaayos ang pampublikong transportasyon ng bansa kung saan hindi na kailangang mag-agawan ng pwesto ng mga komyuter dahil sapat ang espasyo para sa lahat, magiging mas bukas sila na magkonsumo ng balita habang nasa daan. Magiging komportable din ang kanilang pagkonsumo ng balita habang bumibiyahe dahil sa maayos na sistema ng transportasyon. Bukod pa dito, maaaring pag-isipan ng gobyerno na lagyan ng mga telebisyon o radyo ang mga sasakyan upang mabigyan ng pagkakataon ang mga komyuter na magkonsumo ng balita habang bumibiyahe. Maaaring gawing *mandatory* ang pagpapalabas ng mga balita sa mga iba'lalo na sa bus sa oras ng balita. Makakatulong ang mga nakalap na impormasyon sa pag-aaral na ito bilang panimula sa pagdaraos pa ng mas malawakang pag-aaral na nakatuon sa kalagayan ng mga komyuter sa bansa at ang kanilang nararanasan

Ikalawa, mula sa nakuhang resulta ng pag-aaral isang posibilidad rin na maaaring gawin ay ang pagbabago ng iskedyul ng balita upang umakma sa oras ng uwi ng mga manggagawa. Bagamat nakikita ng mananaliksik na isa itong mahirap na

gawain dahil ang iskedyul ng mga palabas sa telebisyon ay ang nakasanayan na, maaari pa rin namang mabago ito dahil nagbabago rin naman ang iskedyul ng mga tao. Sa panahon ngayon, marami sa atin ang gising pa hanggang alas-dose ng hatinggabi kaya naman tiyak na marami pa ang makakanuod ng balita kung ito ay iuusog ng isang oras at ipapalabas pagpatak ng alas-otso. Ngunit, siyempre, hindi naman na ito kakailanganin pa kung masosolusyunan ng gobyerno ang sistema ng transportasyon sa ating bansa dahil magiging madali na lamang para sa mga komyuter ang makauwi sa kanilang mga tahanan.

Upang mas lumawak pa ang kaalaman tungkol dito, iminumungkahi ang mas malalim na pag-aaral na maaaring tumukoy sa pagkakaiba-iba ng sitwasyon ng iba't ibang uri ng komyuter. Gamit ang datos na ito, magiging mas komprehensibo pa ang pagpaplano para sa pagpapabuti ng sistema ng transportasyon gayundin ang paraan ng pagkonsumo ng balita ng mga tao. Bukod pa rito, mahalaga rin na bigyan ng pokus ang paraan ng pagkonsumo ng balita ng iba't ibang grupo ng tao sa social media partikular na ang Facebook. Mula sa resulta ng pag-aaral na ito, ang paggamit ng social media tulad ng Facebook ang pinakamadaling paraan upang makasagap ng balita ang isang empleyadong komyuter. Kung gayon, bukod sa pagpapaunlad ng transportasyon sa bansa pagbabago sa iskedyul ng pagbabalita upang umakma sa oras ng uwi ng mga komyuter, makakatulong rin ang pagkakaroon ng stratehiya sa pagbabalita online upang labanan ang *fake news* at maging mas maalam ang publiko sa mga tunay na nangyayari sa ating lipunan.

## IX. SANGGUNIAN


Abuljadail, M., Gabay, I.,  Ha, L., Hu, X., Jiang, W., Wang, F., Yang, C. Yang, L. (2018). *Decline in news content engagement or news medium engagement? A longitudinal analysis of news engagement since the rise of social and mobile media* 2009–2012. DOI: org/10.1177/1464884916667654

ABS-CBN News.(2019). *Imee Marcos did not graduate, no honors, from UP Diliman, says UP exec.* Retrieved from: https://news.abs-cbn.com/news/02/22/19/imee-marcos-did-not-graduate-no-honors-from-up-diliman-says-up-exec

ABS-CBN News. (2019). *Imee Marcos insists she graduated from Princeton.* Retrieved from: https://news.abs-cbn.com/news/02/13/19/imee-marcos-insists- she-graduated-from-princeton

ABS-CBN News. (2019). *Duterte critic Bishop David admits getting death threats.* Retrieved from: https://news.abs-cbn.com/news/02/26/19/duterte-critic-bishop-david-admits-getting-death-threats

Ahlers, D. (2006). *News consumption and the new electric media.* Retrieved from: https://shorensteincenter.org/wp-content/uploads/2012/03/r26_ahlers.pdf

Asian Development Bank (2012).  *Philippines: transport ssector assessment, strategy, and road map.* Retrieved from: https://www.adb.org/sites/default/files/institutional-document/33700/files/philippines-transport-assessment.pdf

Ball-Rokeach, S.J., & De Fleur, M. L. (1988). *A dependency model of mass-media effects.* Communication Research 3(1): 3–21.

Boquet, Yves. (2013*). Battling congestion in Manila: the EDSA problem.* Transport and Communications Bulletin for Asia and the Pacific. No. 82.

Bourdieu, P. (1984). *Distinction: a social critique of the judgement of taste.* New York, London: Routledge.

Broersma, M., Peters, C., & Swart, J. (2016). *Navigating cross-media news use.* Journalism Studies. DOI: 10.1080/1461670X.2015.1129285

Broersma, M., Peters, C., & Swart, J. (2017) *New rituals for public connection. Audiences' everyday experiences of digital journalism, civic engagement and social life.* In: Schwanholz J, Graham T and Stoll PT, eds. (2017) Managing Democracy in the Digital Age: Internet Regulation, Social Media Use, and Online Civic Engagement. Springer: Berlin, pp. 181-200.

Broersma, M., Peters, C., & Swart, J. (2017). *Sharing and discussing news in proate social media groups.* Digital Journalism, 7:2, 187-205. DOI: 10.1080/21670 811.2018.1465351

Bruns, A.(2008). *The future is user-led: the path towards widespread produsage.* Fibreculture Journal(11). Retrieved from: https://eprints.qut.edu.au/12902/1/12902.pdf

Cepeda, M. (2019). *House lowers minimum age of criminal responsibility to 12.* Retrieved from: https://www.rappler.com/nation/222073-house-3rd-reading-lowering-minimum-age-criminal-responsibility

Cham-Olmsted, S., Rim, H., & Zerba, A.(2012). *Mobile news adoption among young adults: examining the roles of perceptions, news consumption, and media usage.* DOI: 10.1177/1077699012468742.

Charmaz, K. (2006). *Constructing grounded theory.* SAGE Publications.

Charmaz, K. (2009). *The power and potential of grounded theory.* A Journal of the BSA MedSoc Group.

Check J., & Schutt R. K. (2012) *Survey research.* In: *Research methods in education*.Thousand Oaks, CA:: Sage Publications; 2012. pp. 159–185

Chin, V. et. al. (2017*). Unlocking cities: the impact of ridesharing across India.* Boston Consulting Group.

Corbin, J. & Strauss, A. (1998). *Basics of qualitative research.* SAGE Publications Inc.

Courtois, C., Damme, K.V., Marez, L.D, & Verbrugge, K. (2015). *What's appening to news? A mixed-method audience-centred study on mobile news consumption.* DOI: 10.1177/2050157914557691

Chua, P., Dypiangco, M., Galvez, R., & Guiao, D. (2018). *Point to paper: an ethnographic study on P2P passengers and their media consumption habits.* An undergraduate research paper. University of the Philippines, Diliman.

Cruz, F., & Tombado, J. (2010). *The influence of using Social Networking Sites at work on Filipino employee's productivity and interpersonal relationships.* An undergraduate thesis. University of the Philippines Diliman.

Dela Paz, C. (2018). *EXPLAINER: How the tax reform law affects Filipino consumers.* Retrieved from: https://www.rappler.com/newsbreak/iq/193170-train-tax-reform-law-effects-filipino-consumers-workers

Department of Finance (2018). *About the tax reform: what is TRAIN? #TaxReformNow*. Retrieved from: http://www.dof.gov.ph /taxreform/index.php/train/

Dimagiba, D. & Mercado-Tamayo, K. (2018). *INSIGHT: Philippines Tax Reform Continues in 2019.* Retrieved from https://www.bna.com/insight-philippines-tax-n73014481879/

Espina, M. (2019). *Police file rape charges vs Negros Occidental priest.* Retrieved from:https://www.rappler.com/nation/224577-police-file-rape-charges-vs-priest-negros-occidental

Fiske, J. (1987), *Television Culture*. Methuen, London.

Frey, B. S., & Stutzer, A. (2004). *Stress that doesn't pay: the commuting paradox.* Retrieved from: http://ftp.iza.org/dp1278.pdf

Giddens, A. (1985). *The constitution of society.* University of California Press.

Global Web Index (2015). *Digital vs traditional media consumption.* England: Jason Mander. Retrieved from: https://www.momrsf.org/uploads/tx_lfrogmom/ documents/40-167_import.pdf

Hider, P., Qayyum, A., Ying-Sang, L., & Williamson, K. (2012). *Young adults and everyday life information: the role of news meduia.* Library and Information Science Research. Retrieved from: https://www.academia.edu/5394242/ Young_adults_and_everyday_life_information_The_role_of_news_media?auto=download

Jansson, A. & Lindell, J. (2015). *News media consumption in the transmedia age.* Journalism Studies. DOI: 10.1080/1461670X.2014.890337

Johansson, S. (2007) *Reading Tabloids: Tabloid Newspapers and their Readers.* Stockholm: Södertörns högskola, 2007.

Kantar Media (2016). *In the age of smart phones and social media, Kantar Media study shows TV remains king in the Philippines.* Retrieved from: https://www.kantarmedia.com/global/ newsroom/press-releases/kantar-media-study-shows-tv-remains-king-in-the-philippines

Karlsson, M. (2012). *Mobile News Consumption in Värmland.* In Värmländska Landskap: Politik, Ekonomi, Samhälle, Kultur, Medier, edited by Lennart Nilsson, Lars Aronsson, and P.-O. Norell, 447–457. Göteborg: SOM-Institute, Karlstad University Press.

Lapuz, K. & Villanueva, L. (2010). *Nocturnal beings: Media Habits and Social Support System of Night Workers.* Undergraduate Thesis. University of the Philippines Diliman.

Lee, S.H. (2015). *News engagement vs news consumption: does online news promote civic engagement?* DOI: 10.1177/1931243115581415

Longhurst, B. & Savage, M. (1996). *Social class, consumption, and the influence of Bourdieu: some critical issues.* Retrieved from: https://doi.org/ 10.1111/j. 1467-954X.1996.tb03445.x

Madianou, M, & Miller, D. (2013). *Polymedia: Towards a New Theory of Digital Media in Interpersonal Communication.* International Journal of Cultural Studies, 16 (2): 169–187. doi:10.1177/1367877912452486.

Marx, K. (1964). *The economic and philosophic manuscripts of 1844.* Edited by Dirk Struik. New York: International Publishers.

Mcleod, J, Tancill, K., Ward, S. (1965). *Alienation and uses of the mass media.* The Public Opinion Quarterly.

Mersery, R., Malthouse, E., & Calder, B. (2010) *Engagement with online media.* Journal of Media Business Studies 7(2): 39–56

Molyneux, L. (2017). *Multiplatform news and its connection to civic engagement.* DOI: https://doi.org/10.1177/1464884917730216 ps://doi.org/10.1177/1464884917730216

Nielsen, R., Schroder, K. (2014). *The relative importance of social media for accessing, finding and engaging with news.* Digital Journalism. Retrieved from: DOI: 10.1080/21670811.2013.872420

Nierras, J. (1979). *Improving Mass Transportation in Metropolitan.*

Peters, C. (2012). *Journalism to go.* Studies, 13:5-6, 695-705, DOI: 10.1080/1461670X.2012.662405

Philippine Association of National Advertisers (2016). *2016 Philippine Media Overview.* Retrieved from: http://www.pana.com.ph/fyeo/materials/PANA-jay-bautista-2016.pdf

Pietilä, V. (1970). *Alienation and use of the mass media.* Retrieved from: https://www.jstor.org/stable/4193782

Philippines' 'War on Drugs'. (n.d.). Retrieved from: https://www.hrw.org/tag/philippines- war-drugs

Placido, D. (2019*). Duterte signs expanded maternity leave law.* Retrieved from: https://news.abs-cbn.com/news/02/21/19/duterte-signs-expanded-maternity law

Ranada, P. (2019). *Duterte signs universal health care law.* Retrieved from: https://www. rappler.com/nation/223942-duterte-signs-universal-health-care-law

Rappler.com. (2015). *What dangers await when the West Valley Fault moves?* Retrieved from https://www.rappler.com/move-ph/issues/disasters/ knowledge-base/93746-maps-west-valley-fault-earthquake-scenarios

Rappler.com (2017). *Metro Manila has 3$^{rd}$ worst traffic in Southeast Asia-study*. Retrieved from: https://www.rappler.com/business/190016-metro-manila-traffic- southeast-asia-study-bcg-uber

Romero, A. (2018). *Duterte promotes Oplan Tokhang brains.* Retrieved from: https://www.philstar.com/nation/2018/11/14/1868349/duterte-promotes-oplan-tokhang-brains

Rosenlund, L. (2015). *Working with distinction: Scandinavian experiences*. In: Coulangeon P and Duval J (eds.) The Routledge Companion to Bourdieu's Distinction. London, New York: Routledge, pp. 157–186.

Samuelson, K. (2016). *Philippine President Rodrigo Duterte's Biggest Controversies.* Retrieved from: http://time.com/4480188/obama-whore-rodrigo-duterte-remarks/

Seeman, M. (1959). *On the meaning of alienation.* American Sociological Review, Vol. 24, No. 6, pp. 783-791

Singleton R., & Straits B. (2009) *Approaches to social research*. New York: Oxford University Press.

Stones, R. (2005). *Structuration theory.* Palgrave Macmillan. New York.

Suva, M.M. & Manalo IV, J. A. (n.d). *The Philippine communication media landscape.* Asian Institute of Journalism and Communication. Retrieved from: https://www.mom-rsf.org/uploads/tx_lfrogmom/documents/1-167_import.pdf

Tejada, A. (2016). *Duterte vows to end criminality in 3 months.* Retrieved from: https://www.philstar.com/headlines/2016/02/20/1555349/duterte-vows-end-criminality-3-months

Tomacruz, S. (2018*). Duterte gov't tally: 'Drug war' deaths breach 5,000-mark before 2019.* Retrieved from: https://www.rappler.com/nation/220013-duterte-government-tally-killed-war-on-drugs-november-2018

Twining, J. E. (1980). *Alienation as a social process*. The Sociological Quarterly 21, pp. 417-428.

Westlund, O. (2015). *News consumption in an age of mobile media: patterns, people, place, and participation*. DOI: 10.1177/2050157914563369


Woodstock, L. (2014). *The news-democracy narrative and the unexpected benefits of limited news consumption: the case of news resisters.* DOI: 10.1177/1464884913504260

Yee, J. (2017*). Metro road congestion to reach standstill levels in 5 years, says study*. Philippine Daily Inquirer.

Yuan, E. (2011). *News consumption across multiple media platforms: A repertoire approach.* Information, Communication & Society, 14(7), 998–1016. doi:10.1080/1369118X.2010.549235

**X. APPENDICES**

Appendix A. Modelo ng Daloy ng Balita ng mga Piling Empleyado ng Pacific Sun Solutions Inc.



Appendix B. Halimbawa ng Sarbey

Magandang araw! Ako po si Anna Patricia Punzalan, estudyante mula sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman at kumukuha ng kursong BA Broadcast Communication. Ako ay kasalukuyang nagsasagawa ng pag-aaral ukol sa pagkonsumo ng balita ng mga manggagawa. Kaugnay nito ako ay humihingi ng inyong maikling panahon upang sagutan ang aking sarbey na makakatulong sa aking pag-aaral.

Makakaasa po kayo na ang makakalap na impormasyon mula sa sarbey na ito ay mananatiling *confidential* at gagamitin lamang para sa pag-aaral na ito. Maraming salamat po!

Lubos na gumagalang,
Anna Patricia Punzalan
0926-343-0213
abpunzalan2@up.edu.ph

---

Panuto: Basahin nang mabuti ang mga tanong. Sagutan ang mga patlang o lagyan ng check [/] ang sagot.

A. Commuting Habits

1. Ikaw ba ay isang commuter? ___ Oo ___ Hindi
   ***Kung hindi, maaari mo nang ibalik ang questionnaire.***
2. Ano ang sinasakyan mo sa pag-ko-commute? (Maaaring pumili ng higit sa isa)
   □ Jeep □ FX □ Bus □ Tren □ Tricycle
   □ Pedicab □ Taxi □ Grab/Uber □ Iba pa ____________
3. Gaano katagal ang iyong biyahe papunta sa trabaho?
   □ Kalahating oras pababa
   □ 31 minuto hanggang 1 oras
   □ 1 oras at 1 minuto hanggang 2 oras
   □ 2 oras at 1 minuto hanggang 3 oras
   □ 3 oras at higit pa
4. Gaano katagal ang iyong biyahe pauwi ng bahay?
   □ Kalahating oras pababa
   □ 31 minuto hanggang 59 na minuto
   □ 1 oras hanggang 1 oras at 59 na minuto

□ 2 oras hanggang 2 oras at 59 na minuto
□ 3 oras at higit pa

5. Anong oras ka umaalis ng bahay upang pumasok sa trabaho?
   □ 4:00 n.u. o mas maaga □ 4:01 n.u. hanggang 4:59 n.u.
   □ 5:00 n.u. hanggang 5:59 n.u. □ 6:00 n.u. hanggang 6:59 n.u.
   □ 7:00 n.u. o mas tanghali pa.
6. Anong oras ka umaalis ng opisina?
   □ 5:00 n.h. □ 5:01 n.h hanggang 5:59 n.h.
   □ 6:00 n.g hanggang 6:59 n.g. □ 7:00 n.g. o higit pa
7. Karaniwan, anong oras ka nakakarating ng bahay?
   □ 6:00 n.g. o mas maaga □ 6:01 n.g. hanggang 6:59 n.g
   □ 7:00 n.g hanggang 7:59 n.g □ 8:00 n.g.o higit pa
8. Ano-ano ang mga kadalasang ginagawa habang nag-ko-commute?
   (Maaaring pumili ng higit sa isa)
   □ Natutulog
   □ Naglalaro sa cellphone
   □ Gumagamit ng social media sa cellphone
   □ Nakikinig ng musika sa cellphone
   □ Nakikinig ng balita sa cellphone
   □ Nakikinig ng musika sa radyo ng sinasakyan
   □ Nakikinig ng balita sa radyo ng sinasakyan
   □ Nanunuod ng mga palabas sa cellphone
   □ Nanunuod ng balita sa cellphone
   □ Nanunuod ng mga palabas sa telebisyon ng sinasakyan
   □ Nanunuod ng balita sa telebisyon ng sinasakyan
   □ Nagbabasa ng balita sa cellphone
   □ Iba pa: ____________________________________________

B. Pagkonsumo ng balita

1. Nagbabasa / nakikinig / nanunuod ka ba ng balita? □ Oo □ Hindi
   ***Kung hindi, pumunta sa Part E. ng questionnaire.***
2. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit upang magkonsumo ng balita?
   (Maaaring pumili ng higit sa isa)
   □ Radyo □ Pahayagan (Tabloid/Spreadsheet)
   □ Telebisyon □ Online news websites
3. Gaano katagal ang iyong iginugugol sa pagkonsumo ng balita sa isang araw?
   □ Kalahating oras pababa

☐ 31 minuto hanggang 59 na minuto
☐ 1 oras hanggang 1 oras at 59 na minuto
☐ 2 oras hanggang 2 oras at 59 na minuto
☐ 3 oras at higit pa

4. Saan ka kadalasang nagkokonsumo ng balita?
☐ Tahanan ☐ Opisina ☐ Sasakyan ☐ Iba pa: _______________

5. Tuwing kailan nakokonsumo ng balita? (Maaring higit sa isa ang sagot)
☐ Sa umaga bago umalis ng bahay
☐ Sa umaga habang nasa biyahe papunta ng opisina
☐ Habang nasa trabaho
☐ Habang nasa biyahe pauwi ng bahay
☐ Sa gabi pagkauwi ng bahay

C. Pagkilos sa Bahay

1. Saan ka umuuwi? ____________________________________
2. Anong klase ang iyong inuuwian?
☐ Residential House ☐ Apartment ☐ Dorm
☐ Condominium Unit ☐ Rented house ☐ Iba pa: ________________
3. Sino-sino ang kasama mo sa bahay?
☐ Wala ☐ Pamilya ☐ Kaibigan ☐ Iba pa: _____________________
4. Ano ang kadalasang ginagawa kapag nasa bahay?
☐ Nagpapahinga ☐ Nanunuod ng telebisyon ☐ Nakikinig ng radyo
☐ Nagbabasa ☐ Gumagamit ng gadgets
☐ Gumagamit ng social media ☐ Iba pa: _________________________

D. Trabaho

1. Ano ang iyong trabaho? ____________________________
2. Gaano katagal ka na sa Pacific Sun Solutions?
☐ 0 – 6 na buwan ☐ Higit sa 6 na buwan hanggang 1 taon
☐ 1 taon hanggang 5 taon ☐ Higit sa 5 taon
3. Magkano ang iyong buwanang sahod/kita?
☐ Php 10, 000 – Php 15,000 ☐ Php 15, 001 – Php 20,000
☐ Php 20,001 – Php 25,000 ☐ Php 25, 001 – Php 30,000
☐ Php 30, 000 pataas

E. Personal na Impormasyon

Pangalan:______________________Edad:_____Contact: ________________________

Civil Status: ☐ Single ☐ Married ☐ Widow ☐ Separated

Gender: ☐ Male ☐ Female ☐ Iba pa: _________________

Relihiyon: ________________________

Educational Attainment: ☐ High School Graduate ☐ College Graduate

☐ Iba pa: ______________

Maaari niyo nang ibalik ang questionnaire. Maraming salamat po!